

Ang Banal na Sede

ANG LIHAM ENSIKLIKO LAUDATO SI NG BANAL NA PAPA FRANCISCO

HINGGIL SA PANGANGALAGA NG ATING TAHANAN

1. "LAUDATO SI", aking Panginoon" - "Purihin ka, aking Panginoon". Sa mga salita ng magandang awit na ito, ipinaalala sa atin ni San Francisco ng Assisi na ang tahanan nating lahat ay tulad ng kapatid na babae kung saan ibinabahagi natin ang ating buhay at ng butihing ina na bukas ang bisig na yakapin tayo. "Purihin ka, aking Panginoon, sa pamamagitan ng ating kapatid, ang Inang Kalikasan, na nagpapanatili at namamahala sa atin, at nagbibigay ng sari-saring prutas na may makukulay na bulaklak at yerba". [1]

2. Ang kapatid na ito'y nananaghoy sa atin dahil sa kapinsalaang ipinataw natin sa kanya dahil sa ating iresponsableng paggamit at pag-abuso sa mga biyayang ipinagkaloob ng Diyos sa kanya. Dumating tayo sa puntong tiningnan natin ang ating sarili bilang kanyang panginoon at amo, na may karapatang saiya'y kusang dambungin. Ang karahasang naririto sa ating mga puso, na isinugat ng pagkakasala, ay sumasalamin din sa sintomas ng sakit na mapapatunayan din sa lupa, sa tubig, sa hangin, at sa lahat ng anyo ng buhay. Ito ang dahilan kung bakit ang mismong daigdig, nabibigatan at naaaksaya, ay isa sa mga pinakapinababayaan at pinagmamalupitan ng ating karukhaan; siya'y "dumaraing sa paghihirap" (Rom 8:22). Nakalimutan nating tayo mismo'y mga alabok ng lupa (sg. Gen 2:7); ang ating mismong katawan ay yari sa kanyang mga elemento, inihihinga natin ang kanyang hangin ang tinatanggap natin ang buhay at paamtid-gutom sa kanyangkatubigan.

Wala sa daigdig na ito ang hindi mahalaga sa atin.

3. Mahigit limampung taon na ang nakararaan, nang nangangamba ang mundong nasa bingit ng krisis-nukleyar, si Papa Santo John XXIII ay nagsulat ng Ensikliko na hindi lang itinakwil ang digmaan kundi nagbigay ng mungkahi para sa kapayapaan. Ipinahayag niya ang kanyang mensaheng Pacem in Terris sa buong "mundo ng Katoliko" at tunay nga "sa lahat ng lalaki at babaeng may mabuting kalooban". Ngayon, nahaharap tayo sa pandaigdigang pagkasira ng kapaligiran. Nais kong magpahayag sa bawat taong naninirahan sa planetang ito. Sa aking Apostolikong Eksortasyon na evangelii Gaudium, isinulat ko para sa lahat ng kasapi ng Simbahan na may layuning humimik ng patuloy na misionaryong pagpapanibago. Sa Ensiklikong ito, nais kong pumasok sa pakikipag-usap sa lahat ng tao hinggil sa tahanan nating lahat.

4. Noong 1971, walong taon makaraan ang Pacem in Terris, tinukoy ng Banal na Papa Paulo VI ang malasakit sa ekolohiya bilang "kalunos-lunos na bunga" di-nasusubaybayan aktibidad ng tao: "Dahil sa masamang-turing na pagsasamantala sa kalikasan, nanganganib na mawasak ito ng sangkatauhan at maging biktima naman ng ganitong marawal na kalagayan". [2] Nagsalita rin siya ng mga katulad na termino sa Food and Agriculture Organization ng United Nations hinggil sa potensyal ng "malaking kapahamakang ekolohikal sa ilalim ng epektibong pagsambulat ng industriyal na sililisasyon", at ipinagdiinang "ang agarang pangangailangan para sa radikal na pagbabago sa pag-uugali ng sangkatauhan", yayamang "ang pinaka-ekstraordinaryong pag-abante ng agham, ang pinaka-kagulat-gulat na teknikal na abilidad, ang pinaka-kagila-gilalas na paglago ng ekonomya, maliban na lamang kung kasama ang awtentikong panlipunan at moral na pagsulong, ay tiyak nababaligtad laban sa tao". [3]

5. Naging mapag-alala hinggil sa sa isyung ito si Santo Juan Paolo II. Sa kanyang unang Ensikliko, nagbabala siya na ang sangkatauhan ay tila бага "walang nakikitang ibang kahulugan sa kanilang likas na kapaligiran kundi yaong nagsisilbi lang sa agarang pangangailangan at paggamit. [4] Pagkatapos,

mananawagan siya para sa isang pandaigdigang ekolohikal na pagbabagong-loob. [5] Kasabay nito, pinuna niyang ang isinagawa'y munting pagsisikap lamang upang "pangalagaan ang kalagayang moral para sa tunay na ekolohiya ng tao". [6] Napakalala na ng pagkawasak ng kapaligiran ng tao, hindi lang dahil ipinagkatiwala ng Diyos ang daigdig sa ating mga lalaki at babae, kundi dahil ang mismong buhay ng tao ay isang regalo na dapat ipagsanggalang sa lahat ng uri ng pagpapawalang-halaga. Ang bawat pagsisikap na protektahan at pagyamanin ang ating daigdig ay nangangailangan ng masidhing pagbabago sa "mga estilo ng pamumuhay, mga modelo ng produksyon at pagkonsumo, at ang establisadong istruktura ng kapangyarihan na sa kasalukuyan ay nakapangyayari sa mga lipunan". [7] Ang totoong pagsulong ng tao ay may katangiang moral. Ipinagpapalagay nito ang lubusang paggalang sa tao, ngunit dapat na alalahanin din nito ang kinapapaligirang mundo at "isaalang-alang ang kalikasan ng bawat nilalang at ang ugnayan ng isa't isa sa isang maayos na sistema". [8] Kaya, ang kakayahan nating mga tao na baguhin ang reyalidad ay dapat tumungo kahanay ng orihinal na handog ng Diyos sa lahat na. [9]

6. Ang hinalinhan ko, si Benedicto XVI ay nagmungkahi ring "alisin ang mga kadahilanang istruktural ng mga mabuway na pagtakbo ng pandaigdigang ekonomya at ang winawastong modelo ng pag-ulad na napatunayang walang-kakayahan sa pagtiyak ng paggalang sa kapaligiran". [10] Napagtanto niyang hindi masusuri ang mundo kapag inihiwalay lamang ang isa sa mga salik nito, yayamang "ang aklat ng kalikasan ay iisa at di mapaghihiwalay", at kasama na rito ang "kapaligiran, buhay, sekswalidad, ang pamilya, panlipunang ugnayan, at iba pa. Sumunod dito'y "ang pagkasira ng kalikasan ay malapit na kaugnay sa kulturang umukit sa sabayang pag-iral ng tao". [11] Hinilingan tayo ni Papa Benedicto na kilalanin na ang likas na kapaligiran ay lubhang nasira ng ating ireresponsableng pag-uugali. Ang Nasira rin ang panlipunang kapaligiran. Sa huli'y kapwa ito dahil sa magkaparehong kasamaan: sa paniwalang walang hindi mapag-aalinlanganan mga katotohanan upang gabayan ang ating buhay, at dahil dito ang kalayaan ng tao'y walang hanggan. Nakalimutan nating ang "tao'y hindi lamang ang kalayaang nilikha niya para sa kanyang sarili. Hindi nilikha ng tao ang kanyang sarili. Siya ay kaluluwa at kalooban, kundi kalikasan din". [12] May pag-aalalang tulad ng ama, hinihikayat tayo ni Benedicto na mapagtantong ang nilikha ay nasisira "kung saan tayo ang may huling pananalita, kung saan ang lahat ay simpleng pag-aari natin at ginagamit natin iyon sa ating sarili lamang. Ang maling paggamit ng mga nilikha ay nagsisimula kapag hindi na natin kinikilala ang anumang mas mataas na kairalan kaysa atin, kung saan ang nakikita lang natin ay ang ating sarili". [13]

Nagkakaisa sa kaparehong inaalala

7. Ang mga pahayag na ito ng mga Papa ay pag-uulit ng mga pagninilay ng maraming mga siyentipiko, pilosopo, teologo, at pangkat sibiko, na lahat sila'y nagpahayaman sa kaisipan ng Simbahan hinggil sa mga ganitong usapin. Sa labas ng Simbahang Katoliko, ang iba pang Simbahan at pamayanang Kristyano - pati na iba pang relihiyon - ay nagpahayag ng matinding pag-aalala at nagbigay ng mahahalang pagninilat sa mga isyung nakikita nating nakababahala. Para magbigay ng isa lang na kapuna-punang halimbawa, tutukuyin ko sa mga pahayag na ginawa ng kaibig-ibig na Ekumenikong Patriyarkang si Bartolome, kung saan magkakasama tayong umaasa sa ganap na komunyong pansimbahan.

8. Partikular na ipinahayag ni Patriyarka Bartolome ng pangangailang ang bawat isa sa atin ay magsisi sa ating mga pamamaraang ikinasira ng ating planeta, kung saan "yayamang lahat tayo'y nag-ambag ng maliliit na kapinsalaan sa ekolohiya", tinatawag tayo upang kilanlin "ang ating mga ambag, maliit man o malaki, sa pagpapapangit at pagkawasak ng sangnilikha. [14] Madamdamin at mapanghikayat siya itong ipinahahayag ng paulit-ulit, hinahamong tayong kilalanin ang ating mga kasalanan sa sangnilikha: Para sa mga tao... ang sirain ang biyolohikal na saribuhay ng nilikha ng Diyos; para sa mga taong pinasasamâ ang integridad ng daigdig sa pamamagitan ng pagdulot ng pagbabago sa klima nito, sa pag-aalis sa daigdig ng mga likas na kagubatan nito o pagwasak sa mga katubigan nito; para sa mga taong nagpadumi sa katubigan ng daigdig, sa lupa nito, sa hangin nito, at sa buhay nito - ito'y mga kasalanan". [15] Kung saan "ang makagawa ng krimen laban sa likas na daigdig ay isang kasalanan laban sa ating sarili at isang kasalanan laban sa Diyos". [16]

9. Kasabay nito, napansin si Bartolome dahil sa etikal at ispirital na ugat ng problema sa kapaligiran, na nangangailangan g maghanap tayo ng solusyon hindi lamang sa teknolohiya kundi sa pagbabago ng sangkatauhan; kung hindi'y nahaharap lamang tayo sa mga sintomas. Hinihilingan tayong palitan ang pagkonsumo ng sakripisyo, ang pagkaganid ng pagiging bukas-palad, ang pag-aaksaya ng diwa ng bahaginan, ang asetisismo o matinding pagpepenitensiya na "nangangailang matutong magbigay, at di simpleng sumuko. iyo ay pamamaraan ng pagmamahal, ang unti-unting paglayo mula sa aking nasa tungo sa kung ano ang pangangailangan ng daigdig ng Diyos. Iyon ay paglaya mula sa takot, pagkaganid at pamimilit". [17] Bilang Kristyano, tinawag din tayo upang "tanggapin ang mundo bilang sakramento ng komunyong, bilang pamamaraan ng pagbabahagi sa Diyos at sa ating mga kapitbahayan sa pandaigdigang antas. Ito ang mapagkumbaba nating paniniwala na ang banal at ang tao ay maghaharap sa isang bahagyang detalye sa hindi tinahing kasuotan ng nilikha ng Diyos, sa huling mantsa ng alikabok sa ating planeta". [18]

Si San Francisco ng Assisi

10. Ayokong sulatin ang Ensiklikong ito nang hindi lumilingon sa kaakit-akit at makabagbag-damdaming taong iyon, na ang pangalan ay ginawa kong gabay at inspirasyon nang ako'y mahalal bilang Obispo ng Roma. Naniniwala ako na si San Francisco ang halimbawa ng tunay na napakahusay (par excellence) sa pagkalinga sa mga mahihina at ng panloob na ekolohiyang lumabas ng masaya at totoo. Siya ang santong padron ng lahat ng nag-aaral at gumagawa sa larangan ng ekolohiya, at siya'y labis ding iniibig maging ng mga di-Kristyano. Natatangi niyang pinagmamalasakitan ang mga nilikha ng Diyos at para sa mga dukha at mga pinabayaan. Iniibig siya, at taimtim siyang iniibig dahil sa kanyang saya, sa kanyang bukas-palad na pag-aalay ng sarili, ang kanyang pagiging bukas-puso. Siya'y isang mistiko at manlalakbay na nabubuhay ng payak at ng may kahanga-hangang pakikipagkaisa sa Diyos, sa kapwa, sa kalikasan at sa kanyang sarili. Ipinakikita niya sa atin ang di-maibubukod na bigkis sa pagitan ng pagmamalasakit sa kalikasan, katarungan sa mga dukha, pangako sa lipunan, at panloob na kapayapaan.

11. Tinutulungan tayo ni Francisco na makitang ang panloob na ekolohiya ay nananawagan ng pagiging bukas sa mga kategoriyang lampas pa sa wika ng matematika at biyolohiya, at dinadala tayo sa puso kung paano ba maging tao. Tulad ng kung paano tayo umibig sa isang tao, na kapag napatingin siya sa araw, sa buwan o sa pinakamaliit mang hayop, ay bigla siyang aawit, inaakit ang iba pang nilalang sa kanyang pagpuri. Nakikipagniig siya sa lahat ng nilalang, maging sa mga bulaklak ay nangangaral, at inaanyayahan ang mga itong "purihin ang Panginoon, na animo'y may sarili silang pag-iisip". [19] Ang kanyang tugon sa daigdig na nasa kanyang paligid ay higit pa sa intelektwal na pagpapahalaga o pang-ekonomiyang kalkulus, dahil para sa kanya ang bawat nilalang ay kanyang kapatid na kaisa niya sa pagmamamahan. Ito ang dahilan kung bakit dama niyang tinawag siya upang pangalagaan ang lahat ng nabubuhay. Ang kanyang alagad na si San Buenaventura ay nagsabi sa atin na, "mula sa pagninilay hinggil sa pangunahing pinagmumulan ng lahat ng bagay, na puno ng mas masaganang kabanalan, tatawagin niya ang mga nilalang, gaano man ito kaliit, sa pangalang "kapatid". Ang paniwalang tulad nito'y di dapat balewalain bilang walang muwang na romantisismo, pagkat nakaaapekto ito sa mga pagpipiliang nagtatakda ng ating pag-uugali. Kung ang pakikitungo natin sa kalikasan at kapaligiran ay wala ng pagiging bukas na ito sa pagpapakundangan at pagkamangha, kung hindi na tayo magsasalita ng wika ng pagkakapatiran at kagandahan ng ating pakikipag-ugnayan sa daigdig, ang ating asal ay tulad ng mga amo, mga tagakonsumsi, mga walang awang mapagsamantala, na di kayang magtakda ng limitasyon sa kanilang mga kagyat na pangangailangan. Sa kabaligtaran, kung dama nating tapat tayong kaisa ng lahat ng nabubuhay, ang kahinahunan at pangangalaga ay kusang lilitaw. Ang karukhaan at katipiran ni San Francisco ay di lamang paimbabaw na asetisismo, kundi isang bagay na mas radikal; isang pagtanggap na ang reyalidad ay maging bagay na magagamit lamang at makokontrol.

12. Higit pa ryan, inaanyayahan tayo ni San Francisco, na matapat sa Banal na Kasulatan, na masdan ang kalikasan bilang isang maringal na aklat kung saan nakikipagtalastasan sa atin ang Diyos at ipagkaloob sa atin ang isang sulyap ng kanyang walang katapusang kagandahan at kabutihan. "Dahil sa

kadakilaan at kagandahan ng mga nilalang ay makikilala nila ang lumikha sa kanila pamamagitan ng paghahambing" (Wis 13:5) kaya, "ang kanyang walang hanggang kapangyarihan at pagka-Diyos ay kinilala sa pamamagitan ng kanyang mga gawa mula pa ng likhain ang daigdig" (Rom 1:20). Sa ganitong kadahilanan, hiniling ni Francisco na ang bahagi ng hardin ng seminaryo ay iwanan laging hindi nagagalaw, upang ang mga ligaw na bulaklak at yerba ay magsitubo roon, at yaong mga nakakita sa kanila ay taasan ang kanilang pag-iisip sa Diyos, ang lumikha ng gayong kagandahan. [21] Imbes na isang suliraning dapat malutas, ang daigdig ay isang masayang misteryo na dapat pagnilayan ng may kagalakan at pagpuri.

Ang aking apila

13. Ang agarang hamon upang protektahan ang tahanan nating lahat kabilang ang pag-aalalang dalhin ang buong pamilya ng tao ng sama-sama upang maghanap ng isang sustainable at mahalagang pag-unlad, dahil alam nating nagbabago ang mga bagay. Di tayo iniwan ng Lumikha; hindi niya pinabayaan ang kanyang sintang balak o magsisi sa pagkakalikha sa atin. May kakayahan ang sangkatauhan na magkakasamang magtrabaho upang buuin ang tahanan nating lahat. Dito'y nais kong kilalanin, hikayatin at magpasalamat sa lahat ng mga nagsisikap sa di mabilang na pamamaraan upang tiyakin ang pangangalaga sa tahanan at pinagsusunuan. Partikular na pagpapahalaga ay utang sa mga taong walang kapagurang maghanap upang malutas ang kalunos-lunos na epekto ng marawal na kalagayan ng kapaligiran sa buhay ng pinakamahihirap sa daigdig. Nananawagan ang mga kabataan ng pagbabago. Namamangha sila kung paanong ang mga tao ay nagbuo ng mas magandang kinabukasan nang hindi iniisip ang krisis sa kapaligiran at ang pagdurusa ng mga binabalewala.

14. Kaya kagyat akong umaapila para sa isang panibagong pag-uusap hinggil sa paano natin uugitin ang kinabukasan ng ating planeta. Kailangan natin ng pag-uusap na kasama lahat, pagkat ang hamon ng kapaligirang ating kinakaharap, pati ang pinagmulang tao, ay nakapag-aalala at nakakaapekto sa ating lahat. Malaking progreso na nagawa ng pandaigdigang kilusang ekolohikal at tumungo sa pagtatatag ng maraming mga samahang nakatuon sa pagpapataas ng kamulatan hinggil sa ganitong mga hamon. Sa kasamaang-palad, napatunayang hindi epektibo ang maraming mga pagsisikap na maghanap ng kongkretong kalutasan sa krisis sa kapaligiran, hindi pa dahil sa makapangyarihang oposisyon kundi dahil sa mas malawak na kawalan ng interes. Ang ugaling mapaghadlang, kahit na sa hanay ng mga mananampalataya, ay sumasaklaw mula sa pagkaila ng mga problema hanggang sa kawalang-malakit, wala sa loob na pagbibitiw, o bulag na pagtitiwala sa mga solusyong teknikal. Kinakailangan natin ng isang bago at unibersal na pagkakaisa. Tulad ng tinuran ng mga obispo ng Katimugang Aprika: "Kinakailangan ang talino at paglahok ng lahat upang lunasan ang pinsalang dulot ng pang-aabuso ng tao sa nilikha ng Diyos". [22] Lahat tayo'y maaaring magtulungan bilang instrumento ng Diyos upang pangalagaan ang sangnilikha, na bawat isa'y batay sa kanyang sariling kultura, karanasan, paglahok at talino.

15. Inaasahan kong ang Liham Ensiklikong ito, na nadagdag na sa salansang ng panlipunang katuruan ng Simbahan, ay makatutulong sa atin upang kilalanin ang apila, malawak, at kakagyatan ng kinakaharap nating hamon. Magsisimula ako sa dagliang pagrepaso ng iba't ibang aspekto ng kasalukuyang krisis ekolohikal, na may layuning makahalaw sa mga resulta ng pinakamahuhusay na pananaliksik sa agham na mayroon na sa kasalukuyan, na hinahayaan silang hipuin tayo ng malalim at magbigay ng kongkretong pundasyon para sa sumusunod na itinanyong etikal at ispirital. Isinasaalang-alang ko ngayon ang ilang mga prinsipyong hinalaw mula sa tradisyong Judaico-Kristyano na maghahatid ng mas maliwanag ng ating pangako sa kapaligiran. Susubukan ko na ring makarating sa ugat ng kasalukuyang kalagayan, upang isaalang-alang di lamang ang mga sintomas nito kundi pati na rin ang mga napakalalim nitong mga dahilan. Makatutulong ito sa paglalaan ng pamamaraan sa ekolohiya nang gumagalang sa ating natatanging pwesto bilang tao sa daigdig na ito at sa ating pakikipag-ugnayan sa ating kapaligiran. Dahil sa pagninilay na ito, isinusulong ko ang ilang mas malawak na panukala para sa pag-uusap at pagkilos kung saan kasangkot ang bawat isa sa atin bilang indibidwal, at makaaapekto rin sa pandaigdigang patakaran. Panghuli, kumbinsido akong imposible ang pagbabago kung walang motibasyon at isang proseso ng edukasyon, magbibigay ako ng ilang

inspiradong patnubay para sa pag-unlad ng tao na matatagpuan sa yaman ng Kristyanong karanasang ispiritwal.

16. Bagamat ang bawat kabanata ay may kani-kanyang paksa at ispesikong dapat pag-usapan, kinukuha din nito at muling sinusuri ang mahahalagang mga katanungang dati na nitong nakaharap. Ito ang partikular na kaso sa ilang mga temang muling lilitaw habang inilalahad ang Ensikliko. Bilang mga halimbawa, aking tutukuyin ang matalik na ugnayan sa pagitan ng mga dukha at ang pagkamarupok ng planeta, ang matibay na paniniwalang magkakaugnay ang lahat ng bagay sa daigdig, ang pagpuna sa mga bagong paradaym at mga anyo ng kapangyarihang kinuha mula sa teknolohiya, ang panawagang maghagilap ng mga bagong pamamaraan ng pag-unawa sa ekonomya at sa progreso, ang tamang pagpapahalaga sa bawat nilalang, ang kahulugang pantao ng ekolohiya, ang pangangailangan para sa tahasan at matapat na debate, ang maselang pananagutan ng pandaigdigang lokal na patakaran, ang kulturang mapag-aksaya at ang panukala para sa bagong estilo ng pamumuhay. Ang mga usaping ito ay hindi nilulutas upang matapos na, kundi muling binabalangkas at pinagyayaman ng paulit-ulit.

UNANG KABANATA

ANO ANG NANGYAYARI SA ATING TAHANAN

17. Ang teolohikal at pilosopikal na pagninilay hinggil sa kalagayan ng sangkatauhan at ng daigdig ay tila alingawngaw na na nakapapagod at mahirap unawain, maliban na lang kung sila'y nakatuntong sa bagong pagsusuri ng ating kasalukuyang sitwasyon, kung saan sa maraming pagkakataon ay hindi pa naisasagawa sa kasaysayan ng sangkatauhan. Kaya, bago natin isaalang-alang kung paanong ang pananampalataya ay nagbibigay ng bagong insentibo at pangangailangan hinggil sa daigdig na bahagi tayo, saglit muna akong tutungo sa kung ano ba ang nangyayari sa ating tahanan.

18. Ang patuloy na paspasang pagbabagong nakaaapekto sa sangkatauhan at ang planeta 'y kakabit ngayon ng mas maigting na hakbang ng buhay at gawain na maaaring tawaging "radipikasyon" o "paspasan". Bagamat ang pagbabago'y bahagi ng pagkakayari ng mga kumplikadong sistema, ang bilis ng kung paano sumulong ang aktibidad ng tao ay salungat sa likas na mabagal na hakbang ng ebolusyong biyolohikal. Bukod dito, ang mga layunin ng mabilis at palagiang pagbabagong ito ay hindi kinakailangang nakatuon sa kagalingan ng lahat o sa buo at sustenableng pagsulong ng tao. Minsan kanais-nais ang pagbabago, ngunit nagiging ugat ito ng pagkabalisa kapag nagdudulot ito ng pinsala sa daigdig at sa kalidad ng buhay ng mayorya ng sangkatauhan.

19. Kasunod ng yugto ng di-makatwirang tiwala sa progreso at kakayahan ng tao, ang ilang saray ng lipunan ay gumagamit na ngayon ng mas kritikal na pamamaraan. Nakikita natin ang lumalawak na pagpapahalaga sa kapaligiran at ang pangangailangang protektahan ang kalikasan, pati na ang lumalawak na pagmamalasakit, na kapwa totoo at nakakabalisa, kung ano nang nagyayari sa ating planeta. Repasuhin natin, gaanuman kadali, ang mga usaping nakababagabag sa atin sa kasalukuyan at hindi na natin maitatago sa ilalim ng basahan. Ang layunin natin ay hindi ang makapagtipon ng impormasyon o matugunan ang pagkamausisa, ngunit sa halip ay taimtim na matalos, na lakasloob na ibaling kung anong nangyayari sa daigdig tungo sa ating sariling pagdurusa, at sa gayon ay matuklasan kung anong magagawa ng bawat isa sa atin hinggil doon.

I. POLUSYON AT PAGBABAGO SA KLIMA

Polusyon, basura at maaksayang kultura

20. May ilang anyo ng polusyon na bahagi ng pang-araw-araw na karanasan ng tao. Ang pagkalantad sa dumim mula sa atmospera ay nagbibigay ng malawak na antas ng panganib sa kalusugan, lalo na sa mga dukha, at nagiging sanhi ng milyun-milyong maagang pagkamatay. Halimbawa, nagkakasakit ang mga tao kapag nakakasinghot ng matinding usok mula sa mga langis na ginagamit sa pagluluto o pagpapainit. Mayroon ding polusyong nakakaapekto sa lahat, na idinudulot ng mga sasakyan, usok sa

mga industriya, mga sangkap na nakapag-aambag sa pag-aasido ng lupa at tubig, abono, pamatay-kulisap, pamatay ng halamang singaw at mga halaman, at lason sa paghahalaman sa pangkalahatan. Ang teknolohiyang nakaugnay sa interes ng kalakalan, ay inihahapag bilang natatanging pamamaraan ng paglutas ng mga problemang ito, sa katunayan ay pinatutunayang walang kakayahang makita ang misteryosong lambat ng ugnayan sa pagitan ng mga bagay at kaya minsan ay nakalulutas ng isang problema upang makalikha muli ng panibagong problema.

21. Dapat ding makuha ang mga tala ng polusyong nilikha ng mga nalikha mula sa latak, kasama na ang mga mapanganib na basurang naroon sa iba't ibang lugar. Bawat taon, nabuo ang daan-daang milyong tonelada ng basura, na halos di-nabubulok, lubhang nakalalason at radyaktibo, mga sa mga tahanan at mga kalakalan, mula sa pook na may konstruksyon at demolisyon, mula sa pinanggagalingang pang-klinika, elektroniko at pang-industriya. Ang daigdig, ang ating tahanan, ay nagsisimula nang magmukhang napakalaking tumpok ng basura. Sa maraming bahagi ng planeta, ang mga hibik noon na ang dating magagandang tanawin ay natakpan na ng basura. Maaaring tumungo sa bayoakumulasyon (o pagkaipon ng mga materyal) sa mga organismo ng populasyon ang mga basurang pang-industriya at mga produktong kemikal na ginamit sa mga lungsod at pook pang-agrikultura, kahit na mababa ang antas ng lason sa mga lugar na iyon. Kadalasan walang hakbang na ginagawa hanggang sa tuluyan nang maapektuhan ang kalusugan ng mamamayan.

22. Ang mga problemang ito'y malapit na nakaugnay ang mga maaksayang kulturang nakaaapekto sa mga pinabayaan ng lipunan tulad ng agarang pagbabago ng mga bagay sa pagiging basura. Upang magbigay ng isang halimbawa, halos ang mga nalilikha nating papel ay itinatapon at hindi na nireresiklo. Mahirap para sa ating tanggapin na kung paano tumatakbo ang likas na ekosistema ay napakahuwaran: lumilikha ng pagkaing pampalusog ang mga halaman na pinapakain sa mga herbibora; ang mga ito nama'y nagiging pagkain ng mga karnibora kung saan nakalilikha ng makahulugang dami ng organikong basura na pinagmulan naman ng panibagong henerasyon ng mga halaman. Ngunit ang ating sistemang industriyal, sa katapusan ng siklo nito ng produksyon at pagkonsumo, ay hindi nakapagpaunlad ng kakayahang makuha at muling magamit ang mga basura at mga sumibol mula rito. Hindi pa natin napangasiwaang magpatibay ng isang modelong sirkular ng produksyon na kayang pangalagaan ang mga likasyaman para sa salinlahi ng kasalukuyan at hinaharap, habang binabawasan hangga't maaari ang paggamit ng mga pinagkukunang hindi nagbabago (non-renewable), katamtaman lamang ang pagkonsumo, pinahuhusay ang tamang paggamit nito, muling ginagamit at muling nireresiklo ang mga ito. Ang maselang pagsasaalang-alang sa usaping ito ay magiging isang paraan upang salungatin ang maaksayang kulturang nakaaapekto sa buong planeta, ngunit masasabing napakalimitadong progreso lamang ang nagawa hinggil dito.

Ang Klima bilang pangkalahatan

23. Ang klima ay pangkalahatan, pag-aari ng lahat at sinadya para sa lahat. Sa pandaigdigang antas, isa iyong kumplikadong sistemang nakaugnay sa maraming mahahalagang kalagayan ng pamumuhay ng tao. Ipinahihiwatig ng isang napakasolidong siyentipikong kaisahan na sa ngayon ay nasasaksihan natin ang nakababahalang pag-iinit ng sistemang klimatiko. Sa mga nakaraang dekada, kasama ng pag-iinit na ito ang palagiang pagtaas ng tubigdagat at, lilitaw na, sa pamamagitan ng pagtaas ng matinding kaganapan ng panahon, maging ang mapagpasyang dahilang pang-agham ay hindi mailalapat sa bawat partikular na palatandaan. Tinawag ang sangkatauhan upang kilalanin ang pangangailangang baguhin ang estilo ng pamumuhay, produksyon at pagkonsumo, upang malabanan ang pag-iinit na ito o kaya'y ang mga dahilang pantao na lumikha o nagpalala nito. Totoo na marami pang ibang salik (tulad ng galaw ng bulkan, ang pagbabagu-bago ng orbita at aksis ng daigdig, ang siklo ng araw), gayunman ipinahihiwatig ng siyentipikong pag-aaral na ang maramihang daigdigang pag-iinit sa mga nakaraang dekada ay dahil sa napakalaking konsentrasyon ng greenhouse gases (carbon dioxide, methane, nitrogen oxides at iba pa) na lumitaw bilang agarang resulta ng aktibidad ng tao. Nakakonsentra sa atmospera, di pinapayagan ng mga gas na ito na maikalat sa kalawakan ang init mula sa sinag ng araw na tumatama sa daigdig. Pinalala pa ang problema ng isang modelo ng pag-unlad na nakabatay sa matinding paggamit ng mga fossil fuel o panggatong mula sa labi ng mga sinaunang organismo, na nasa

puso ng daigdigang sistema sa enerhiya. Ang isa pang tukoy na salik ay ang paglaki ng pagbabagong gamit ng lupa, lalo na ang deporestasyon o pagpatag ng mga kagubatan at pagpuputol ng mga puno para sa layuning pang-agrikultura.

24. May mga epekto ang pag-iinit sa siklo ng karbon. Lumilikha ito ng mapanirang siklo na nagpapalala pa ng kalagayan, na nakaaapekto sa pinagkukunan ng mahahalagang likasyaman tulad ng maiinom na tubig, enerhiya at produksyong agrikultural sa mga maiinit na rehiyon, at tumutungo sa pagkalipol ng bahagi ng saribúhay ng planeta. Ang paglusaw sa mga polar ice cap (o matataas na rehiyong natatakpan ng yelo) at sa matataas na kapatagan ay maaaring tumungo sa mapanganib na pagpapakawala ng methane gas, habang ang pagkabulok ang mga nagyelong organikong materyal ay maaaring magpalaki pa ng pagbubuga ng carbon dioxide. Lalo pang lumubha ang kalagayan sa pagkawala ng mga kagubatang pantropiko na maaari pang makatulong sa pagbabawas sa pagbabago ng klima. Ang polusyon ng carbon dioxide ay magpapalaki sa pagkaasido ng mga karagatan at nalalagay sa kompromiso ang siklo ng pagkaing dagat. Kung magpapatuloy ang kasalukuyang kalakaran, masasaksihan ng siglong ito ang ekstraordinaryong pagbabago ng klima at ang di-pangyayaring pagkawasak ng ekosistema, ng may malubhang kahihinatnan para sa lahat sa atin. Ang pagtaas ng tubig-dagat, halimbawa, ay makalilikha ng napakalubhang kalagayan, kung isasaalang-alang natin ang sangkapat ng populasyon ng daigdig na nananahan sa mga dalampasigan o kalapit nito, at ang mayorya ng ating mga malalaking lungsod na naroroon sa mga baybay-dagat.

25. Ang pagbabago sa klima ay isang pandaigdigang suliraning may malubhang implikasyon: pangkapaligiran, panlipunan, pang-ekonomya, pampulitika at para sa pamamahagi ng mga kalakal. Kinakatawan nito ang isa sa mga pangunahing hamon na kinakaharap ng sangkatauhan sa kasalukuyan. Ang pinakamalubhang epekto nito'y maaaring danasin ng mga papaunlad na bansa sa mgadarating na dekada. Karamihan ng mga dukha'y naninirahan sa mga pook na apektado ng mga palatandaang kaugnay sa pag-iinit, at ang kanilang pamamaraan ng ikinabubuhay ay halos nakasalalay sa likasyaman at serbisyo ng ekosistema tulad ng agrikultura, pangingsda at pangkagubatan. Wala silang ibang pinagkakaitaan o pinagkukunan kung saan makaaangkop sula sa pagbabago ng klima o sa pagharap sa mga natural na kalamidad, at limitado lamang ang kanilang madaling pagkuha ng serbisyong panlipunan at proteksyon. Halimbawa, pagbabago sa klima, kung saan hindi makaangkop ang mga hayop at halaman, ay nagtutulak sa kanilang lumipat ng lugar; dulot nito'y naaapektuhan ang kabuhayan ng mga dukha, na natutulak namang iwan ang kanilang mga tahanan, nang walang katiyakan ang kanilang kinabukasan at ng kanilang mga anak. Lubhang tumataas ang bilang ng mga migranteng tumatakas sa papalalang kahirapang dulot ng pagkawasak ng kapaligiran. Hindi sila kinikilala ng mga pandaigdigang kasunduan bilang refugee o nagsilikas; tintiis nila ang pagkawala ng mga buhay na kanilang iniwanan, nang hindi napapalang anumang proteksyong ligal. Ang nakalulungkot, laganap ang pagwawalang-bahala sa mga pagdurusang ito, kung saan maging sa ngayon ay nagaganap sa maraming panig ng daigdig. Ang kakulangan natin sa pagtugon sa mga trahedyang ito kasama ang ating mga kapatid ay tumutukoy sa pagkawala ng kahulugan ng pananagutang iyon para sa ating kapwa kung saan nagsimula ang lahat ng lipunang sibil.

26. Marami sa mga nagtataglay ng mas maraming likasyaman at kapangyarihang pang-ekonomya o pampulitika ay tila бага nagkakasya lang sa pagtatakip sa problema o pagtatago ng sintomas ng mga ito, na simpleng nagsisikap na bawasan ang negatibong epekto ng pagbabago sa klima. Gayunman, karamihan ng sintomas nito ay nagpapahiwatig na magpapatuloy ang mga ganoong epekto kung ipagpapatuloy natin ang mga kasalukuyang modelo ng produksyon at pagkonsumo. May agarang pangangailangang magsulong mga patakaran upang, sa mga darating na taon, ay mabawasan ng husto ang pagbubuga ng carbon dioxide at iba pang gas na matitinding makapagdumi, halimbawa, pagpapalit sa mga fossil fuel at pagpapaunlad ng pinagkukunan ng mga enerhiyang makakalikasan. Sa pandaigdigan, maliit pa ang madaling pagkukuna ng malinis at enerhiyang makakalikasan. May pangangailangan pang paunlarin ang sapat na teknolohiya ng pag-imbak. May nagawang malaking progreso ang ilang bansa, bagamat malayo pa ito sa pagbubuo ng mahabuluhang proporsyon. Nagsagawa na rin ng pamumuhunan sa moda ng produksyon at transportasyon kung saan gumagamit ng kaunting enerhiya at nangangailangan ng mas kaunting hilaw na materyales, pati na mga

pamamaraan ng konstruksyon at magkumpuni ng mga gusaling magpapabuti ng kahusayan ng enerhiya nila. Ngunit di pa gaanong napapalaganap ang mga magagandang gawaing ito.

II. ANG USAPIN NG TUBIG

27. Ang iba pang palatandaan ng kasalukuyang kalagayan ay matatagpuan sa pagkaubos ng ating likasyaman. Alam nating lahat na hindi mangyayaring mapanatili ang kasalukuyang antas ng pagkonsumo ng mga mauunlad na bansa at ng mayayamang saray ng lipunan, kung saan ang kaugaluang mag-aksaya at magtapon ay nakarating na sa di-matingkalang antas. Ang pagsasamantala sa planeta ay lumampas na sa katanggap-tanggap na limitasyon at hindi pa rin natin nalulutas ang suliranin sa kahirapan.

28. Ang sariwang inuming tubig ay isang usaping may pangunahing kahalagahan, pagkat lubhang kailangan ito sa buhay ng tao at para sa pagsuporta sa panlupa at pantubig na ekosistema. Ang pinagkukunan ng sariwang tubig ay kailangan para sa pangangalaga ng kalusugan, agrikultura at industriya. Ang mga tubig na panustos ay karaniwang nariryan, ngunit ngayon, maraming pook hinigitan ng pangangailangan ang palagiang panustos, nang may dramatikong kahihinatnan sa maiklian at pangmahabang panahon. Ang mga malalaking lungsod na umaasa sa mahahalagang panustos na tubig ay nakadaranas ng kakulangan, at sa mga panahong kritikal, hindi palaging napapangasiwaan ito ng may sapat na pagbabantay at kawalan ng pinapanigan. Apektado lalo na ang Aprika ng kakulangan sa tubig kung saan malalaking saray ng populasyon ang walang makuhang malinis na inuming tubig o nakadaranas ng tagtuyot na nakasasagabal sa produksyong agrikultural. Ang ilang bansa'y may mga pook na mayaman sa tubig habang ang iba naman ay nagtitiis sa matinding kasalanan.

29. Isa sa mga malubhang problema ay ang kalidad ng tubig na makukuha ng mga mahihirap. Araw-araw, ang di-ligtas na tubig ay nagbubunga ng maraming pagkamatay at ang pagkalat ng mga sakit na kaugnay ng tubig, kabilang ang mga sanhi ng mikroorganismo at mga kemikal. Ang iti at kolera, na nauugnay sa di-sapat na malinis at panutsos na tubig, ang isang makahulugang dahilan ng pagdurusa at ng pagkamatay ng mga sanggol. Nanganganib ang mga pinagkukunan ng tubig sa ilalim ng lupa dahil sa polusyong nilikha ng mga gawaing pagmimina, pagsasaka at industriyal, lalo na sa mga bansang kulang ang sapat na regulasyon at kontrol. Hindi lang iyon usapin ng basurang industriyal. Ang mga panlinis at iba pang produktong kemikal, na kadalasang ginagamit sa maraming pook sa mundo, ay patuloy na itinaton sa ating mga ilog, lawa, at karagatan.

30. Kahit na ang kalidad ng magagamit na tubig ay patuloy na lumiliit, sa ilang mga pook ay may lumalagong kagustuhang isapribado ang yamang ito, kahit na nagkukulang, at ito'y nagiging kalakal na nakabatay sa mga batas ng merkado. Gayunman, ang pagtatamo ng ligtas na inuming tubig ay isang pandaigdigang at batayang karapatang pantao, sapagkat mahalaga ito sa kaligtasan ng tao, at sa gayon, ay isang kondisyon upang isakatuparan ang iba pang karapatang pantao. Napakaluhba na ng panlipunang utang ng ating mundo sa mga dukha na walang agarang makukuhang ligtas na tubig, sapagkat di ipinatanggap sa kanila ang karapatang mabuhay sang-ayon sa di maipagkakait na dignidad. Maaaring mabayaran ang utang na ito na sa bahagya'y sa pamamagitan ng pagpapalaki ng pondo upang makapagbigay ng malinis na tubig at serbisyong pangkalusugan sa mga dukha. Ngunit patuloy na inaaksaya ang tubig, hindi lang sa mga mauunlad na bansa kundi maging sa mga papaunlad pa lang na bansa na nag-aangkin ng maraming katubigan. Ipinakikita lamang nito na ang problema sa tubig ay usaping edukasyunal at pangkultura, bagamat may maliit pang kamalayan sa kalubhaan ng gayong pag-uugali sa loob ng konteksto ng malawak na di pagkakapantay-pantay.

31. Ang mas matinding kakulangan sa tubig ay tutungo sa pagtaas ng presyo ng pagkain at sari-saring produkto na nakadepende sa paggamit nito. Nagbabala ang ilang pag-aaral na ang matinding kakulangan sa tubig ay maaaring maganap sa susunod na ilang dekada maliban kung magsasagawa ng agarang aksyon. Makakaapekto sa bilyun-bilyong tao ang mga pag-urong-sulong ng kapaligiran; naisip na rin na ang pagkontrol sa tubig ng mga malalaking multinasyunal na negosyo ang maging pangunahing pagmulan ng digmaan sa siglong ito. [23]

III. PAGKAWALANG SARIBÚHAY

32. Ang likasyaman ng daigdig ay dinarambong din dahil sa maikling pagtingin sa pagtugon sa ekonomya, komersyo at produksyon. Ang pagkawala ng mga kagubatan at mga kakahuyan ay dahilan ng pagkawala ng mga espésye na maaaring mabuo bilang napakahalagang likasyaman sa hinaharap, hindi lamang para sa pagkain kundi pati na rin sa paggamot ng mga sakit at iba pang mga paggamit. Naglalaman ang iba't-ibang espesye ng mga dyins na maaaring maging susing pagkukunan ng likasyaman sa mga darating na panahon para kamtin ang pangangailangan ng tao at para sa pag-aayos ng mga problema sa kapaligiran.

33. Gayunman, hindi sapat na isiping ang iba't ibang espésye ay mga maaari lamang "pinagkukunan ng likasyaman" na maaaring pagsamantalahan, habang nakakaligtaan ang katotohanang sila mismo ay may halaga sa kanilang sarili. Taun-taon ay kapuna-puna ang paglaho ng libu-libong espésye ng mga halaman at hayop na hindi natin malalaman, na hindi na makikita ng ating mga anak, dahil habambuhay nang nangawala ang mga iyon. Naglaho na ang malaking mayorya sanhi ng mga kadahilanang may kaugnayan sa gawain ng tao. Dahil sa atin, libu-libong espésye ang hindi na makakapagpuri sa Diyos sa kanila mismong pag-iral, o kaya'y ihatid ang kanilang mensahe sa atin. Wala tayong gayong karapatan.

34. Maaaring nakagagambala sa atin ang malaman ang paglaho ng mga mamalya o ibon, dahil sila ang kadalasang nakikita. Subalit ang mabuting paggana ng ekosistema ay nangangailangan din ng mga kolatkolat, álga, uod, reptilya, at di mabilang na sari-saring mikroorganismo. Ang ilang di gaanong maraming mga espésye, bagamat sa pangkalahatan ay hindi nakikita, ang may ginagampanang kritikal na papel sa pagpapanatili ng balansa ng isang partikular na lugar. Dapat makialam ang tao pag umabot na ang heosistema sa isang kritikal na kalagayan. Subalit sa kasalukuyan, ang mga ganitong pag-aalala sa kalikasan ay nagiging mas madalas. Bilang resulta, lumitaw ang malulubhang problema, humahantong ito sa karagdagang pakikialam; nagiging palasak sa maraming lugar ang gawain ng tao, kasama ang lahat ng panganib na dulot nito. Kadalasang nagreresulta ito sa masamang sirkulo, dahil ang pakikialam ng tao upang malutas ang problema ay lalong nagpapalala sa sitwasyon. Halimbawa, maraming ibon at insekto, na maglalaho dahil sa mga sintetikong lason sa paghahalaman, ang malaki ang naitutulong sa agrikultura; ang pagkalaho nila ay dapat mabayaran sa pamamagitan ng ibang pamamaraang maaaring mapatunayang mapanganib. Dapat nating pasalamatang ang mga kapuri-puring pagsisikap na ginawa ng mga siyentipiko at mga inhinyero na nakatuon sa paghahanap ng kalutasan sa mga problemang ginawa ng tao. Ngunit ang mahinahon nating pagtingin sa daigdig ay nagpapakita ng antas ng pakikialam ng tao, na kadalasang para magsilbi sa interes ng negosyo at konsyumerismo, na sa totoo'y ginagawa ang ating daigdig na hindi na gaanong mayaman at maganda, na mas limitado at malabo, kahit na patuloy ang pag-abante ng teknolohiya at ang mga kalakal ay patuloy na sumasagana ng walang katapusan. Tila iniisip nating mapapalitan natin ang hindi na mapapalitan at hindi na maibabalik na kagandahan ng isang bagay na ating nilikha.

35. Sa pagtatasa sa epektong pangkapaligiran ng anumang proyekto, karaniwang lumilitaw ang pagmamalasakit sa mga epekto nito sa lupa, tubig at hangin, gayunman kakaunti ng mga isinagawang maingat na pag-aaral sa epekto nito sa saribúhay, na animo'y tila hindi gaanong mahalaga ang paglaho ng mga espésye o pangkat ng mga hayop at halaman. Ang mahahabang lansangan, ang mga bagong plantasyon, ang mga pagbabakod ng ilang tiyak na lugar, ang pagsasaplado ng pinanggagalingan ng tubig, at katulad na pagsulong, ang pagtulak palabas sa mga likas na tahanan, at sa maraming pagkakataon, ay pinaghihiwalay sila sa paraang ang populasyon ng mga hayop ay hindi na makalilikas o malayang makagagala. Bilang resulta, nahaharap sa pagkaubos ang ilang espésye. Umiiral ang mga alternatibo na kahit papaano ay makababawas sa epekto ng mga proyektong ito, tulad ng paglikha ng biyolohikal na pasilyo, ngunit ilang bansa lamang ang nagpakita ng pagmamalasakit at pag-intindi sa kinabukasan. Kadalasan, pag ang mga tukoy na espésye ay pinagsasamantalahan sa komersyo, maliit na atensyon ang inilalaan sa pag-aaral ng kanilang reprodiktibong padron upang mapigilan ang kanilang pagkaubos at sa nangyaring kawalan ng balanse ng ekosistema.

36. Ang pangangalaga sa ekosistema ay nangangailangan ng pagiging handa sa hinaharap, pagkat yaong naghahanap ng mabilis at madaling pagtutubuan ay hind talaga interesado sa pangalagaan sila. Ngunit ang presyo ng pagkawasak dahil sa gayong pagkaganid at kawalang malasakit ay mas malaki pa kaysa sa makukuhang pang-ekonomikong benepisyo. Kung saan ang mga tukoy na espésye ay nawasak o malubhang napinsala, ang halagang nasasangkot ay hindi makakalkula. Maaari tayong maging piping saksi sa nakakakilabot na kawalan ng katarungan kung iisipin nating makakakuha tayo ng mahahalagang benepisyo, kung pahihintulutan nating ang sangkatauhan, sa kasalukuyan man o sa hinaharap, ang magbabayad ng lubhang mataas na presyo ng pagkawasak ng kapaligiran.

37. Ang ilang bansa'y nakapagsagawa ng makabuluhang progreso sa pagtatayo ng mga kanlungan sa kalupaan at sa mga karagatan kung saan hindi maaari ang pakikialam ng tao na makakapagbago sa mga katangian nito o magpapaiba sa kanilang orihinal na istraktura. Sa pagprotekta sa saribúhay, iginigiit ng mga espesyalista ang pangangailangan sa pagtuon ng atensyon upang ipakita sa mga pook na mayaman sa bilang ng mga espésye at mga espésyeng katutubo, bihira o di gaanong napoprotektahan. May mga lugar na kinakailangan ang mas matinding proteksyon dahil sa kanilang malaking importansya sa pandaigdigang ekosistema, o dahil kinakatawan nila ang mahahalagang reserba ng tubig at kaya mapangangalagaan ang iba pang anyo ng buhay.

38. Tukuyin natin, halimbawa, ang mga mayayamang saribúhay na bagà ng ating planeta na yaong mga banâ ng Amazon at Congo, o yaong malalaking akwiper at mga masa ng yelo. Alam natin kung gaano kahalaga ang mga ito sa buong daigdig at para sa kinabukasan ng sangkatauhan. Nag-aangkin ang ekosistema ng mga kagubatang tropikal ng napakasalimuot na saribúhay na halos napaka-imposibleng lubusang ikalugod, subalit kapag sinunog ang kagubatan o pinatag upang sakahin, sa pagitan ng mga ilang taon pa, di na mabilang na espésye ang maglalaho at ang mga lugar ay madalas nang magiging tigang na kaparangan. Isang maselang pagbalanse ang dapat panatilihin kung pag-uusapan ang mga lugar na ito, dahil hindi natin dapat makaligtaan ang malaking pandaigdigang pang-ekonomyang interes na, sa ilalim ng kunwaring pagprotekta sa kanila, na magpahina sa soberanya ng bawat bansa. Sa katunayan, may mga "panukalang gawing daigdigang ang Amazon, na magsisilbi lamang sa pang-ekonomyang interes ng mga korporasyong transnasyunal". [24] Hindi tayo mabibigong purihin ang pangako ng mga pandaigdigang ahensya at mga organisasyon ng sibili na lipunan sa pagpukaw ng atensyon ng publiko sa mga usaping ito at magbigay ng kritikal na pagtutulungan, gumagamit ng lehitimong pamamaraan ng paggigiit, upang tiyakin na ang bawat pamahalaan ay maipatupad ang kanyang angkop at hindi maipagkakait na pananagutan upang pangalagaan ang kapaligiran at likasyaman ng kanyang bansa, nang hindi nagbibigaydaan sa mga mapanlinlang na interes, lokal man o pandaigdigang.

39. Ang pagpapalit sa mga basal na kagubatan ng taniman ng mga puno, na karaniwang monokultura (o iisang uri lang ang tinatanim sa isang lugar), ay bihirang sinusuri ng lubos. Subalit maaaring lubhang malagay sa kompromiso ang saribúhay kung saan ang mga bagong ipinakilalang espésye ay hindi binibiyang-pansin. Katulad nito, ang mga matubig na kalupaan na ginawang sakahan ay nawawalan ng malaking saribúhay na dati nilang pinangangalagaan. Sa ilang baybaying lugar, ang pagkawala ng ekosistema na pinangalagaan ng latian ng mga bakawan ang isang pinaghahalawan ng malubhang pag-aalala.

40. Ang mga karagatan ay hindi lamang naglalaman ng malaking pagkukunan ng tubig ng ating planeta, kundi halos ng mga napakaraming uri ng nilalang na nabubuhay, na marami sa kanila ay hindi pa natin alam at nanganganib sanhi ng iba't ibang kadahilanan. At higit pa riyan, ang pamumuhay sa tubig sa mga kailugan, lawa, dagat at laot, na nagpapakain sa malaking bahagi ng populasyon ng daigdig, ay apektado ng di makontrol na pangingsda, na tumutungo sa marahas na pagkaubos ng maraming espésye. Ang mga selektibong pamamaraan ng pangingsda kung saan itinatapon nila ang kanilang mga nakokolekta ay patuloy at di mapigilan. Mas nanganganib ang mga organismo sa dagat na karaniwang di natin pinapansin, tulad ng ilang uri ng plankton; kinakatawan nila ang mahahalagang salik ng sirkulo ng pagkain sa karagatan, at lubusang umaasa sa kanila ang mga espésye para sa ating pagkain.

41. Sa mga karagatang tropiko at subtropiko, makikita natin ang mga bahura na ikinukumpara sa mga malalaking kagubatan sa tuyong lupain, dahil nananahan sa mga ito ang tinatayang milyong espésye, kabilang ang mga isda, alimango, molusko, espongha at álga. Marami sa mga bahura sa daigdig ay tigang na o kaya'y nasa kalagayang palagi nang palubog. Sino ang gumawa sa kamangha-manghang pook sa mga karagatan sa pagiging sementeryo sa ilalim ng dagat na nawalan ng kulay at buhay?" [25] Malaking dahilan ng nangyayaring ito ay ang polusyong nakarating na sa karagatan bilang resulta ng deporestasyon, monokulturang agrikultural, basura mula sa mga industriya at nakasisirang pamamaraan ng pangngisda, lalo na yaong gumagamit ng mga siyanúro at dinamita. Pinalala ito ng pagtaas ng temperatura ng mga karagatan. Lahat ng ito'y nakatulong sa atin upang makita na ang bawat pakikialam sa kalikasan ay may mga kahihinatnang hindi agad makikita, at ang tiyak na pamamaraan ng pagsasamantala sa likasyaman ay napatunayang napakamagastos kung pag-uusapan ang pagkasira kung saan ganap na itong umabot na sa kailaliman ng karagatan.

42. Dapat mamuhunan ng malaki sa pananaliksik na na naglalayong higit pang maunawaan ang nagagawa ng ekosistema at suriin nang lubusan ang iba't ibang mga salik kaugnay sa anumang makabuluhang kaunting pagbabago sa kapaligiran. Sapagkat magkakaugnay ang lahat ng nilalang, ang bawat isa'y dapat mahalina at igalang, dahil lahat tayo bilang buhay na nilalang ay nakaasa sa bawat isa. Ang bawat pook ay may pananagutang pangalagaan ang pamilyang ito. Nangangailangan itong isagawa ang isang maselang imbentaryo ng mga espésyeng nasa pangangalaga nito, nang may pananaw sa pagpapaunlad ng mga programa at estratehiya upang protektahan nang may partikular na pag-iingat upang ipagtaggool ang mga espésyeng malapit nang maglaho.

IV. PAGHINA NG KALIDAD NG TAO BUHAY AT ANG PAGKASIRA NG LIPUNAN

43. Mga nilalang din sa daigdig na ito ang mga tao, na nagtatamasa ng karapatang mabuhay at kaligayahan, at pinagkalooban ng natatanging dignidad. Kaya hindi tayo mabibigong isaalang-alang ang epekto sa pamumuhay ng tao ng pagkasira ng kapaligiran, kasalukuyang modelo ng pag-unlad at ang maaksayang kultura.

44. Sa kasalukuyan, halimbawa, alam natin ang hindi pantay at magulong paglago ng maraming lungsod, na naging masama na sa kalusugan ang pagtira sa mga iyon, hindi lamang dahil sa polusyong dulot ng mga nakasususulok na usok kundi bunga rin ito ng magulong kalunsuran, hindi mabuting transportasyon, at polusyong nakikita at ingay. Maraming lungsod ang malalaki, ngunit hindi mabisa amng istruktura, sobrang mapag-aksaya sa enerhiya at tubig. Ang mga kapitbahayan, kahit n yaong kabubuo pa lamang, ay masisikip, magugulo, at kulang sa sapat na luntiang espasyo. Hindi natin sinadyang umapaw tayo sa semento, aspalto, salamin at metal, at pinagkaitan ng pisikal na pakikialam sa kalikasan.

45. Sa ilang pook, parehong sa kanayunan at sa kalunsuran, ang pribatisasyon ng mga tiyak na espasyo ay nagpalimita sa mga tao upang marating ang mga lugar na may partikular na kagandahan. Sa iba naman, nalikha ang mga kapitbahayang "makakalikasan" na sarado sa mga tagalabas upang tiyakin ang artipisyal na kapanatagan. Kadalasan, natagpuan natin ang mga magaganda at maiingat na inayos na mga espasyong luntian sa mga tinatawag na "ligtas" na pook sa kalunsuran, ngunit hindi sa mga mas natatagong lugar kung saan naninirahan ang mga patapon ng lipunan.

46. Kasama sa panlipunang dimensyon ng daigdigang pagbabago ang epekto ng inobasyong teknolohikal sa pag-eempleyo, hindi pagtanggap sa lipunan, isang di makatarungang pamamahagi at pagkonsumo ng enerhiya at iba pang serbisyo, panlipunang pagkasira, pagtaas ng bilang ng karahasan at ang pag-usbong ng mga bagong anyo ng panlipunang pagsalakay, ilegal na pagbebenta ng droga, ang dumaraming paggamit ng droga ng mga kabataan, at ang kawalan ng identidad. Ito ang mga palatandaan na ang pag-unlad ng nakaraang dalawang siglo ay hindi humantong sa isang panloob na kaunlaran at pagpapabuti ng kalidad ng buhay. Ang ilang sa mga palatandaang ito ay tanda rin ng totoong panlipunang pagkalugmok, ang tahimik na pagkasira ng mga bigkis ng pagsasama-sama at panlipunang pagkakaisa.

47. Dagdag pa, kapag ang midya at ang mundo ng dihital ay naging nasa lahat ng dako, ang kanilang impluwensiya'y magpapatigil sa mga tao upang matuto kung paano mamuhay ng matalino, mag-isip ng malalim at magmahal ng bukaspalad. Sa ganitong konteksto, ang mga dakilang pantas ng nakaraan ay nanganganib na hindi na marinig sa kabila ng ingay at pagkalito dahil sa labis-labis na impormasyon. Kailangang pagsikapang tulungan ang mga midyang ito upang maggsilbing pinagmumulan ng mga bagong pangkulturang pagsulong para sa sangakatauhan at hindi maging banta sa ating pinakamalalim na yaman. Ang tunay na karunungan, bilang bunga ng pagsusuri sa sarili, pakikipagtalastasan at bukaspalad na pakikiharap sa pagitan ng mga tao, ay hindi nakakamit sa simpleng akumulasyon ng mga datos na sa dulo'y hahantong sa labis na karaga at pagkalito, na isang uri ng polusyon sa kaisipan. Ang tunay na pakikipag-ugnayan sa kapwa, sa lahat ng mga paghamong magkasama sila, ngayon ay malamang na mapalitan ng isang uri ng komunikasyon sa internet na nagbibigay-daan sa atin upang pumili o alisin ang mga ugnayang dahil gusto lang, kaya nagbubunga ito ng panibagong uri ng inimbentong emosyon na mas dahil pa sa mga aparato at mga palamuti kaysa sa kapwa at sa kalikasan. Ginagawa ng kasalukuyang midya na makipagtalastasan tayo at maibahagi ang ating nalalaman at minamahal. Ngunit may mga panahong tinatakpan nila tayo upang agarang madama ang mga sakit, mga takot at mga saya ng iba at ang kasalimuotan ng kanilang mga pansariling karanasan. Dahil dito, dapat mag-alala tayo na, kasabay ng nakapupukaw na posibilidad na iniaalok ng mga midyang ito, maaaring lumitaw ang isang malalim at malumbay na kawalan sa usapin ng ugnayan sa bawat isa, o kaya'y madama ang nakapipinsalang pag-iisa.

V. HINDI PAGKAKAPANT AY-PANTAY SA DAIGDIG

48. Ang kapaligiran ng tao at ang likas na kapaligiran ay sabay na nasisira; hindi natin lubusang nilalabanan ang pagkasira ng kapaligiran maliban na lang kung tututukan natin ang mga sanhi kaugnay sa tao at panlipunang pagkasira. Sa katunayan, ang pagkasira ng kapaligiran at ng lipunan ay nakaaapekto sa mga pinakamadaling matamaang mga tao sa planeta: "Ipinakikita ng araw-araw na karanasan at siyentipikong pananaliksik ang malalang epekto ng lahatang pag-atake sa kapaligiran ay pinagdurusahan ng mga pinakamahihirap". [26] Halimbawa, ang pagkasira ng mga reserba ng pangisdaan lalo na't nasasaktan ang mga maliliit na pamayanan ng pangisdaan nang walang pamamaraan kung paano mapapalitan ang mga likasyamang iyon; ang polusyon sa katubigan na nakaaapekto sa mga mahihirap na hindi makabili ng nakaboteng tubig; at ang pagtaas ng dagat na pangunahing nakaaapekto sa mga naghihirap na populasyon sa tabingdagat na wala nang mapuntahan. Ang epekto ng kasauluyang kawalang ng balanse ay nakikita rin sa maagang pagkamatay ng maraming mahihirap, sa mga labanang sumiklab dahil sa kakulangan ng mga likasyaman, at iba pang mga problemang hindi sapat upang talakayin sa mga usapang pandaigdig. [27]

49. Kailangang sabihin, sa pangkalahatan, may munti sa pamamaraan ng malinaw na kamalayan sa mga problemang lalong nakakaapekto sa mga pinabayaan. Gayunman, sila ang mayorya ng populasyon ng planeta, bilyun-bilyong katao. Sa mga araw na ito, sila'y binabanggit sa mga talakayang pang-internasyunal, pampulitika at pang-ekonomya, ngunit kadalasang may pag-aakalng ang kanilang problema'y isa lang bungang-isip, isang usaping nadagdag nang hindi kasama sa tungkulin o sa isang pamamaraang pahapyaw, kung hindi ituturing lang na ginarantiyahang pinsala. Sa katunayan, kapag nasabi na at nagawa lahat, kadalasang sila'y nananatili sa ilalim ng salansan o nakatago lamang. Ito'y dahil sa ilang katotohanang ang karamihan ng mga propesyunal, tagalikha ng opinyong publiko, midya ng komunikasyon at sentro ng kapangyarihan, na nasa mayayamang kalunsuran, ay napakalayo sa mga mahihirap, at halos walang direktang pakialam sa kanilang mga problema. Naninirahan sila at nangangatwiran sa mga maginhawang posisyon sa mataas na antas ng kaunlaran at sa kalida ng pamumuhay na di kayang abtutin ng mayorya ng populasyon ng daigdig. Ang kawalan ng pisikal na pakikiharap, na pinalalala pana-panahon ng paghihiwalay ng ating mga lungsod, ay maaaring humantong sa pagiging manhid ng budhi at sa may kinikilingang pagsusuri na kinaliligtaan ang maraming bahagi ng reyalidad. Sa pana-panahon, ang kaugaliang ito'y umiiral ng sabay kasama ang retorikang "luntian". Gayunman, sa ngayon, dapat nating mapagtanto na ang tunay na pang-ekolohikal na pamamaraan ay palaging nagiging panlipunang pamamaraan; dapat ipasok dito ang usapin ng

katarungan sa mga balitaktaan hinggil sa kapaligiran, upang kapwa marinig ang panaghoy ng daigdig at ang panaghoy ng ma50. hihirap.

50. Imbes na lutasin ang mga suliranin ng mahihirap at pagnilayan kung paano magiging iba ang daigdig, ang ilan ay nagapanukala lamang ng pagbabawas ng panganganak. May panahong ang mga papaunlad na bansa ay nahaharap sa mga anyo ng pandaigdigang panggigiit kung saan ang mga pang-ekonomyang tulong ay nagiging batayan sa mga tiyak na polisiya hinggil sa "reproduktibong kalusugan". Gayunman "bagamat totoo na ang hindi pantay na pamamahagi ng populasyon at ng naririyang likasyaman ay lumilikha ng balakid sa kaunlaran at sa sustenableng paggamit sa kapaligiran, ito'y dapat kinikilala upang ang demograpikong paglago ay lubusang katugma ng kaunlarang mahalaga at ibinabahagi". [28] Ang paninisi sa paglago ng populasyon imbes na ang matindi at selektibong konsumerismo sa bahagi ng ilan, ay isang pamamaraan upang tanggihang harapin ang mga usapin. Pagtatangka iyon na gawing ligal ang kasalukuyang modelo ng distribusyon, kung saan naniniwala ang minorya na may karapatan silang gumamit sa paraang hindi magiging pangkalahatan, dahil hindi kaya ng planetang lamnin ang mga produktong basura ng naturang pagkonsumo. Bukod doon, alam natin ang humigit-kumulang sangkatlo ng lahat ng nalikhang pagkain ang itinatapon, at "saanman natatapon ang pagkain, ito'y tila baga inumit sa hapagkainan ng maralita". [29] Gayunpaman, dapat bigyang pansin ang mga pagkahindi-balanse ng densidad ng populasyon, sa antas-nasyunal at pandaigdigang, pagkat ang pagtaas ng pagkonsumo ay hahantong sa masalimuot na kalagayang pangrehiyon, bilang resulta ng pagtutulungan sa pagitan ng mga problemang nakaugnay sa pangkapaligirang polusyon, transportasyon, paglunas sa basura, pagkawala ng likasyaman at kalidad ng buhay.

51. Naaapektuhan ng kawalang katarungan, hindi lamang ang mga indibidwal, kundi ang buong bansa; iginigiit sa atin ito upang isaalang-alang natin ang isang etika sa pandaigdigang ugnayan. Ang totoong "utang pang-ekolohiya" ay umiiral, lalo na sa pagitan ng pandaigdigang hilaga (mayayamang bansa) at timog (mahihirap na bansa), na kaugnay sa komersyal na kawalan ng balanse na may mga epekto sa kapaligiran, at sa hindi pantay na paggamit ng likasyaman ng ilang bansa sa mahabang panahon. Ang pagluluwas ng hilaw na materyales upang masiyahan ang pamilihan ng industriyalisadong hilaga ay nakapinsala sa lokal, tulad halimbawa ng polusyon ng asogo sa pagmimina ng ginto o polusyon ng dioksido ng asupre sa pagmimina ng tanso. May matinding pangangailangang tantyahin ang paggamit ng espasyong pangkapaligiran sa buong mundo para sa paglalagak ng mga latak ng gaas na naipon na ng dalawang siglo at lumilikha ng kalagayang nakaaapekto ngayon sa lahat ng bansa sa mundo. Ang pag-iinit na sanhi ng malawakang pagkonsumo sa bahagi ng ilang mayayamang bansa ay may matinding balik sa mahihirap na pook sa daigdig, lalo na sa Aprika, kung saan ang pagtaas ng temperaturo, kasama ang tagtuyot ay napatunayang nagwasak sa pagsasaka. Nariyan din ang pagkasirang dahilan ng pagluluwas ng solidong basura at likidong lason sa papaunlad na bansa, at dahil sa polusyong nilikha ng mga kumpanyang pinatatakbo sa mga di-p-gaanong maunlad na bansa sa pamamaraang hindi nila gagawin sa kanilang tahanan, sa mga bansa kung saan pinalalago nila ang kanilang puhunan: "Itinatala natin na kadalasang ang mga negosyong tumatakbo sa ganitong paraan ay ang mga multinasyunal. Ginagawa nila rito ang mga bagay na hindi nila gagawin sa mga maununlad na bansa o yaong tinatawag na unang daigdig. Sa pangkalahatan, matapos itigil ang kanilang aktibidad at umalis, iniwan nila ang malaking pagkakautang na pantao at pangkapaligiran tulad ng kawalan ng trabaho, pinabayaang bayan, pagkasira ng mga likas na reserba, deporestasyon, ang pamumulubi ng agrikultura at lokal na pagpaparami ng paninda, malaking guwang, mga sirang burol, maruruming ilog at mangilan-ngilang gawaing panlipunan na hindi na sustenable". [30]

52. Ang utang-panlabas ng mahihirap na bansa ay naging paraan ng pagkontrol sa kanila, ngunit hindi ito ang usapin kung pag-uusapan ang utang-pang-ekolohiya. Sa iba't ibang pamamaraan, patuloy ang mga papaunlad na bansa, kung saan makita ang mga napakahahalagang reserba ng biyospero, sa pagpapaningas ng kaunlaran ng mayayamang bansa kahit mapinsala ang kanilang kasalukuyan at kinabukasan. Ang lupain ng mga katimugang mahihirap ay mayaman at kadalasang hindi marumi, bagamat ang madaling pagkuha sa pag-aari ng mga kalakal at likasyaman para sa mahahalagang pangangailangan ay ipinagbawal ng isang sistema ng ugnayang komersyal at pagmamay-ari na ang istruktura ay masama. Dapat tumulong ang mauunlad na bansa upang mabayaran ang utang na ito ng

makabuluhang paglimita sa kanilang pagkonsumo ng hindi-nababagong enerhiya at sa pamamagitan ng pagtulong sa mga mahihirap na bansa upang suportahan ang mga polisiya at programa ng sustenableng pag-unlad. Ang mahihirap na pook at bansa ay di gaanong kayang makaangkop sa mga bagong modelo para mabawasan ang epekto sa kapaligiran dahil sa kakulangan nila ng kakayahang paunlarin ang mga kinakailangang proseso at pati na ang gastusin nito. Dapat patuloy tayong magkaroon ng kamalayan na, hinggil sa pagbabago ng klima, may iba't ibang pananagutan. Tulad ng sinabi ng mga obispo ng Estados Unidos, mas malaking atensyon ang dapat ibigay sa "mga pangangailangan ng mahihirap, mahihina at madaling masalanta, sa balitaktakang kadalasang pinangingibabawan ng mga may mas makapangyarihang interes". [31] Dapat nating patatagin ang paniniwalang tayo'y isang pamilya ng sangkatauhan. Walang mga hangganan o hadlang, pampulitika man o panlipunan, kung saan maaari tayong makapagkubli, maliit din ang espasyo para sa globalisasyon ng pagwawalang-bahala.

VI. MAHIHINANG TUGON

53. Ang mga kalagayang ganito ang sanhi upang ang ating kapatid na daigdig, kasama ang mga pinabayaan ng mundo, ay managhoy, nagsusumamong ibahin na natin ang takbo ng mundo. Ang tahanan natin ay hindi nasaktan at inabuso ng matindi kundi nitong nakalipas na dalawang daang taon. Gayunman, tinawag tayong instrumento ng Diyos ating Ama, upang ang ating planeta'y maging kung ano ang kanyang nais nang nilikha niya ito at tumugon sa kanyang balaka para sa kapayapaan, kagandahan at kaganapan. Ang problema'y kulang pa tayo ng kinakailangang kultura upang maharap ang krisis na ito. Kulang tayo ng lideratong kayang lumikha ng bagong landas at makamit ang pangangailangan ng kasalukuyan ng may pagmamalasakit sa lahat at ng walang sinasabing hindi maganda sa mga susunod na henerasyon. Ang pagtatatag ng isang ligal na balangkas na maaaring magtakda ng malinaw na mga hangganan at magtiyak ng proteksyon ng ekosistema ay naging lubhang kailangan; kundi, ang bagong kaayusan ng kapangyarihan batay sa pang-teknolohiya pang-ekonomyang disenyo na maaaring puspusan hindi lamang sa ating pulitika kundi sa kalayaan at katarungan din.

54. Kapansin-pansin kung gaano kahina ang mga pampulitikang tugon sa pandaigdigang. Ang kabiguan ng pandaigdigang pagpupulong hinggil sa kapaligiran ay naging simpleng ang ating pulitika'y nakapailalim lang sa teknolohiya at pananalapi. Napakaraming ispesyal na interes, at ang mga pang-ekonomyang interes ay madaling natatapos sa pagbalewala sa pangkalahatang kagalingan at pagmanipula ng mga impormasyon upang ang kanilang sariling mga balak ay hindi maapektuhan. Iginigiit ng Dokumentong Aparecida na "ang interes ng mga grupong pang-ekonomya na wala-sa-katwirang binubuwag ang pinagmumulan ng buhay ay hindi dapat mangibabaw sa pagtrato sa mga likasyaman". [32] Ang alyansa sa pagitan ng ekonomya at teknolohiya ay natatapos sa pagtaboy sa anumang hindi kaugnay sa kanilang agarang interes. Samakatuwid, ang maaring asahan ng isang tao ay isang mababaw na panganagtwiran, manaka-nakang pagtulong ng pilantropo at walang interes na pagpapahayag ng pagmamalasakit para sa kapaligiran, yayamang ang anumang totoong pagtatangka ng mga grupo sa lipunan na magsimula ng pagbabago ay tinitingnang kayamot-yamot batay sa romantikong ilusyon o isang balakid na maaaring dayain.

55. Unti-unting nagsasagawa ng makabuluhang pag-unlad ang ilang mga bansa, na isinusulong pa ang mas epektibong pagkontrol at pagtatrabaho upang labanan ang mga katiwalian. Dapat magkaroon ng papalagong pang-ekolohikal na sensitibidad ang mga tao ngunit hindi ito nagtagumpay na mapalitan ang masasama nilang kaugalian sa pagkonsumo na, imbes na mabawasan, ay lalo pang lumalaki. Isang simpleng halimbawa ay ang paglaki ng paggamit at kuryente ng aircondition. Ang pamhilihan, na agarang nagbebenipisyo sa pagbebenta, ay nagpapasigla ng mas malaking pangangailangan. Ang tagalabas na tumitingin sa ating daigdig ay mamamangha sa gayong pag-uugali, na sa pana-panahon ay lumilitaw na nakasisira sa sarili.

56. Samantala, patuloy ang kapangyarihang pang-ekonomya na bigyang-katwiran ang kasalukuyang pandaigdigang sistema kung saan mas inuuna ang ispekulasyon at ang paghahabol sa pinansyal na ganansya, kung saan bigo itong tingnan ang konteksto, pabayaan man ang mga epekto nito sa dignidad ng tao at likas na kapaligiran. Dito'y nakikita natin kung paano ang mahigpit na kaugnayan ng pagkasira

ng kapaligiran at ang marawal na kalagayan ng tao at etika. Maraming mga taong magkakaila na may ginawa silang mali dahil patuloy na pinapupuro ng pagkagambala ang ating kamalayan kung gaano nga ba kalimitado at may hangganan ang ating mundo. Bilang resulta, ang anumang may karupukan, tulad ng kapaligiran, ay hindi maipagtatangglo sa harap ng sinasambang pamilihan, na naging natatanging batas". [3]

57. Nakikinita na natin, na pag mauubos na ang isang likasyaman, maitatakda ang isang tagpuan para sa mga bagong digmaan, kahit sa pagkukunwaring may marangal na paghahabol. Lagi nang matinding napipinsala digmaan ang kapaligiran at ang mayamang kultura ng sangkatauhan, mga panganib na lumulubha kapag isasaalang-alang ang armas-nukleyar at sandatang biyolohikal. "Sa kabila ng mga pandaigdigang kasunduan na nagbabawal sa kemikal, bakteryolohikal at biyolohikal na digmaan, ang totoo'y patuloy ang pananaliksik sa laboratoryo upang bumuo ng mga bagong armas pang-opensa na kayang baguhin ang balanse ng kalikasan". [34] Dapat biyan ng pulitika ng higit na pansin ang mag nakikinitang bagong mga labanan at tugunan ang mga dahilan na maaaring humantong doon. Subalit pinatunayang pinakamatinding lumaban sa mga pagsisikap na ito ang mga makapangyarihang pinansyal na interes, at ang pulitikal na pagpapalano'y nauuwi sa kakulangan ng lawak ng pananaw. Ano ang makahihikayat sa sinuman, sa yugtong ito, na panghawakan ang kapangyarihan upang magunita lamang sa kanilang kawalang kakayahang umaksyon ng agaran at kapag kailangan nang kumilos?

58. Sa ilang bansa, may mga positibong halimbawa ng pagpapabuti sa kapaligiran: mga ilog, na kayrumi na sa ilang dekada, ay nililinis na; ang mga taal na kakahuyan ay muling ibinalik; pinaganda ang mga tanawain, salamat sa mga proyektong muling pagbabago ng kapaligiran; itinayo ang magagandang gusali; isigawa ang mga pagsulong sa produksyon ng enerhiyang hindi-marumi at ang pagpapahusay sa pampublikong transportasyon. Hindi malulutas ng mga nagawang ito ang pandaigdigang suliranin, subalit ipinakita nito na may kakayahan ang mga tao na positibong mamagitan. Sa lahat ng ating limitasyon, ang pagpapakita ng kagandahang-loob, pagkakaisa at pangangalaga ay maaaring di pa mabuti, ngunit nilikha tayo para sa pag-ibig.

59. Kasabay nito, maitatala natin ang paglitaw ng isang mali o mababaw na ekolohiya kung saan dala nito'y pagiging kampante at nasisiyahan sa pagwawalangbahala. Tulad ng madalas mangyari sa panahon ng matinding krisis na nangangailangan ng mapangahas na pagpapasiya, natutukso tayong isiping ang nagaganap ay hindi lubusang malinaw. Sa mababaw na pagtingin, bukod sa ilang nakikitang senyales ng polusyon at pagkasira, tila baga hindi mukhang malubha ang mga bagay-bagay, at magpapatuloy na mabuhay ang planeta sa ilan pang panahon. Ang mga tulad nitong hindi makatwiran ang nagsisilbing lisensya upang magpatuloy sa ating kasalukuyang estilo ng pamumuhay at mga modelo ng produksyon at pagkonsumo. Ito ang pamamaraan ng tao upang palalain ang kanilang bisyong nakasisira sa sarili: sinusubukang hindi ito makita, sinusubukang hindi ito matanggap, binibimbim ang mga mahahalagang desisyon at nagkukunwaring hindi ito mangyayari.

VII. SAMUTSARING KURO-KURO

60. Panghuli, kailangan nating kilalanin ang iba't ibang pagtugon at uri ng pag-iisip na lumilitaw hinggil sa kalagayang ito at sa mga posible nitong kalutasan. Sa sukdukan, nakikita nating yaong nagpipilit tanganan ang mito ng progreso at nagsasabi sa ating ang mga problemang ekolohikal ay lulutasin nila sa pamamagitan ng aplikasyon ng bagong teknolohiya at ng walang anumang pangangailangan isaalang-alang ang kabutihang asal o matinding pagbabago.

Sa kabilang dulo naman ay yaong tumitingin na ang mga tao at ang kanilang pakikialam ay hindi lamang isang banta, inilalagay sa panganib ang pandaigdigang ekosistema, at ang presensya ng tao sa planeta ay dapat mabawasan at ang lahat ng anyo ng pakikialam ay ipagbawal. Ang anumang maaaring mangyari sa hinaharap ay dapat mabuo sa pagitan ng nabanggit na dalawang kaduluhan, dahil wala namang iisang landas sa isang solusyon. Kaya posible ang samutsaring panukala, na lahat ay kayang pumasok sa mga pag-uusap na may pananaw na makapagbuo ng mga komprehensibong solusyon.

61. Sa maraming mga kongkretong usapin, ang Simbahan ay walang dahilang magbigay ng depinidong opinyon; alam niyang dapat hikayatin ang mga eksperto sa matapat na debate, habang iginagalang ang mga naiibang pananaw. Ngunit kailangan lang nating titigan ang mga katotohanan upang makitang ang tahanan nating lahat ay bumabagsak na sa malubhang pagkasira. Ipinakikita sa atin ng pag-asa na laging may paraan upang makalabas sa mga problemang ito, na lagi nating mababago ang ating mga hakbang, na lagi tayong may magagawa upang malutas ang ating mga suliranin. Nakakakita pa rin tayo ng mga palatandaan na umaabot na ang mga bagay sa mga punto ng pagkawasak, dahil sa mabilis na hakbang ng pagbabago at kalagayang marawal; maliwanag ito sa mga malalaking kalamidad, pati na rin sa panlipunan at pinansyal na krisis, sapagkat ang mga problema ng mundo'y hindi masusuri o maipaliliwanag ng nag-iisa. Maraming rehiyon ngayon ang nasa matinding panganib at, bukod sa lahat ng mga hula-hula ng pagkagunaw, ang kasalukuyang pandaigdigang sistema ay sadyang hindi sustainable kung pag-uusapan ang ilang mga pananaw, dahil tumigil na tayong mag-isip ng mga layunin ng aktibidad ng tao. "Kung pagmamasdan natin ang mga rehiyon ng ating planeta, agad nating makikitang binigo ng sangkatauhan ang inaasahan ng Diyos". [35]

IKALAWANG KABANATA

ANG EBANGHELYO NG PAGLIKHA

62. Bakit ang dokumentong ito, na ipinahahayag sa lahat ng taong may mabuting kalooban, ay nagsama ng kabanata hinggil sa paniniwala ng mananampalataya? Lubos kong nalalaman na sa larangan ng pulitika at pilosopiya naririyang ang mga taong pirming itinatangi ang ideya ng isang Manlilikha, o itinuturing itong walang katuturan, at agad nang binabalewala bilang walang katwiran ang mayamang ambag na magagawa ng mga relihiyon tungo sa makabuluhang ekolohiya at sa ganap na pagsulong ng sangkatauhan. Ang iba naman ay tinitingnan lamang ang relihiyon bilang isang subkulturang dapat payagan. Gayunpaman, ang agham at relihiyon, kasama ang kanilang natatanging pagtugon sa pag-unawa sa reyalidad, ay maaaring lumahok sa matinding talakayanag kapaki-pakinabang sa kanila.

I. ANG LIWANAG NA IDINUDULOT NG PANANAMPALATAYA

63. Dahil sa pagiging kumplikado ng krisis sa ekolohiya at sa samutsari nitong sanhi, dapat nating mapagtantong hindi lilitaw ang mga solusyon sa isang paraan lamang ng pagpapaliwanag at pag-iibang anyo ng reyalidad. Dapat ipakita rin ang paggalang sa samutsaring yamang pangkultura ng iba't ibang tao, ang kanilang sining at panulaan, ang kanilang panloob na buhay at ispiritalidad. Kung totoong inaalala nating makabuo ng ekolohiyang kayang lutasin ang mga pinsalang nagawa natin, walang sangay ng agham at walang anyo ng karunungan ang dapat kaligtaan, at kasama na riyang ang relihiyon at ang wikang nakapatungkol dito. Bukas ang Simbahang Katoliko sa mga pag-uusap ng may kaisipang pilosopikal; ito'y nagagawa niya upang makalikha ng samutsaring sintesis sa pagitan ng pananampalataya at katwiran. Ang pagyabong ng mga panlipunang katuruan ng Simbahan ay kumakatawan sa mga gayong sintesis kung pag-uusapan ang mga panlipunang usapin; ang katuruang ito'y inanyayahang pagyamanin sa pamamagitan ng pagtanggap sa mga bagong hamon.

64. Dagdag pa, bagamat tinatanggap ng Ensiklikong ito ang pakikipagtalakayan sa lahat upang sama-sama nating hanapin ang landas ng paglaya, nais kong mula sa simula'y ipakita kung paanong ang pananampalataya'y maiaalay sa mga Kristyano, pati na rin ang iba pang naniniwala, ang sapat na motibasyon upang ingatan ang kalikasan at lalo na ang mga pinaka-bulnerable nilang mga kapatid. Kung ang simpleng katotohanang ang pagiging tao'y nagpapakilos sa kanila upang pangalagaan ang kapaligiran kung saan sila'y bahagi, ang mga Kristyano naman ay "napagtatanto ang kanilang pananagutan sa mga nilikha, at ang kanilang tungkulin sa kalikasan at sa Lumikha, bilang mahalagang bahagi ng kanilang pananampalataya". [36] Mabuti para sa sangkatauhan at sa buong sandaigdigang kung tayong mga mananampalataya ay mas kinikilala ang ekolohiyang pangakong nagmumula sa ating mga paniniwala.

II. ANG KARUNUNGAN NG MGA BIBLIKAL NA SALAYSAY

65. Nang hindi inuulit ang buong teolohiya ng paglikha, matatanong natin kung ano ang masasabi ng mga dakilang salaysay na biblikal hinggil sa ugnayan ng tao sa daigdig. Sa unang salaysay ng paglikha sa Aklat ng Genesis, kasama sa plano ng Diyos ang paglikha sa sangkatauhan. Matapos malikha ang lalaki at babae, "Nakita ng Diyos ang lahat ng kanyang ginawa, at pinagmasdang napakaganda niyon" (Gen 1:31). Itinuturo ng Bibliya na bawat lalaki at babae ay nilikha mula sa pag-ibig at ginawa sa imah at pagkakatulad sa Diyos (sg. Gen 1:26). Ipinakita nito sa atin ang malaking dangal ng bawat tao, "na hindi lang siya isang bagay, kundi isang tao. May kakayahan siya sa sariling-kaalaman, sa sariling-pag-angkin at sa malayang pagbigay ng sarili at pagpasok sa pakikipagkaisa sa ibang tao". [37] Ipinahayag ni San Juan Paolo II na ang ispesyal na pagmamahal sa Lumikha para sa bawat tao "ay magdudulot sa kanya ng isang walang katapusang karangalan." [38] Yaong mga nakatuon sa pagtatanggol sa dignidad ng tao ay matatagpuan sa pananampalatayang Kristyano ang mga pinakamalalim na dahilan ng ganitong ganap na pagkilos. Gaano kahanga-hanga ang katiyakang ang bawat buhay ng tao ay hindi nakalutang sa laot ng walang kapag-a-pag-asang kaguluhan, sa mundong pinangungunahan ng purong kapalaran o ng walang katapusang pabalik-balik na siklo! Masasabi sa bawat isa sa atin ng Lumikha: "Bago ka pa malagay sa sinapupunan, kilala na kita" (Jer 1:15) Ipinagbuntis tayo sa pag-ibig ng Diyos, at sa dahilang ito, bawat isa sa atin ay bunga ng isipan ng Diyos. Bawat isa sa atin ay ipinagkaloob, bawat isa sa atin ay minamahal, bawat isa sa atin ay kinakailangan". [39]

66. Naglalaman ang mga salaysay sa paglikha sa aklat ng Genesis, sa kanilang sariling simboliko at naratibong wika, ng malalalim na katuruan hinggil sa pag-iral ng tao at ng pangkasaysayang reyalidad nito. Iminumungkahi nilang ang buhay ng tao'y nakatuntong sa tatlong batayan at mahigpit na nakapulot na ugnayan: sa Diyos, sa ating mga kapitbayan at sa mismong daigdig. Ayon sa Bibliya, ang tatlong mahahalagang ugnayang ito ay nabasag na, kapwa palabas at sa loob natin. Ang pagkasirang ito'y kasalanan. Ang pagkakasundong ito sa pagitan ng Lumikha, ng sangkatauhan at ng nilikha bilang kabuuan ay nilansag ng ating pag-aakalang mahahalinhin sa pwesto ang Diyos at tinatanggihang kilalanin ang ating limitasyon bilang nilalang. Dahil dito'y naging baliko ang ating mandatong "pamamahalaan" ang daigdig (sg. Gen 1:28), upang "pagyamanin ito at pangalagaan (Gen 2:15). Bilang resulta, ang orihinal na maayos na ugnayan sa pagitan ng tao at ng kalikasan ay naging gusot (sg. Gen 3:17-19). Mahalagang ang pagkakatumâ ng mga karanasan ni San Francisco ng Assisi sa lahat ng mga nilalang ay makikitang isang pagpapahilom sa pagkasirang iyon. Tinanganan naman ni San Buenaventura na, sa pamamagitan ng pangkalahatang rekonsilyasyon sa bawat nilalang, kahit papaano'y bumalik si San Francisco sa kalagayan ng orihinal na kawalang malay. [40] Ito'y napakalayo sa kalagayan natin ngayon, kung saan nahahayag ang mga kasalanan sa lahat ng mga mapanirang lakas sa mga digmaan, sa samutsaring anyo ng karahasan at pang-aabuso, ang pag-iwan sa mga pinakamahihina, at mga pag-atake sa kalikasan.

67. Hindi tayo Diyos. Narito na ang mundo bago pa ang tao at ito'y ipinagkaloob sa atin. Ito'y nagpapahintulot sa atin na sagutin ang mga bintang na ang kaisipang Judaeo-Kristyano, sa batayan ng salaysay sa Genesis na nagbibigay sa tao na "pamahalaan" ang daigdig (sg. Gen 1:28), ang nahikayat sa walang habas na pagsasamantala sa kalikasan sa pamamagitan ng paglalarawan sa kanya bilang mapaghari-harian at mapanira sa kalikasan. Hindi ito ang wastong interpretasyon ng Bibliya tulad ng pagkakaunawa ng Simbahan. Bagamat totoong tayong mga Kristyano paminsan-minsan ay namamali sa pagpapaliwanag ng Banal na Kasulatan, sa ngayon apat nating matinding itakwil ang kaisipang ang ating pagkakalikha sa imahen ng Diyos at pagbibigay ng pamamahala sa daigdig ay nagbibigay-katwiran sa ganap na pangingibabaw sa iba pang nilalang. Ang mga tekstong bibliikal ay dapat basahin sa kanilang konteksto, ng may angkop na ermenyútikó, na kinikilalang sinasabi sa ating "pagyamanin at pangalagaan" ang halaman ng daigdig (sg. Gen 2:15). Ang "pagpapayaman" ay tumutukoy sa paglilinang, pag-aararo o pagtatrabaho, habang ang "pangangalaga" ay nangangahulugang pag-iingat, pagtatanggol, pangangasiwa at pagpapanatili. Nagpapahiwatig ito ng ugnayan ng isa't isa sa pananagutan sa pagitan ng tao at ng kalikasan. Ang bawat pamayanan ay maaaring kumuha mula sa ipinagkaloob ng daigdig anuman ang kailangan nito upang mabuhay, ngunit may tungkulin din itong protektahan ang daigdig at tiyaking namumunga ito para sa mga susunod na salinlahi. "Ang daigdig ay sa Panginoon" (Ps 24:1); sa kanya nagmumula "ang daigdig at lahat ng nasa loob nito" (Dt 10:14). Kaya

itinatatwil ng Diyos ang anumang pahayag ng ganap na pag-aari: "Ang lupa ay hindi dapat ipagbili ng palagian pagkat ang lupang ito'y akin; pagkat kayo ay mga dayuhan at pansamantala lang tumitigil dito kasama ko" (Lev 25:23).

68. Ang pananagutang ito para sa daigdig ng Diyos ay nangangahulugang ang tao, na pinagkaloob ng talino, ay dapat igalang ang mga batas ng kalikasan pati na ang maselang balanseng umiiral sa pagitan ng mga nilalang sa mundong ito, pagkat "ipinag-utos niya at sila'y nilikha; at itinatag sila ng panghabampanahon; inayos niya ang kanilang mga hangganan at nagtakda ng batas na hindi mapasusubalian" (Ps 148:5b-6. Ang mga batas na matatagpuan sa Bibliya ay hinggil sa ugnayan, hindi lamang ng mga indibidwal, kundi ng iba pang nilalang. "Hindi mo dapat tingnan ang buriko ng iyong kapatid o ang pagkahulog ng kanyang palakol sa daan at pigilan ang iyong pagtulong... Sakaling makita mo ang isang pugad ng ibon sa anumang puno o sa lupa, may inakay na o itlog at ang kanilang ina'y lumilimlim sa mga inakay o sa mga itlog; huwag mong kukunin ang ina kasama ang mga inakay" (Dt 22:4, 6). Kasama ng mga linyang ito, ang pamamahinga sa ikapitong araw ay hindi lamang para sa mga tao. kundi upang "ang iyong palakol at iyong buriko ay makapagpahinga" (Ex 23:12). Ang maliwanag, ang Bibliya'y walang lugar para sa malupit na antroposentrismo na walang malasakit sa ibang nilikha.

69. Sama-sama sa aming obligasyon upang gamitin ng may pananagutan ang mga nilikha ng daigdig, tinawag tayo upang kilalanin na ang iba pang mga buhay na nilalang ay may sariling halaga sa mata ng Diyos: "sa kanilang pag-iral lamang ay binabasbasan nila siya at pinapupurihan siya", [41] at kaya, "nagagalak ang Panginoon sa kanyang mga ginawa" (Ps 104:31). Dahil sa ating natatanging dignidad at ang kaloob sa ating katalinuhan, tinawag tayo upang igalang ang sangnilikha at ang mga katutubo nitong batas, dahil "ang Panginoon sa pamamagitan ng karunungan ay nilikha ang daigdig" (Prov 3:19). Sa ating panahon, hindi sinasabi lang ng Simbahan na ang ibang nilalang ay ganap na nakapailalim sa kagalingan ng tao, na animo'y wala silang halaga sa kanilang sarili at maaaring tratuhin sa kung ano ang nais natin. Itinuro ng mga obispong Aleman na, kapag inaalala ang iba pang nilalang, "sinasabi natin ang pangunguna ng pagiging nilalang kaysa sa gamit nito sa atin". [42] Maliwanag at mariing pinuna ng Katekismo ang maling antroposentrismo: "Nag-aangkin ang bawat nilalang ng sarili nitong partikular na kabutihan at kaganapan... Ang bawat samutsaring nilalang, na ninais ang sarili nitong pag-iral, ay sumasalamin sa sarili nitong paraan ng pagbanaag sa walang hanggang karunungan at kabutihan ng Diyos. Kaya dapat igalang ng tao ang natatanging kabutihan ng bawat nilalang, upang maiwasan ang pagkakagulo ng gamit ng mga bagay". [43]

70. Sa kwento ni Cain at Abel, nakita natin kung paanong ang inggit ay nagtulak kay Cain na makagawa ng matinding inhustisya laban sa kanyang kapatid, na naging dahilan upang masira ang ugnayan nina Cain at ng Diyos, at sa pagitan ni Cain at ng lupa kung saan siya naglaho. Maliwanag itong makikita sa madulaing pagtatagpo ng Diyos at ni Cain. Tinanong ng Diyos: "Nasaan ang kapatid mong si Abel?" Sumagit si Cain na hindi niya alam, at iginiit ng Diyos: "Anong ginawa mo? Nananaghoy sa akin ang tinig mula sa lupa ng dugo ng iyong kapatid. At ngayon ay isinumpa ka mula sa lupa" (Gen 4:9-11). Ang pagpapabaya sa tungkuling maglinang at panatilihin ang tamang ugnayan sa aking kapitbahay, kung saan ang pangangalaga at pag-iingat na aking pananagutan, ay nakasira sa aking ugnayan sa aking sarili, sa kapwa, sa Diyos at sa daigdig. Kapag pinabayaan ang lahat ng mga relasyong ito, kapag hindi na nananahan ang katarungan sa lupain, sinasabi sa atin ng Bibliya na nanganganib ang mismong buhay. Makikita natin ito sa kwento ni Noah, kung saan nagbanta ang Diyos na pabayaang sangkatauhan dahil sa palagian nitong kabiguan na tuparin ang mga rekisitos ng katarungan at kapayapaan: "Ipinasiya kong lipulin na ang lahat ng nilalang; pagkat ang daigdig ay puno na ng karahasan dahil sa kanila" (Gen 6:13). Ang mga sinaunang kwentong ito, na punung-puno ng simbolismo, ay saksi sa matibay na paniniwalang pinagsasamahan natin ngayon, na ang lahat ng bagay ay magkaugnay, at ang totoong pangangalaga sa ating sariling buhay at sa ating pakikipag-ugnayan sa kalikasan ay hindi maihihiwalay sa pagkakapatiran, katarungan at katapatan sa kapwa.

71. Bagamat "ang kasamaan ng tao ay malaki sa lupa" (Gen 6:5) at ang Panginoon "ay nagsisi na nilikha niya ang tao sa lupa" (Gen 6:6), gayunman, sa pamamagitan ni Noah, na nananatiling walang bahid ng kasalanan at makatarungan, nagpasya ang Diyos na buksan ang isang landad ng kaligtasan.

Sa ganitong paraan ay binigyan niya ang sangkatauhan ng pagkakataong makapagsimula ng bago. Nangyari ito dahil sa isang mabuting taong magbabalik ng pag-asa! Malinaw na ipinakikita ng tradisyong biblikal na ang ganitong pagbabago ay nangangailangan ng pagbawi at paggalang sa indayog na isinulat ng kamay ng Lumikha sa kalikasan. Nakita natin ito, halimbawa, sa batas ng Sabat. Sa ikapitong araw, nagpahinga ang Diyos sa lahat ng kanyang ginawa. Inutusan niya ang Israel na ilaan ang bawat ikapitong araw ay gawing araw ng pahinga, ang Sabat, (sg. Gen 2:2-3; Ex 16:23; 20:10). Katulad niyon, bawat pitong taon, isang taon ng sabatikal ang inilalaan para sa Israel, bilang kumpletong pahingan para sa lupa (sg. Lev 25:1-4), kung kailan ipinagbabawal ang pagtatanim at ang pag-aani naman ay yaon lamang kinakailangan upang mabuhay at mapakain ang buong pamilya (sg. Lev 25:4-6). Nagkaroon ng batas na ito bilang pagtatangkang tiyakin ang balanse at pagiging patas ng kanilang mga relasyon sa kapwa at sa lupain kung saan sila nakatira at nagtatrabaho. Kasabay nito, kinikilala rin na kaloon ng lupa kasama ang mga bunga nito ay para sa lahat. Yaong naglililang at nangangalaga sa lupa ay naobligang ibahagi ang mga bunga nito, lalo na sa mga mahihirap, sa mga balo, mga ampon at mga dayuhang nasa kalagitnaan nila: "Kapag nag-ani kayo sa inyong lupain, huwag kayong mag-ani sa iyong bukid hanggang sa kanyang hangganan, ni huwag tipunin ang mga nangalaglag matapos ang anihan. At huwag ninyong simutin ang inyong ubasan, ni huwag pupulutin ang mga bungang nahulog sa inyong ubasan; iwan ninyo iyon para sa mga dukha at sa mga tagaibang bayan" (Lev 19:9-10).

72. Madalas ipayo sa atin ng Awit na purihin ang Diyos na Lumikha, 'siyang naglatag ng lupa sa katubigan, para sa kanyang matatag na pag-ibig magpakailanman' (Ps 136:6). Inaanyayahan din nila ang ibang nilalang na samahan tayo sa papuring ito: "Purihin siya, araw at buwan, purihin siya, lahat kayong nagniningning na bituin! Purihin siya, kayong napakataas na kalangitan, at kayong katubigang nasa ibabaw ng kalangitan! Hayaan nyong purihin nila ang pangalan ng Panginoon, dahil siya ang nag-aatas at sila ang nilalang" (Ps 148:3-5). Hindi lang tayo umiiral dahil sa malakas na kapangyarihan ng Diyos; nabubuhay tayong kasama niya at katabi niya. Kaya nga sinasamba natin siya.

73. Inaanyayahan tayo ng mga sulatin ng mga propeta na hanapin ang panibagong kalakasan sa panahon ng pagsubok sa pamamagitan ng pagninilay sa napakamakapangyarihang Diyos na lumikha ng sanlibutan. Gayunman, ang walang hanggang kapangyarihan ng Diyos ay hindi magdadala sa atin upang takasan ang pagkagiliw niya bilang ama, pagkat sa kanya'y magkarugtong ang pagmamahal at kalakasan. Sa katunayan, nangangailangan ang buong kasiglahan ng ispiritwalidad ng kapwa pagtanggap ng banal na pag-ibig at pagsamba, nananalig sa Panginoon dahil sa kanyang walang hanggang kapangyarihan. Sa Bibliya, ang Diyos na nagpapalaya at nagliligtas ay siya ring Diyos na lumikha ng sanlibutan, at ang dalawang banal na pamamaraang ito ng pagkilos ay may ugnayang matapat at hindi mapaghihiwalay: "O, Panginoong Diyos! Ikaw na siyang lumikha ng kalangitan at sandaigdigan sa pamamagitan ng iyong dakilang kapangyarihan at ng iyong nakadipang bisig! Walang napakahirap para sa iyo... Dinala mo ang iyong mamamayang Israel palabas ng lupain ng Ehipto nang maraming sagisag at kababalaghan" (Jer 32:17, 21). "Ang Panginoong ang walang hanggang Diyos, ang Lumikha ng dulo ng daigdig. Hindi siya nananamlay ni napapagod; ang kanyang pang-unawa'y hindi kayang saliksikin. Binibigyan niya ng lakas yaong nananamlay, at ng lakas yaong nanghihina" (Is 40:28b-29).

74. Ang naranasan ng pagkakadakup ng mga taga-Babylonia ang nagbunsod ng krisis ispiritwal na humantong sa mas malalim na pananampalataya sa Diyos. Ngayon ang kanyang pagkamalikhang kapangyarihang walang hanggang ay binigyan ng angkop na pagpapahalaga upang hikayatin ang mga tao upang magkaroon ng pag-asang muli sa gitna ng kanilang kahabag-habag na kalagayan. Ilang siglo ang nagdaan, sa ibang panahon ng pagsubok at pag-uusig, nang ang Imperyong Romano'y magpataw ng lubusang kapangyarihan, muling makatatagpo ng aliw at pag-asa ang mga mananampalataya sa lumalagong pagtitiwala ng napakamakapangyarihang Diyos: "Dakila at kahanga-hanga ang iyong mga gawa, O Panginoong Diyos na Makapangyarihan sa lahat! Matuwid at tunay ang iyong pamamaraan!" (Rev 15:3). Ang Diyos na lumikha ng sanlibutan mula sa wala ay namagitan sa mundong ito at napagtagumpayan ang anumang anyo ng kasamaan. Malulupig din ang inhustisya.

75. Ang ispiritwalidad na kinakalimutan ang Diyos bilang napakamakapangyarihan at Lumikha ay hindi katanggap-tanggap. Iyan ang dahilan kung sinasamba natin ang mga makamundong kapangyarihan, o ang ating sarili na inaagaw ang kinalalagyan ng Diyos, kahit sa puntong inaangkin na ang walang katapusang karapatan upang yurakan at tapak-tapakan ang kanyang mga nilikha. Ang pinakamabuting paraan upang ibalik ang mga tao sa kanilang karapat-dapat na kalagyan, ang tapusin ang kanilang pag-aangkin sa lubusang pamamahala sa buong daigdig, ay ang muling magsalita hinggil sa anyo ng Ama na lumikha at tanging nag-aangkin ng mundo. Kung hindi'y palaging igigiit ng tao ang kanilang sariling batas at interes sa reyalidad.

III. ANG MISTERYO NG SANLIBUTAN

76. Sa tradisyong Judaeo-Kristyano, ang salitang "paglikha" ay may mas malawak na kahulugan kaysa "kalikasan", dahil may kinalaman ito sa magiliw na plano ng Diyos kung saan bawat nilikha ay may sariling halaga at kabuluhan. Ang kalikasan ay karaniwang nakikita bilang isang sistemang napag-aaralan, nauunawaan at napamamahalaan, samantala ang paglikha naman ay nanununawaan bilang isang kaloob mula sa nakadipang kamay ng Ama ng lahat, at bilang reyalidad ay natataglawan ng pag-ibig na nananawagan ng sama-sama sa atin patungo sa panglahatang pagkakaisa.

77. "Sa pamamagitan ng salita ng Diyos ay nayari ang langit" (Ps 33:6). Ipinahahayag nito sa atin na nabuo ang mundo bilang resulta ng isang desisyon, hindi mula sa kaguluhan o nagkataon lang, at mas higit itong dinarakila. Ang nilikhang salita ay nagpapahayag ng malayang pagpapasya. Ang sanlibutan ay hindi lumitaw bilang resulta ng hindi makatwirang kapangyarihan, pagpapakita ng lakas o pagnanais na igiit ang sarili. Ang paglikha'y nasa kaayusan ng pag-ibig. Ang pag-ibig ng Diyos ang pangunahing kalakasan sa lahat ng bagay na nilikha: "Pagkat minahal mo ang lahat ng bagay na umiiral, at wala kang kinamuhian sa lahat ng bagay na iyong ginawa; pagkat hindi mo lilikhain ang anumang iyong kinamumuhian" (Wis 11:24). Kaya ang bawat nilikha ang siyang pakay ng pagkagiliw ng Ama, at inilatag ang kinalalagyan nito sa mundo. Kahit ang panandaliang buhay ng pinakamababa mang nilikha ang siyang pakay ng kanyang pagmamahal, at kahit sa ilang saglit na pag-iral, nilulubos ng Diyos ang pagmamahal dito. Si San Basilio ang Dakila ay inilarawan ang Lumikha bilang "hindi masukat na kabutihan", samantalang sinabi ni Dante Alighieri ang "pag-ibig na nagpagalaw sa araw at mga bituin". [45] Samakatwid, maaari tayong pumaitaas mula sa mga bagay na niliha "patungo sa kadakilaan ng Diyos at sa kanyang mapagmahal na kahabagan". [46]

78. Kasabay nito, iniisip ng mga Judaeo-Kristyano ang muling pagpapaliwanag sa kalikasan. Habang patuloy na humahanga sa dingal at kalawakan nito, hindi na nito nakikitang banal ang kalikasan. Pag ginawa ito, binibigyang-diin nito ang higit pang panaangutan ng tao sa kalikasan. Ang muling pagkatuklas na ito sa kalikasan ay hindi na dahil sa kalayaan at pananagutan ng tao, na bilang bahagi ng mundo, ay may tungkuling linangin ang kanilang abilidad upang protektahan ito at paunlarin ang kakayahan nito. Kung kinikilala natin ang kahalagahan at karupukan ng kalikasan at, kasabay nito, ang kakayahang ipinagkaloob ng sa atin ng Diyos, maaari na nating iwan ang modernong alamat ng walang-katapusang materyal na pag-unlad. Isang marupok na mundo, na ipinagkatiwala ng Diyos sa pag-iingat ng tao, ay humahamon sa ating magbalangkas ng matalinong pamamaraan ng pangangasiwa, pagpapaunlad at pagtatakda ng ating kalakasan.

79. Sa sanlibutang ito, na inugit ng bukas at nakapagbabatirang sistema. maaari nating unawaan ang di mabilang na anyo ng ugnayan at pakikilahok. Inaakay tayo nitong isipin ang kabuuan bilang bukas sa transcendensya ng Diyos, kung saan ito yumayabong. Pinahihintulutan tayo ng pananampalataya upang ipaliwanag ang kahulugan at di malirip na kagandahan ng kung anong naisisiwalat. Malaya tayong gamitin ang ating talino sa mga bagay na positibong umuusbong, o kaya'y pagdaragdag ng bagong sakit, bagong dahilan ng pagdurusa at totoong dagok. Ito ang nangyayari upang ang kagalakan at dula ng kasaysayan ng tao, kung saan ang kalayaan, paglago, kaligtasan at pag-ibig ay mamumulaklak, o tutungo sa panghihina o pagkasira ng isa't isa. Hinahagilap ng gawain ng Simbahan hindi lamang ang paalalahanan ang bawat isa ng tungkulin sa pangangalaga sa kalikasan, kundi kasabay nito'y "sa pangkalahatan ay dapat niyang protektahan ang tao mula sa sarili nitong pagkasira". [47]

80. Subalit ang Diyos, na nagnanais na gumawa kasama tayo at umaasa sa ating pakikipagtulungan, ay mailalabas ang kabutihan mula sa kasamaang ginawa natin. "Sinabing mayroong walang katapusang pagkamalikhain ang Banal na Espiritu, na angkop sa banal na kaisipan, na batid kung paano luluwagan ang pisi ng pakikipag-ugnayan ng tao, kasama na ang pinakamasalimuot at hindi maunawaan". [48] Nilikha ang mundong nangangailangan ng pag-unlad, sa ilang paraan ay tinakdaan ng Diyos ang kanyang sarili sa pamamaraang ang karamihan ng mga bagay na iniisip nating masamâ, mapanganib o pinagmumulan ng pagdurusa, sa katotohanan ay bahagi ng sakit ng pagkasilang na ginagamit niya upang dalhin tayo upang makipagtulungan sa Lumikha. [49] Lubusang naroroon ang Diyos sa bawat nilikha, nang hindi nakikialam sa pagsasarili ng kanyang nilikha, at nagpalitaw ito sa nararapat na awtonomya ng mga ugnayan sa mundo. [50] Ang kanyang banal na presensya, na nagtitiyak sa ikabubuhay at paglago ng bawat nilikha, "ay ipinagpapatuloy ang mga ginawa ng paglikha". [51] Pinunô ng Espiritu ng Diyos ang sanlibutan ng mga posibilidad at kaya, mula sa puso ng mga bagay-bagay, may mga bagong laging lilitaw: "Ang kalikasan ay walang iba kundi isang uri ng sining, na tinatawag na sining ng Diyos, na itinanim sa maraming bagay, kung saan ang mga bagay na iyon ay tumungo sa isang takdang wakas. Ito'y tila baga mga gumagawa ng barko na binigyan ang troso ng kakayahang kumilos ng kusa upang magsaanyong barko". [52]

81. Ang mga tao, kahit na isipin natin ang isang proseso ng ebolusyon, ay nang-aangkin ng sariling katangiang hindi ganap na maipaliliwanag sa pamamagitan ng ebolusyon ng iba pang sistemang lantad. Bawat isa sa atin ay may sariling personal na identidad at kayang pumasok sa pakikipagtalakayan sa kapwa at sa mismong Diyos. Ang kakayahan nating mangatwiran, bumuo ng mga argumento, ang maging mapanlikha, ang pagnilayan ang reyalidad at lumikha ng sining, kasama ang ibang hindi pa natutuklasang kakayahan, ay mga senyales ng pagkanatatangi na lumalampas sa sinasaklaw ng pisika at biyolohiya. Ang lubos na bagong karanasang kasama sa paglitaw ng mga personal na kairalan sa loob ng materyal na sanlibutan na sinasapantahang isang direktang aksyon ng Diyos at isang partikular na panawagan sa buhay at sa relasyon sa bahagi ng "Ikaw" na tinutukoy ang sarili sa iba pang "ikaw". Ang mga salaysay sa bibliya hinggil sa paglikha ay nag-aanyaya sa atin na tingnan ang bawat tao bilang isang paksang hindi mapaliliit sa kalagayan ng isang bagay.

82. Subalit mali ring tingnan ang iba pang nilikha bilang bagay lamang na dapat ipailalim basta na lang sa pamamahala ng tao. Kapag tiningnan lang ang kalikasan bilang pinagmumulan ng tubô at pakinabang, may malubhang bunga para sa lipunan. Ang pananaw na "ang malakas ay tama" ay nagbunga ng malawak na hindi pagkakapantay-pantay, kawalan ng katarungan at karahasan laban sa mayorya ng sangkatauhan, dahil ang mga likasyaman ay napupunta lang sa kamay ng mga nauna o ng pinakapakapangyarihan: ang nanalo ang humahamig ng lahat. Ganap na kaiba sa mag modelong ito ang mithiin ng pagakkaisa, katarungan, kapatiran at kapayapaang ipinanukala ni Hesus. Tulad ng sinabi niya sa mga makapangyarihan noong kanyang kapanahunan: "Alam nyong ang tagapamahala ng mge Hentil ay namamanginoon sa kanila, at ang kanilang malalaking tao ay gumagamit ng awtoridad sa kanila. Hindi dapat ganito ang paraan sa inyo; kundi ang sinumang magiging dakila sa inyo ang siyang magiging inyong lingkod" (Mt 20:25-26).

83. Ang ganap na patutunguhan ng sanlibutan ay ang kapuspusan ng Diyos, na naabot na ng muling mabuhay ang Kristo, ang sukatan ng maturidad ng lahat ng bagay. [53] Dito'y maidaragdag natin ang isa pang argumento para itakwil ang bawat pamamahalang malupit at kawalan ng pananagutan ng tao sa iba pang nilikha. Ang talagang layunin ng iba pang nilikha ay hindi matatagpuan sa atin. Kundi, ang lahat ng niliha ay sumusulong kasabay natin at sa pamamagitan natin patungo sa magkasabay na punto ng pagdatal, kung saan ang Diyos sa higit na kapuspusan niyon kung saan ang lahat ay niyakap at tinanglawan ng Kristong nagbangon. Ang mga tao, na pinagkalooban ng talino at pagmamahal, at nahahanak ng kapuspusan ng Kristo, ay tinawag upang pangunahan ang lahat ng nilikha sa pagbabalik sa kanilang Lumikha.

IV. ANG MENSAHE NG BAWAT NILALANG SA PAKIKIPAGKAISA SA PAGLIKHA

84. Ang paggigiit natin na ang bawat tao ay mula sa imahe ng Diyos ay hindi dapat makapagpalimot sa atin sa katotohanang ang bawat nilikha'y may sariling layunin. Walang hindi kailangan. Ang buong materyal na sanlibutan ay nagpapahayag ng pag-ibig ng Diyos, ang walang hangganang pagmamahal niya para sa atin. Ang lupa, ang tubig, ang mga kabundukan: ang lahat ng bagay, na lagi nalang, ay isang hagod ng Diyos. Ang kasaysayan ng ating pakikipagkaibigan sa Diyos ay laging nakaugnay sa partikular na lugar na patungo sa isang marubdob na pansariling kahulugan; natatandaan nating lahat ang mga lugar, at ang muli nating pagdalaw sa mga gunita ay nakabubuti sa atin. Ang sinumang lumaki sa mga burol o kaya'y laging umuupo sa bukal upang uminom, o maglaro sa labas sa liwasan ng kapitbahayan; ang pagbabalik sa mga lugar na ito'y isang pagkakataon upang mabawi ang anumang nasa kanilang totoong sarili.

85. Nagsulat ang Diyos ng natatanging aklat, "kung saan ang mga titik ay kawan ng mga nilikhang bagay na makikita sa sanlibutan". [54] Wastong tinukoy ng mga obispong mula Canada na walang nilikhang pinabayaan mula sa ganitong ipinahayag ng Diyos: "Mula sa malawak na tanawin hanggang sa pinakamaliit na anyo ng buhay, ang kalikasan ang palagiang pinagmumulan ng paghanga at pagkamangha. Isa rin itong patuloy na nagpapahayag ng kabanalan". [55] Ang mga obispo ng Japan, sa bahagi nila, ay gumawa ng nakapupukaw-sa-isip na pagsisiyasat: "Ang maramdamang ang bawat nilalang na umaawit ng himig ng pag-iral nito ay ang mabuhay ng masaya sa pag-ibig at pag-asa ng Diyos". [56] Ang pagninilay na ito sa paglikha ay nagpapahintulot sa ating matuklasan na bawat bagay ay isang aral na nais ibahagi ng Diyos sa atin, dahil "para sa mananampalataya, ang pagnilayan ang sangnilikha ay pakikinig ng mensahe, ang makinig sa tinig na balintuna at tahimik". [57] Masasabi nating "sa tabi ng maayos na tinatawag na rebelasyon, na nakapaloob sa banal na Kasulatan, may banal itong nagpapahayag sa dingas ng araw at sa pagbagsak ng gabi". [58] Ang pagbibigay-pansin sa nagpapahayag na ito, natututo tayong makita ang sarili natin sa relasyon nito sa iba pang nilalang: "Ipinahahayag ko ang aking sariling nagkakapahayag sa mundo; sa aking pagsisikap na maunawaan ang kabanalan ng mundo, gagalugarin ko ang akin". [59]

86. Ipinapakita ng sanlibutan sa kabuuan, sa lahat ng masagana nitong ugnayan, ang hindi masasaid na yaman ng Diyos. Matalinong itinalâ ni Santo Tomas Aquinas ang pagkarami-rami at pagkakaiba-iba "ay nanggagaling mula sa layunin ng unang kinatawan" na nagnanais na "kung ano ang kapos sa isa sa representasyon sa banal na kabutihan ay maaaring ibigay ng iba", [60] hangga't ang kabutihan ng Diyos "ay hindi kayang angkop na katawanin ng iba pang nilalang". [61] Kaya dapat nating maunawaan ang samutsaring bagay sa kanilang maramihang relasyon. [62] Mas nauunawaan nating mabuti ang kahalagahan at kahulugan ng bawat nilalang kung pagninilayan nating kabilang sila sa kabuuan ng plano ng Diyos. Tulad ng itinuturo ng Katekismo: "Ninanaing ng Diyos ang pagtutulungan ng sangnilikha. Ang araw at ang buwan, ang sedro at ang maliit na bulaklak, ang banoy at ang langay-langayan: ang tanawing ang kanilang hindi mabilang na samutsaring buhay at hindi nila pagkakaparepareho ay nagsasabi sa ating walang nilalang na kayang makapag-isa. Nabubuhay ang bawat nilalang na umaasa sa bawat isa, upang maging ganap ang bawat isa, sa paglilingkod sa bawat isa". [63]

87. Kapag nakikita natin ang Diyos na sumasalamin sa lahat ng umiiral, napapakislot ang ating puso upang purihin ang Panginon dahil sa lahat ng kanyang nilalang at sambahin siya kaisa nila. Ang damdaming ito'y mahahagilap sa nakamamanghang pahayag sa awit ni San Francisco ng Assisi:

Purihin ka, aking Panginon, kasama ang lahat ng iyong nilalang,
lalo na ang Kapatid na Araw,

na siyang adlaw at sa pamamagitan nito'y ibinigay mo ang liwanag.
At siya'y maganda at makinang ng may dakilang kariktan,
at naglalatatag ng pagkakatulad sa iyo, Kataas-taasan.

Purihin ka, aking Panginon, sa pamamagitan ng Kapatid na Buwan at mga bituin,
sa kalangitan ay inayos mo silang malinaw at natatangi at maganda.

Purihin ka, aking Panginon, sa pamamagitan ng Kapatid na Hangin,
at sa pamamagitan ng himpapawid, maulap at mapayapa, at sa bawat uri ng panahon
kung saan ibinigay mo ang ikabubuhay ng iyong mga nilalang.

Purihin ka, aking Panginoon, sa pamamagitan ng Kapatid na Tubig, na lubhang kapaki-pakinabang at mapagkumbaba at natatangi at malinis. Purihin ka, aking Panginoon, sa pamamagitan ng Kapatid na Apoy, sa pamamagitan mo'y nagliliwanag ang gabi, at siya'y maganda at mapaglaro at matipuno at malakas". [64]

88. Tinukoy ng mga obispo ng Brazil na ang kalikasan sa kabuuan ay hindi lamang ipinahahayag ang Diyos kundi batayan din ng kanyang presensya. Nananahan ang Espiritu ng buhay sa bawat nabubuhay na nilalang at tinatawag tayong pumasok sa pakikipagrelasyon sa kanya. [65] Ang pagkakatuklas sa presensyang ito ay umaakay sa atin upang linangin ang "mga kabutihang pang-ekolohiya". [66] Ito'y hindi para kaligtaan na may walang katapusang distanya sa pagitan ng Diyos at ng mga bagay sa mundong ito, kung saan hindi nag-aangkin ng kanyang kalubusan. Kung hindi'y wala tayong gagawing anumang maganda sa mga mismong nilalang, dahil mabibigo tayong kilalanin ang kanilang karapatan at angkop na kinalalagyan. Magtatapos lang tayong masyadong humihiling sa mga ito ng mga bagay, na dahil sa kanilang kaliitan, ay hindi nila maibibigay sa atin.

V. ISANG PANGKALAHAT ANG PAGKAKAISA

89. Ang mga bagay na nilikha sa mundong ito ay hindi malaya sa pag-aari: "Pagkat lahat ng iyon ay sa iyo, O Panginoon, na iniibig ang mga nangabubuhay" (Wis 11:26). Ito ang batayan ng ating paniniwalang, bilang bahagi ng sanlibutan, na tinawag ng isang Ama upang mabuhay, lahat tayo'y pinag-ugnay ng hindi nakikitang mga bigkis at magkasamang binuo ang isang uri ng pangkalahatang pamilya, isang dakilang pagkakaisa na nagpunô sa atin ng isang banal, magiliw at mapagkumbabang paggalang. Dito'y nais kong uliting "Pinaglapit tayong mabuti ng Diyos sa mundong ginagalawan upang madama natin ang pagkatuyo ng lupa na halos isa nang pisikal na karamdaman, at ang pagkalipol ng isang espésye bilang isang masakit na pagpapapangit". [67]

90. Ito'y hindi para hilahin ang lahat ng nabubuhay na nilalang sa iisang antas o pagkaitan ang sangkatauhan ng kanilangnatatanging halaga at ang malaking pananagutang kaakibat nito. Hindi rin ito nagpapahiwatig ng pagkabanal ng daigdig na pipigil sa atin upang kumilos higgil doon at maprotektahan iyon sa kanyang karupukan. Hahantong ang gayong pagkaunawa sa paglikha ng mga bagong kawalan ng balanse na maglilihis sa atin mula sa reyalidad na humahamon sa atin. [68] Minsan, makakakita tayo ng pagkahumaling na pabulaanan ang anumang kadakilaan ng tao; mas maraming sagisag na ipinakikita sa pagprotekta ng iba pang espésye kaysa pagtatangol sa dignidad kung saan ibinabahagi ito ng buong sangkatauhan ng pantay-pantay. Kaya dapat tayong magmalasakit kung hindi'y hindi tatrathin nang maganda ang iba pang nilalang. Ngunit dapat tayong lubusang magngitngit sa malaking hindi pagkakapantay-pantay na kinakaharap natin, kung saan patuloy nating pinahihintulutan ang ibang ang turing sa kanilang sarili'y mas karapat-dapat sila kaysa iba. Bigo tayong makita na ang iba'y nakukulapulan ng malubha at masamang kahirapan, nang walang malalabasan, habang ang iba'y wala ni bahagyang ideya kung anong gagawin sa kanilang pag-aari, na palalong nagpapakita ng kanilang inaakalang superyoridad, at nag-iwan ng laksa-laksang basura, na kung ito ang kaso sa maraming lugar, na makasisira sa planeta. Sa palagiang gawi, patuloy nating hinahayaan ang iba sa pagturing sa kanilang sarili na mas makatao sila kaysa iba, na tila baga isinilang silang may mas maraming karapatan kaysa iba.

91. Hindi magiging totoo ang kahulugan ng malalim na pagkakaisa hinggil sa buong kalikasan kung ang ating puso'y dahop sa lambing, habag at malasakit sa ating kapwa tao. Ito'y malinaw na hindi nakatutugon sa paglaban sa pagkalakal ng nanganganib na espésye habang nananatiling ganap na walang malasakit sa pangangalakal ng tao, walang pakialam sa mga mahihirap, o nagtatangkang sirain ang ibang taong itinuturing na hindi kanais-nais. Isinusubo nito ang totoong kahulugan ng ating pakikibaka alang-alang sa kapaligiran. Hindi nagkataon lang na, sa awit kung saan pinuri ni San Francisco ang Diyos para sa kanyang mga nilalang, ay kanyang sinabi: "Purihin ka aking Panginoon, sa pamamagitan ng mga nagbigay ng kapatawaran para sa iyong pag-ibig". Ang lahat ng bagay ay

magkaugnay. Kaya ang pagmamalasakit sa kapaligiran ay kailangang samahan ng taos-pusong pag-ibig para sa ating kapwa at isang matibay na pangakong lutasin ang mga problema ng lipunan.

92. Dagdag pa, kapag ang ating puso'y tunay na bukas sa pangkalahatang pagkakaisa, ang kahulugang ito ng kapatiran ay hindi pagbubukod sa wala. Sumusunod dito na ang ating kawalang-malasakit o kalupitan sa kapwa nilalang ng mundong ito sa malao't madali'y makaaapekto sa pakikitungo natin sa ating kapwa tao. May isang puso lang tayo, at ang kaparehong pagkaaba na aakay sa atin upang abusuhin ang isang hayop, hindi magtatagal, ay magpapakita ng ating ugnayan sa ating kapwa tao. Ang bawat kalupitan sa anumang nilikha ay "salungat sa dignidad ng tao". [69] Kayhirap na ituring nating kaibig-ibig tayo kapag ipinagwalang-bahala natin ang anumang aspeto ng reyalidad: "Ang kapayapaan, katarungan at ang pangangalaga ng sangnilikha ang tatlong ganap na magkakaugnay na paksa, na hindi maihihiwalay at ituring na indibidwal nang hindi na muling babagsak sa reduksyonismo". [70] Ang lahat ng bagay ay magkaugnay, at tayong mga tao'y nagkakaisa bilang magkakapatid sa isang kahanga-hangang peregrinasyon, na sama-samang hinabi ng pag-ibig ng Diyos sa bawat kanyang nilalang at siya ring nagbuklod sa atin sa mairuring paggiliw sa kapatid na araw, kapatid na buwan, kapatid na ilog at inang daigdig.

VI. ANG KARANIWANG DESTINASYON NG MGA KALAKAL

93. Nananampalataya man o hindi, sumasang-ayon tayo ngayon na ang daigdig ay mahalagang ibinahaging pamana, kung saan ang mga bunga'y para sa kagalingan ng lahat. Para sa mga nananampalataya, ito'y naging usapin ng katapatan sa Lumikha, [agkat ang Diyos ang lumikha ng mundo para sa lahat. Kaya ang bawat pang-ekolohiyang pagtugon ay nangangailangang isama ang panlipunang pananaw na inaalala ang pangunahing mga karapatan ng mahihirap at mga hindi nabibiyayaan. Ang prinsipyo ng pagpapailalim ng pribadong pagmamay-ari sa pangkalahatang destinasyon ng mga kalakal, at kaya ang karapatan ng bawat isa sa kanilang gamit, ay isang gintong batas ng panlipunang gawi at "ang unang prinsipyo ng kabuuang kaayusang etikal at panlipunan". [71] Hindi kinikilala ng tradisyong Kristyano ang karapatan sa pribadong pag-aari bilang ganap o hindi malalabag, at ipinagdiinan ang panlipunang layunin ng lahat ng anyo ng pribadong pag-aari. Matinding pinagtibay muli ni San Juan Paolo II ang aral na ito, at ipinahaya na "Ibinigay ng Diyos ang daigdig sa buong sangkatauhan para sa ikabubuhay ng lahat ng kasapi nito, nang walang sinumang inihihwalay o kinakampihan". [72] Matitinding pananalita ang mga ito. Itinala niyang "ang tipo ng kaunlarang hindi gumagalang at nagtataguyod ng karapatang pantao - personal at panlipunan, pang-ekonomya at pampulitika, kasama na ang karapatan ng mga bansa at ng smga tao - ay hindi tunay na karapat-dapat sa tao". [73] Malinaw niyang ipinaliwanag na "tunay ngang ipinagtatanggol ng Simbahan ang lehitimong karapatan sa pribadong pag-aari, subalit may kalinawan din niyang ipinangangaral na laging may panlipunang pagsasangla ng lahat ng pribadong pag-aari, upang ang mga kalakal ay magsilbi sa pangkalahatang layuning ibinigay ng Diyos sa kanila". [74] Kaya, iginiit niya, "ito'y hindi sang-ayon sa plano ng Diyos na ang kaloob na ito'y gamitin sa pamamaraang ang makikinabang lang ay iilan". [75] Nananawagan ito ng malubhang usapin hinggil sa hindi makatarungang kaugalian sa bahagi ng sangkatauhan. [76]

94. Ang mayaman at ang mahihirap ay may pantay na dignidad, pagkat "ang Panginoon ang lumikha sa kanilang lahat" (Prov 22:2). "Nilikha niya mismo ang maliliit at malalaki" (Wis 6:7), at "ginawa niyang sumikat ang araw sa kasamaa at sa kabutihan" (Mt 5:45). Ito'y may praktikal na kahihinatnan, tulad ng tinukoy ng mga obispo ng Paraguay: "Ang bawat magbubukid ay may likas na karapatang mag-angkin sa makatwirang pamamahagi ng lupa kung saan maiaiatyo niya ang kanyang tahanan, makagagawa ng ikabubuhay para sa kanyang pamilya at isang buhay na ligtas. Dapat magarantiyahan ang karapatang ito upang ang pagsasaganap nito'y hindi isang guniguni lang kundi totoo. Nangangahulugan itong bukod sa pag-aangkin ng ari-arian, ang mga tao sa kanayunan ay dapat madaling makakuha ng pamamaraan ng teknikal na edukasyon, kredito, seguro at pamilihan". [77]

95. Ang likas na kapaligiran ay kolektibong kabutihan, ang patrimonya ng buong sangkatauhan at pananagutan ng lahat. Kung gagawing nating sarili ang ilang bagay, ito'y upang pangasiwaan lang iyon

para sa kapakinabangan ng lahat, Dahil pag hindi natin ginawa, inaatang natin sa ating budhi ang kabigatan ng hindi pagtanggap sa buhay ng iba. Ito ang dahilan kung bakit tinanong ng mga obispong taga-New Zealand kung ano ang kahulugan ng utos na "Huwag kang papatay" kung ang "dalawampung bahagdan ng populasyon ng mundo ay kumokonsumo ng likasyaman sa bilis na inaagawan ang mahihirap na bansa at ang mga susunod na henerasyon ng kanilang pangangailangan upang mabuhay". [78]

VII. ANG TITIG NI HESUS

96. Kinuha ni Hesus ang pananampalatayang biblikal sa Diyos na Lumuha, ipinagdiinan ang batayang katotohanan: Ang Diyos ang Ama (sg. Mt 11:25). Sa pakikipag-usap sa kanyang mga alagad, aanyayahan sila ni Hesus upang kilalanin ang ugnayang pagkaama ng Diyos sa lahat ng kanyang nilalang. Kumikilos ng may pagmamahal paaalalahan niya sila na bawat isa sa kanila ay mahalaga sa mata ng Diyos: "Hindi ba't ibinebenta ang limang langaylangayan sa halagang dalawang sentimo? At wala mang isa sa kanila ang kinalimutan sa harap ng Diyos" (Lk 12:6). "Masdan nyo ang mga ibon sa himpapawid: hindi sila nagtatanim o nag-aani o nagtitipon sa mga kamalig, gayunman, pinapakain sila ng inyong Amang nasa langit" (Mt 6:26).

97. Nagawang anyayahan ng Panginoon ang iba na maging masigasig sa kagandahang mayroon ang mundo sapagkat siya mismo ay may matapat na ugnayan sa kalikasan, binibigyan ito ng pansing punumpuno ng pagkagiliw at paghanga. Habang patungo siya sa buong lupain, madalas siyang tumitigil upang pagnilayan ang kagandahang inihatik ng kanyang Ama, at inanyayahan ang kanyang mga alagad na damhin ang banal na mensahe sa mga bagay-bagay: "Itaas ang inyong mga mata, at masdan kung paanong ang mga bukid ay namuti na sa pag-ani" (Jn 4:35). "Ang kaharian ng Diyos ay tulad ng butil ng mustasa na kinuha ng isang tao at inihatik sa kanyang bukid; iyon ang pinakamaliit sa lahat ng binhi, ngunit kapag lumago na ito, ito ang pinakamalaki sa lahat ng halaman" (Mt 13:31-32).

98. Namuhay si Hesus ng may ganap na pagkakaisa sa sangnilikha, at ang iba ay namangha: "Anong uri ng tao ito, na sinusunod siya maging nng mga hangin at ng dagat?" (Mt 8:27). Ang kanyang hitsura'y hindi tulad ng isang mabalasik (asetiko) na nakabukod sa mundo, o ng isang kaaway sa magagandang mga bagay sa buhay. Hinggil sa kanyang sarili'y sinabi niya: "Ang Anak ng Tao ay dumating na kumakain at umiinom at sinabi nila, 'Tingnan ninyo, isang matakaw at isang lasenggo!'" (Mt 11:19). Kaylayo niya sa mga pilosopiyang nanghahamak ng katawan, usapin at mga bagay sa mundo. Ang mga gayong di malusig na dualismo, gayunman, ay nag-iwan ng marka sa ilang Kristyanong palaisip sa daloy ng kasaysayan at nagpapangit sa Ebanghelyo. Gumawa si Hesus gamit ang kanyang mga kamay, sa araw-araw na pakikialam sa mga bagay na nilikha ng Diyos, kung saan nagbigay siya ng hitsura sa pamamagitan ng kanyang kadalubhasaan. Kapansin-pansing halos ang buong buhay niya ay nakatuon sa mga gawaing ito sa isang payak na buhay na hindi na nakapukaw ng paghanga: "Hindi baga ito ang karpintero, ang anak ni Maria?" (Mk 6:3). Sa ganitong paraan, ginawa niyang banal ang paggawa ng tao at nilangkapan ito ng espesyal na kahulugan para sa ating pag-unlad. Tulad ng ipinangaral ni San Juan Paolo II, "sa pagtitiis sa mabibigat na trabaho kasama ang Kristo na ipinako sa krus para sa atin, kahit paano'y nakipagtulungan ang tao sa Anak ng Diyos para matubos ang sangkatauhan". [79]

99. Sa Kristyanong pagkaunawa sa mundo, ang tadhana ng lahat ng nilalang ay nakaugnay sa misteryo ng Kristo, na naroroon na mula sa umpisa: "Ang lahat ng bagay ay nilikha sa pamamagitan niya at para sa kanya" (Col 1:16). [80] Ibinunyag ng prologo ng Ebanghelyo ni Juan (1:1-8) ang malikhaing gawa ng Kristo bilang Banal na Salita (Logos). Ngunit, sa hindi inaasahan, nagpatuloy ang prologo sa pagsasabing ang Salitang iyon din ay "naging laman" (Jn 1:14). Isang Persona ng Trinidad ang pumasok sa nalikhang kosmos, inihagis iyon sa kanyang pulutong, maging sa kurus. Mula sa pag-uumpisa ng daigdig, ngunit lalo na sa pamamagitan ng pagkakatawang-tao, ang misteryo ng Kristo ay gumagalaw sa kubling pamamaraan sa isang likas na mundo sa kabuuan, ng hindi sinasagkaan ang awtonomiya nito.

100. Hindi lang sinasabi ng Bagong Tipan sa atin ang hinggil sa Hesus sa lupa at ang kanyang kongkreto at mapagmahal na ugnayan sa daigdig. Ipinakikita rin niyon na siya'y pumailanlang at

maluwalhati, na naroroon sa buong sangnilikha sa pamaamgitan ng kanyang pangkalahatang Pagkapanginoon: "Sapagkay sa kanya ang buong kapuspusan ng Diyos ay naulugod na manahan, at sa pamamagitan niya'y iugma sa kanyang sarili ang lahat ng bagay, maging sa lupa o sa langit, na nakikipagkapayapaan sa pamamagitan ng dugo ng kanyang kurus" (Col 1:19-20).. Iniaakay tayo nito upang ituon ang ating titig sa katapusan ng panahon, kung saan inihahatid ng Anak ang lahat ng bagay sa kanyang Ama, upang "ang Diyos ay maging lahat ng bagay sa bawat isa (1 Cor 15:28). Kaya, ang mga nilalang ng mundong ito ay hindi na lumilitaw sa atin sa ilalim lang ng likas na pagbabalatkayo pagkat ang Isang nagbangon ay misteryosong tinatanganan sila sa kanya at nagtutulak sa kanila patungo sa kaganapan bilang kanilang layunin. Ang pinakabulaklak ng kabukiran at ang mga ibon kung saan ang kanyang mga mata bilang tao ay nagninilay at humahanga ay nagtataglay ngayon ng kanyang nagliliwanag na presensya.

IKATLONG KABANATA

ANG PINAG-UGATANG PANTAO NG KRISIS SA EKOLOHIYA

101. May kahirapang mailawaran ang mga sintomas kung walang pagkilala sa pinagmulang kagagawan ng tao hinggil sa krisis sa ekolohiya. Naging pilipit na ang ilang paraan ng pagkakaunawa sa buhay at gawain ng tao, na naging dahilan ng malubhang kapinsalaan ng ating mundo. Tumigil muna kayâ tayo sandali at pagnilayan ito? Sa yugtong ito, iminumungkahi kong pagtuunan natin ang nangingibabaw na teknokratikong modelo at ang kinatatayuan ng sangkatauhan at ng gawain ng tao sa mundo.

I. ANG TEKNOLOHIYA, PAGKAMALIKHAIN AT KAPANGYARIHAN

102. Pumasok na ang sangkatauhan sa bagong yugto kung saan ang ating teknikal na kadalubhasaan ang nagdala sa atin sa sangangdaan. Tayo ang mga benepisyaryo ng dalawang siglo ng malalaking daluyong ng pagbabago: ang aparato ng singaw, ang daangbakal, ang telegrapo, kuryente, mga awto, eroplano, industriya ng kemikal, modernong medisina, teknolohiya ng impormasyon at, nito lamang, ang rebolusyong didiyital, robotika, bayoteknolohiya, at nanoteknolohiya. Tama lamang na magsaya sa mga pag-unlad na ito at maging masigla sa napakalawak na mga posibilidad kung saan patuloy silang nagbubukas bago tayo, pagkat "ang agham at teknolohiya ay mga nakamamanghang produkto ng pagkamalikhain ng kaloob ng Diyos sa tao". [81]. Ang modipikasyon ng kalikasan para sa layuning kapaki-pakinabang ay nagpatanyag sa pamilya ng tao mula sa umpisa; ang mismong teknolohiya'y "nagpapahayag ng panloob na tensyon na nagtulak sa tao na unti-unting pagtagumpayan ang mga materyal na limitasyon". [82] nalutas ng teknolohiya ang di mabilang na kasamaan na ginamit upang makapinsala at malimitahan ang sangkatauhan. Paanong hindi natin mararamdamang magpasalata at pahalagahan ang mga pag-unlad na ito, lalo na sa larangan ng medisina, pagiinhinyero, at komunikasyon? Paanong hindi natin kikilalanin ang ginawa ng maraming mga siyentipiko at inhinyero na nagbigay ng mga alternatibo upang mangyari ang sustenableng pag-unlad?

103. Pag napangasiwaan ng tama, makalilikha ang teknohiyensiya ng mahahalagang pamamaraan ng pagpapahusay ng kalidad ng buhay ng tao, mula sa kapaki-pakinabang na mga domestikong kagamitan hanggang sa malalaking sistema ng transportasyon, mga tulay, mga gusali at mga pampublikong lugar. Nakalilikha rin ito ng sining at nalulong din ang mga tao sa materyal na mundo upang "makalundag" sa mundo ng kariktan. Sinong tatanggi sa rikit ng isang sasakyang panghimpapawid o napakatayog na gusali? Gumagamit na rin ng mga bagong teknolohiya ang mga mahahalagang gawa ng sining at musika. Kaya, ang rikit na inilaan ng isang gumagamit ng mga bagong instrumentong teknikal at sa pagninilay sa gayong kariktan, nangyayari ang isang kabuuang paglundag, na nagreresulta sa isang kaganapan ng natatangi sa tao.

104. Gayunman, dapat din nating matantong ang enerhiyang nukleyar, bayoteknolohiya, teknolohiya ng impormasyon, kaalaman ng ating DNA, at iba pang kakayahang nakamit natin, ang nagbigay sa atin ng matinding kapangyarihan. Mas tiyak, ibinigay nila sa mga may kaalaman, at lalo na sa likasyamang pang-ekonomya na magagamit nila, ang nakakapukaw na pangigingibabaw nila sa buong sangkatauhan

at sa buong mundo. Hindi pa nagkakaroon ng gayong kapangyarihan ang sangkatauhan para pangibabawan ang sarili, ngunit walang nagtiyak na magagamit ito ng tama, lalo na kung isasaalang-alang natin kung paano ito ginagamit sa kasalukuyan. Kailangan nating isipin ang pagbagsak ng mga bombang nukleyar sa kalagitnaan ng ikadalawampung siglo, o ang pagtanggap sa teknolohiya kung saan ang mga ito'y ginamit ng Nazismo, Komunismo at iba pang rehimeng totalitaryano upang pumatay ng milyun-milyong tao, ang walang masabi sa paparaming lagakan ng nakamamatay na sandatang mayroon para sa modernong digmaan. Nakaninong mga kamay nakasalalay ang mga kapangyarihang ito, o ito'y basta na lang magwawakas? Lubhang mapanganib kung magkakaroon nito ang iilang pulutong lang ng tao.

105. May kagawiang paniwalaang ang bawat pagtaas ng antas ng kapangyarihan ay mangahulugang "paglaki ng mismong kaunlaran", isang pag-abante sa "seguridad, pagiging kapaki-pakinabang, kapakanan at kalakasan; ... ang pagkaunawa sa mga bagong kabuluhan sa daloy ng kultura", [83] na tila бага ang reyalidad, kabutihan at katotohanan ay kusang dumadaloy mula sa naturang panteknolohiya at pang-ekonomyang kapangyarihan. Ang totoo'y ang "kotemporaryong tao ay hindi nasanay kung paano gamitin ang kapangyarihan ng wasto", [84] sapagkat ang napakalawan nating kaunlarang panteknolohiya ay hindi nalalangkapan ng pagsulong sa pananagutan, kaugalian at budhi ng tao. Ang bawat panahon ay nagkakaroon lang ng kaunting kamalayan sa kanyang sariling mga limitasyon. Maaaring hindi pa natin nagagagap ang kabigatan ng mga kinakaharap nating hamon. Lumalaki ang panganib sa araw-araw na hindi ginagamit ng tao ang kanyang kapangyarihan ng tamâ"; ang epekto, "hindi naisasaalang-alang ang kapangyarihan kung pag-uusapan ang pananagutan sa pagpipilian na likas sa kalayaan" dahil ang "tanging pamantayan ay kinuha mula sa di umano'y pangangailangan, mula sa alinman sa pagiging gamit o katiyakan nito". [85] Ngunit hindi ganap na nakapagsasarili ang tao. Naglalaho ang ating kalayaan kapag napasakamay ito ng bulag na pwersa ng kawalang malay, ng kagyat na pangangailangan, ng sariling interes, at ng karahasan. Sa ganitong dahilan, hubad tayo at nalalantad sa harap ng ating papalaking kapangyarihang kapos sa kakayahang makontrol ito. May mga ilan tayong mabababaw na pamamaraan, ngunit hindi natin masasabing mayroon tayong masiglang etika, isang kultura at ispiritalidad na totoong kayang magtakda ng limitasyon at magturo sa malinaw na isip ng pagpipigil sa sarili.

II. ANG GLOBALISASYON NG TEKNOKRATIKONG MODELO

106. Ang batayang problema'y lalong lumalalim: iyon ang paraang tinahak ng sangkatauhan sa teknolohiya at sa pag-unlad nito ayon sa paghahambing at isang dimensyunal na modelo. Ang modelong ito'y nag-aangat ng konsepto ng isang bagay na, gamit ang pamamaraang lohikal at rasyunal, ay progresibong tumutugon at kumokontrol sa isang panlabas na bagay. Ginawa ng bagay na ito na magsikap na itatag ang pamamaraang siyentipiko at eksperimental, na sarili mismo nito'y isang pamamaraan ng pag-angkin, kadalubhasaan at transpormasyon. Tila бага matatagpuan ng bagay sa sarili nito sa presensya ng anumang walang anyo, na ganap na bukas sa manipulasyon. Ang mga tao'y patuloy na nakikipalam sa kalikasan, ngunit sa mahabang panahon nangangahulugan itong nasa himig at gumagalang sa posibilidad na inihahandog mismo ng sarili nito. Ito'y isang pamamaraan ng pagtanggap kung anong ipinahihintulot ng kalikasan, na animo'y galing mismo sa kamay nito. Ngayon, sa kabaligtaran, tayo ang naglalalatag ng ating mga kamay sa mga bagay-bagay, na nagtatangkang higupin ang anumang maaari sa kanila habang hinahayaan o kinakaligtaan ang reyalidad na nasa ating harap. Hindi na pinatagal ng mga tao at mga materyal na bagay ang magiliw na kamay sa bawat isa; ang relasyon ay naging hamunan. Mas madali nitong tanggapin ang ideya ng walang katapusang paglago, na napatunayang nakapang-aakit sa mga ekonomista, tagapondo at eksperto sa teknolohiya. Batay ito sa kasinungalingang may walang katapusang pagtustos ng mga kalakal sa daigdig, at humahantong upang mapiga ng todo ang planeta nang lampas sa bawat limitasyon nito. Ito ang mga maling pagtingin na "isang walang katapusang dami ng enerhiya at likas-yamang magagamit, na maaaring muling mabago ito agad, at madaling maunawaan ang negatibong epekto ng pagsasamantala sa likas na kaayusan". [86]

107. Masasabing ang marami sa mga problema ng kasalukuyang mundo ay nagmumula sa mga gawi, na minsan ay walang malay, upang maging epistemolohikal na modelo ang pamamaraan at layunin ng agham at teknolohiya na umugit sa buhay ng mga indibidwal at mga ginagawa ng lipunan. Ang epekto ng pagtutulak ng ganitong modelo ng reyalidad sa kabuuan, pantao at panlipunan, ay nakikita sa pagkasira ng kalikasan, ngunit ito'y isang tanda ng reduksyonismo na nakaapekto sa bawat aspeto ng pamumuhay ng tao at ng lipunan. Dapat nating tanggapin na ang produktong teknolohikal ay hindi walang kinikilingan, pagkat lumikha sila ng balangkas na humantong sa pag-aayos ng pamumuhay at umugit ng panlipunang posibilidad sa hanay na dinidiktahan ng interes ng ilang grupong makapangyarihan. Ang mga desisyong tila lubos na nakatutulong, sa katunayan, ay desisyon tungkol sa uri ng lipunang nais nating buuin.

108. Ang kaisipan ng pagtataguyod ng iba't ibang kultural na modelo at paggamit ng teknolohiya bilang instrumento lamang sa ngayon ay hindi aakalain. Ang teknolohikal na modelo ay mas nangingibabaw na mahirap gawin nang walang pagkukunan at mas mahirap silang gamitin nang hindi nangingibabaw ang kanilang panloob na lohika. Naging kontrakultura ito sa pagpili ng pamumuhay na may layuning ang ilang bahagi'y malaya sa teknolohiya, sa gastusin nito at sa kapangyarihang gawing pandaigdigang tayo'y maging magkakapareho. May gawi ang teknolohiyang kamtin lahat ng bagat sa mahigpit na lohika nito, at yaong napapaligiran ng may teknolohiya "na lubusang nalalamang kikilos ito ng pasulong na sa huling pagsusuri'y hindi para sa tubô o para sa kabutihan ng sangkatauhan", na "sa pinakara dikal na kahulugan ng katagang kapangyarihan ay ang motibo nito - isang pagkapanginoon sa lahat". [87] Bilang resulta, "sinamsam ng tao ang pagkapit sa mga hubad na elemento ng kalikasan at ng kalikasan ng tao". [88] Ang kakayahan nating gumawa ng desisyon, isang mas totoong kalayaan at ang lugar para sa bawat alterbatibong pagkamalikhain ay napaliit.

109. May gawi ring pangibabawan ng teknokratikong modelo ang pamumuhay pang-ekonomya at pampulitika. Tinanggap ng ekonomya ang bawat pag-abante sa teknolohiya nang may pananaw sa tubô, nang walang pagtingin sa maaaring negatibong epekto nito sa sangkatauhan. Natabunan ng pinansya ang totoong ekonomya. Ang mga aral ng daigdigang krisis pinansya ay hindi pa nalalagom, at mabagal natin natututuhan ang mga aral ng pagkasira ng kapaligiran. Pinanindigan ng ilang sirkulo na ang kasalukuyang ekonomya at teknolohiya ang makalulutas sa lahat ng problema sa kapaligiran, at nangatwiran, sa popular at di-teknikal na mga kataga, na ang pandaigdigang kagutuman at kahirapan ay malulutas lamang ng paglago ng pamilihan. Halos wala silang pakialam sa ilang mga teoryang pang-ekonomya na sa ngayon ay bahagyang pinangangahasang ipagtanggol ng sinuman, kaysa kanilang aktwal na operasyon sa paggana ng ekonomya. Maaaring di nila mapagtibay ang mga teoryang iyon sa salita, gayunman, sinusuportahan ito ng kanilang mga gawa sa pamamagitan ng pagpapakita ng kawalan ng interes sa mas balanseng antas ng produksyon, mas maayos na pamamahagi ng yaman, pagmamalasakit sa kapaligiran at ang karapatan ng mga susunod na henerasyon. Ipinakikita ng kanilang pag-uugali na para sa kanila, sapat na ang pagpapalaki pang lalo ng tubô. Gayong hindi magantyan mismo ng merkado ang sarili nito ng kabuuang pagpapaunlad sa tao at pagpapasaklaw sa lipunan. [89] Kasabay nito, mayroon tayong "isang tipo ng 'matinding pag-unlad' ng isang maaksaya at tipong mapagkonsumo, na ginawa ang isang di katanggap-tanggap na kabaligtaran sa mga nagaganap na kalagayang masahol na kapabayaang", [90] habanag napakabagal natin sa pagsusulong ng mga institusyong pang-ekonomya at panlipunang mga hakbangin kung saan makapagbibigay sa mga mahihirap ng palagiang mapagkukunan ng batayang pangangailangan. Bigo tayong makita ang napakalalim na ugat ng ating kasalukuyang kabiguan, na may kinalaman sa direksyon, layunin, kahulugan at panlipunang kahihinatnan ng mga panteknolohiya at pang-ekonomyang paglago.

110. Ang espesyalisasyon na nauukol sa teknolohiya ang nagpahirap na makita ang mas malaking larawan. Ang paunti-unting pagbabahagi ng kaalaman ay napatunayang nakatutulong para sa mga kongkretong paggamitan, gayunman, humahantong ito sa pagkawala ng pagpapahalaga sa kabuuan, sa ugnayan ng mga bagay-bagay, at sa mas malawak na kaligiran, na sa kalaunan ay wala nang kaugnayan. Ang katotohanang ito'y nagpahirap upang matagpuan ang mga angkop na pamamaraan upang malutas ang mas masalimuot na suliranin ng daigdig sa kasalukuyan, lalo na yaong hinggil sa kapaligiran at sa mga dukha; ang mga problemang ito'y di matutugunan ng isang pananaw lamang o ng

isang takdang interes. Ang agham na nag-aalok ng mga solusyon sa malalaking usapin ay kinakailangang isaalang-alang ang mga datos na nakuha ng iba pang larangan ng kaalaman, kasama na ang pilosopiya at panlipunang etika; ngunit napakahirap matamo ngayon ang ganitong gawi. Wala ring tunay na paligid ng kabutihan kung saan maaaring makapag-apila ang sinuman. Ang buhay ay unti-unting naging pagsuko sa mga kalagayang kinukundisyon ng teknolohiya, na ang sarili mismo'y tintingnan bilang pangunahing susi sa kahulugan ng buhay. Sa kongkretong sitwasyong kinakaharap natin, may ialng mga sintomas na tumukoy kung ano ang mali, tulad ng pagkasira ng kapaligiran, pagkabalisa, pagkawala ng layunin ng buhay at ng pamumuhay ng pamayanan. Muli nakikita nating "ang reyalidad ay mas mahalaga kaysa mga ideya". [91]

111. Hindi mapapaliit ang kulturang pang-ekolohiya sa serye ng agaran at unti-unting pagtugon sa mga kagyatang problema ng polusyon, pagkabulok na pangkapaligiran at ang pagkasira ng likasyaman. Kailangan ng natatanging paraan ng pagtingin sa mga bagay-bagay, isang paraan ng pag-iisip, mga polisiya, programang pang-edukasyon, estilo ng pamumuhay at ispiritalidad na sama-samang bubuo ng pagtutol sa pag-atake ng teknokratikong paradigma. Kung hindi, kahit na ang pinakamahusay na pang-ekolohiyang inisyatiba ay makikitang naiipit din sila sa kaparehong pandaigdigang lohika. Ang maghanap lamang ng teknikal na remedyo sa bawat lumitaw na problemang pangkalikasan ay paghiwalay sa kung anong sa reyalidad ay magkakakonekta at ikubli ang totoo at pinakamalalim na problema ng pandaigdigang sistema.

112. Gayunman muli nating lalawakan pa ang ating pananaw. May kalayaan tayong kinakailangan upang takdaan at pangasiwaan ang teknolohiya; magagamit natin ito upang magsilbi sa iba pang tipo ng progreso, kung saan mas malusog, mas makatao, mas panlipunan, mas makabuluhan. Paminsan-minsan naman ay nagaganap ang kalayaan mula sa nangingibabaw na teknokratikong paradigma, halimbawa, kapag ginamit na ng kooperatiba ng mga maliliit na tagalikha ang di nagpaparuming moda ng produksyon at pinili ang hindi pangkonsumong modelo ng pamumuhay, libangan at pamayanan. O kaya'y kapag ang teknolohiya'y pangunahing nakadirekta sa paglutas ng mga kongkretong problema ng tao, na totoong nakakulong sa kanila upang mabuhay ng mas marangal at di gaanong nagdurusa. O kaya naman kapag ang pagnanais na makalikha at mapagnilayan ang karikitan ay mapaglabanan ang reduksyunismo sa pamamagitan ng isang uri ng kaligtasang nagaganap sa karikitan at sa mga nagmamasid dito. Isang tunay na sangkatauhan, na nananawagan ng isang bagong sintesis, ay tila baga nananahan sa gitna ng ating kulturang panteknolohiya, na halos di pansin, tulad ng ambong marahang tumutulo sa ilalim ng isang pintuang nakapinid. Tatagal ba ang pangako, sa kabila ng lahat, kung saan lahat ng matwid ay nagsisipagbalikwas sa matinding pagtutol?

113. Nariyan din ang katotohanang ayaw na ng taong maniwala sa isang masayang kinabukasan; wala na silang bulag na pagtitiwala sa isang mas magandang bukas batay sa kasalukuyang kalagayan ng mundo at ng ating teknikal na kakayahan. Nariyan na rin ang lumalagong kamalayan na ang siyentipiko at panteknolohiyang pag-unlad ay hindi maaaring ihambing sa pagsulong ng sangkatauhan at ng kasaysayan, isang lumalagong kamalayan na nakasalalay saanman ang daan patungo sa mas magandang bukas. Ito'y hindi upang tanggihan ang mga posibilidad na patuloy na iniaalok sa atin ng teknolohiya. Subalit malaki ang ipinagbago ng sangkatauhan, at ang pagkaipon ng patuloy na mga bagong karanasan ang nag-angat sa mga panlabas na anyong humihila sa atin patungo sa isang direksyon. Magiging mahirap ang sandaling paghinto at mabawi ang kalaliman sa buhay. Kung sumasalamin sa arkitektura ang diwa ng isang panahon, ang ating mga dambuhalang istruktura at mapapanglaw na silid ang nagpapahayag ng diwa ng daigdigang teknolohiya, kung saan ang patuloy na pagbaha ng mga bagong produkto ay umiiral kasabay ng isang nakababagot na iisang kalakaran. Huwag natin itong bitawan, at patuloy tayong mamangha sa layunin at kahulugan ng samutsaring bagay. Kung hindi'y binibigyang katwiran lang natin ang kasalukuyang kalagayan at kailangan natin ng bagong anyo ng pagtalikod sa katotohanan upang makatulong sa ating tiisin ang kawalan.

114. Ipinapakita ng lahat ng ito ang kagyat na pangangailan nating sumulong na patungo sa isang mapangahas na rebolusyong pangkultura. May kinikilingan ang agham at teknolohiya; mula sa umpisa hanggang sa matapos ang isang proseso, samutsaring layunin ang nagaganap at nagkakaroon ng iba't

ibang hugis. Walang nagmumungkahing bumalik tayo sa Panahon ng Bato, ngunit dapat magdahan-dahan tayo at masdan ang reyalidad sa ibang paraan, upang makaangkop sa mga positibo at sustenableng progresong naisagawa, kundi upang bawiin din ang mga kaugalian at mga dakilang layuning naitaboy palayo ng ating di masawatang kahibangan sa karangalan.

III. ANG KRISIS AT EPEKTO NG MODERNONG ANTOPOSENTRISMO

115. Ang modernong antroposentrismo'y balintunang nagdulo sa pagpapahalaga sa kaisipang teknikal kaysa reyalidad, pagkat "nakikita ng isipang teknolohikal ang kalikasan bilang isang walang buhay na kaayusan, isang malamig na lupon ng katotohanan, na basta 'nariyan na lang', bilang isang kasangkapang nagagamit, bilang hilaw na materyales na mapupukpok sa kapaki-pakinabang na hugis; tinitingnan nito ang kalawakan kapara ng 'espasyo' lang kung saan maitatapon ang mga bagay ng may ganap na pagwawalang-bahala". [92] Kaya nalagay sa alanganin ang tunay na dignidad ng mundo. Kapag nabigo ang sangkatauhang makita ang kanilang tunay na kinalalagyan sa mundo, hindi nila nauunawaan ang kanilang sarili at humahantong sila sa pagkilos laban sa kanilang sarili. "Hindi lang ibinigay ng Diyos ang daigdig sa tao, na dapat gumamit dito ng may paggalang sa totoong magandang layuning ipinagkaloob dito, ngunit, ang tao ay kaloob din ng Diyos sa kapwa tao. Kaya dapat niyang igalang ang likas at mabuting kaayusang ipinagkaloob sa kanya". [93]

116. Mababakas ang modernidad sa isang labis na antroposentrismo na sa kasalukuyan, sa ilalim ng ibang balatkayô, ay patuloy na nakatindig sa paraang nagbabahaginan ng pag-unawa at sa anumang pagsisikap na patibayin pa ang panlipunang pagkakabuklod. Dumating na ang panahon upang pansining muli ang reyalidad at ang mga ipinataw nitong limitasyon; ito ngayon ang kalagayan para sa isang mas malusog at kapaki-pakinabang na pag-unlad ng mga tao at ng lipunan. Ang isang hindi angkop na pagtatanghal ng antropolohiyang Kristyano ang nagpukaw ng maling pagkaunawa sa ugnayan ng mga tao at ng mundo. Kadalasan, ang ibinibigay ay ang Prometyanong pagtingin ng karunungan nangibabaw sa mundo, na nagbigay ng impresyon na ang pangangalaga sa kalikasan ay bagay na inaalala lamang ng mga duwag. Sa halip, dapat unawaing mabuti ang "pamamahala" natin sa sanlibutan sa kahulugan ng pag-aalagang may pananagutan. [94]

117. Ang makaligtaang masubaybayan ang pagpinsala sa kalikasan at ang epekto sa kapaligiran ng ating mga desisyon ang tanging matinding senyales ng pagwawalang-bahala sa mensaheng nakapaloob sa kaayusan mismo ng kalikasan. Kapag nabigo tayong kilalanin bilang bahagi ng reyalidad ang kahalagahan ng isang dukha, isang similya ng tao, isang taong may mga kapansanan - upang magbigay ng ilang halimbawa lamang - nagiging mahirap nang marinig ang panaghoy ng mismong kalikasan; ang lahat ng bagay ay magkaugnay. Kapag ipinahayag na ng tao ang pagsasarili sa reyalidad at kumikilos nang may ganap na pamamahala, ang totoong pundasyon ng ating buhay ay nagsisimula nang gumuho, dahil "imbes na gampanan ang kanyang papel bilang katuwang ng Diyos sa gawain ng paglikha, ipinalit ng tao ang kanyang sarili sa pwesto ng Diyos at humantong ito sa pinukaw na maghimagis sa panig ng kalikasan". [95]

118. Humantong ang kalagayang ito sa palagiang eskizofrenya, kung saan ang teknokrasya'y walang nakikitang tunay na kahalagahan sa mas mababang tao na kasabay na umiiral ng iba pa sa kasukdulan, na walang nakikitang espesyal na halaga sa sangkatauhan. Subalit walang sinumang mapagwawalang-bahala ang sangkatauhan. Walang anumang pagbabago ng ating pakikipag-ugnayan sa kalikasan nang walang pagbabago mismo sa sangkatauhan. Walang ekolohiya ng walang angkop na antropolohiya. Kapag itinuring ang isang tao bilang simpleng tao tulad ng iba, isang produkto ng pagkakataon o pisikal na determinismo, pagkatapos "ang ating pangkalahatang kamalayan sa pananagutan ay papaliit". [96] Ang maling gabay na antroposentrismo ay di kinakailangang magbunga ng "biyosentrismo", dahil nangangailangan itong magdagdag ng isa pang imbalanse (o kawalan ng timbang), bigong lutasin ang kasalukuyang mga problema at pagdadagdag ng mga bago. Hindi maaasahan ang mga tao na madama ang pananagutan sa mundo maliban na lang, kasabay nito, ay kinikilala at pinahahalagahan ang kanilang natatanging kakayahan sa karunungan, kalooban, kalayaan at pananagutan.

119. O maging ang pagpuna sa maling gabay na antroposentrismo ay minamaliit ang kahalagahan ng ugnayan ng isa't isa. Kung ang kasalukuyang krisis sa ekolohiya ay isang maliit na senyales ng etika, kultura at ispirital na krisis ng modernidad, hindi natin dapat akalaing malulunasan ang ating pakikipag-ugnayan sa kalikasan at sa kapaligiran nang hindi nalulunasan ang lahat ng pangunahing pakikipag-ugnayan ng tao. Nakikita ng kaisipang Kristyano ang tao na nagtataglay ng partikular na dignidad kaysa iba pang nilalang; kaya ikinikintal nito ang pagpapahalaga sa bawat tao at ang paggalang sa isa't isa. Ang pagiging bukas natin sa ating kapwa, ang bawat isa'y isang "ikaw" na kayang umalam, magmahal at pumasok sa isang pag-uusap, ang nananatiling isang pinagmulan ng ating pagkamaharlika bilang tao. Isang wastong pakikipag-uganayn sa nilikhang mundi na humihiling na hindi natin dapat pahinain ang panlipunang kalagayan ng pagiging bukas sa kapwa, na mas mababa pa sa talagang kalagayan ng ating pagiging bukas sa "Ikaw" ng Diyos. Ang ating pakikipag-ugnayan sa kapaligiran ay hindi maibubukod sa ating pakikipag-ugnayan sa kapwa at sa Diyos. Kung hindi, ito'y hindi hihigit kaysa romantikong indibidwalismo na nadadamitan lang ng pang-ekolohiyang palamuti, na ikinukulong tayo sa isang nakaiinis na katangian.

120. Sapagkat ang lahat ay magkakaugnay, ang pagmamalasakit para protektahan ang kalikasan ay salungat din sa pagbibigay-katwiran ng aborsyon. Paano natin totoong maipangangaral ang kahalagahan ng pagmamalasakit sa iba pang mahihinang nilalang, gaano man kaligalig o nakasasagabal sila, kung bigo tayong protektahan ang similya ng tao, kahit na ang presensya nito'y nakababalisa at lumilikha ng mga problema? Kung ang personal at panlipunang kaselanan sa pagtanggap ng bagong buhay ay nawala, kung gayon ang iba pang anyo ng pagtanggap na mahalaga sa lipunan ay naglalaho rin". [97]

121. Kailangan nating bumuo ng naging sintesis na kayang mapangibabawan ang mga maling argumento ng nakaraang mga siglo. Ang Kristyanismo, sa katapatan sa sarili nitong pagkakakilanlan at ang mayamang deposito ng katotohanang natanggap nito mula kay Hesukristo, ay patuloy na sumasalamin sa mga isyung ito sa isang mabungang pag-uusap ng may nagbabagong makasaysayang sitwasyon. Sa paggawa nito, nalalantad ang walang hanggang kabaguhan nito.

Ang praktikal na relatibismo

122. Isang maling gabay na antroposentrismo ang nag-akay sa isang maling gabay na estilo ng pamumuhay. Sa Apostolikong Pangaral na Evangelii Gaudium, itinala ko na ang praktikal na relatibismong pangkaraniwan sa ating panahon ay "mas mapanganib pa kaysa pangdoktrinang relatibismo." [99] Kapag inilagay ng sangkatauhan ang kanilang sarili sa gitna, nagbibigay sila ng ganap na prayoridad sa agarang kaginhawahan at ang iba pa'y nagiging magkakaugnay. Kaya hindi tayo dapat magulat na makita, na kasabay ng panlahat ng dakong teknokratikong modelo, at ang pagsamba sa di matingkalang kapangyarihan ng tao, ang pagsulpot ng relatibismong nakikita ang lahat bilang walang kaugnayan maliban kung magsisilbi ito sa kagyat ng interes ng isang tao. May lohika sa lahat ng ito kung saan saumtsaring kaugalian ang maisusubo sa isa't isa, na hahantong sa pagkasira ng kapaligiran at panlipunang pagkabulok.

123. Ang kultura ng relatibismo ang kaparehong sakit na nagtutulak sa isang tao upang pagsamantalahan ang iba, upang ituring ang iba bilang bagay lamang, nagpapataw ng sapilitang paggawa sa mga ito o alipinin ang mga ito upang makapagbayad ng kanilang mga utang. Ang kaparehong tipo ng pag-iisip ay humahanting sa sekswal na pagsasamantala sa mga bata at ang pagpapabaya sa mga matatandang hindi na nagsisilbi sa ating interes. Ito rin ang kaisipan ng mga nagsasabing: Pahintulutan natin ang di nakikitang pwersa ng merkado na pangasiwaan ang ekonomya, at isaalang-alang ang kanilang epekto sa lipunan at sa kalikasan bilang ginarantiyahang pinsala. Sa kawalan ng karampatang katotohanan o malusog na prinsipyo maliban sa masiyahan sa ating sariling pagnanasa at kagyat na pangangailangan, anong limitasyon ang dapat ilagay sa pangangalakal ng tao, organisadong krimen, ang kalakalan ng droga, negosyo sa pulang dyamante at balahibo ng mga nanganganib na espésye? Hindi ito kapareho ng kaugnay na lohika kung saan ipinangatwiran ang pagbili ng mga organo ng maralita upang muling ibenta o gamitin sa eksperimentasyon, o malipol ang

mga bata dahil hindi sila ang nais ng kanilang mga magulang? Ang kaparehong "paggamit at maaksayang" lohika na bumubuo ng napakaraming basura, dahil sa magulong pagnanaisa niyang makagamit ng higit kaysa talagang kinakailangan. Hindi natin dapat isipin na ang pampulitikang pagsisikap o ang pwersa ng batas ay maging sapat upang maiwasan ang mga aksyong nakakaapekto sa kapaligiran dahil, kapag ang mismong kultura ay tiwali at karampatang katotohanan at pandaigdigang balidong prinsipyo'y hindi na itinataguyod, at ang mga batas ay makikita lamang bilang hindi makatwirang pagpapataw o balakid na dapat iwasan.

Ang pangangailangang protektahan ang trabaho

124. Ang anumang pagtugon sa isang mahalagang ekolohiya, kung saan sa kahulugan ay di naibubukod ang tao, ay dapat isaalang-alang ang kahalagahan ng paggawa, tulad ng matalinong pagbanggit ni San Juan Paolo II sa kanyang Ensiklikong *Laborem Exercens*. Ayon sa bibilikal na salaysay ng paglalang, inilagay ng Diyos ang babaet at lalaki sa nilikha niyang hardin (sg. Gen 2:15) di lang upang pangalagaan ito ("panatilihin") kundi gawin itong mabunga ("pag-aararo"). Kaya ang mga manggagawa at manlilikha ay "pinananatili ang panghabi ng mundo" (Sir 38:34). Ang pagpapabuti ng nilikhang mundo sa paraang mahinahon ang siyang pinakamagaling na paraan ng pangangalaga nito dahil nangangahulugan itong tayo mismo'y naging instrumentong ginagamit ng Diyos upang ilabas ang kakayahan niyang isinulat niya mismo sa mga bagay: "Nilikha ng Panginoon ang mga gamot mula sa lupa, at isang matalinong tao ang hindi mamumuhi dito" (Sir 38:4).

125. Kapag pinagnilayan natin ang maayos na ugnayan ng tao at ng mundong nakapaligid sa atin, nakikita natin ang pangangailangan para sa isang wastong pag-unawa sa paggawa ; kung pag-uusapan natin ang hinggil sa ugnayan ng tao at ng bagay, lumilitaw ang usapin hinggil sa kahulugan at layuni ng lahat ng aktibidad ng tao. May kinalaman ito hindi lamang sa gawaing kamay o pang-agrikultura subalit sa anumang gawaing sangkot ang umiiral na reyalidad, mula sa paglikha ng panlipunang ulat hanggang sa pagdisenyo ng isang kaunlarang teknolohikal. Ang pinagbabatayan ng bawat anyo ng paggawa ay isang konsepto ng ugnayan na kaya nating gawin at dapat matamo natin kung anong mayroon ang iba bukod sa atin. Kasama ang puno ng paghangang pagninilay sa paglalang na natagpuan natin kay San Francisco ng Assisi, ang ispiritwal na Kristyanong tradisyon ang bumuo rin sa isang mayaman at balanseng pang-unawa sa kahulugan ng trabaho, tulad halimbawa, ng buhay ng Banal na Charles de Foucauld at ng kanyang mga tagasunod.

126. Maaari rin nating suriin ang mahalagang tradisyon ng monastisismo. Sa orihinal, isa itong uri ng pagtakas mula sa mundo, isang pagtakas mula sa pagkaunsiyami sa kalunsuran. Hinangad ng mga monghe ang disyerto, kumbinsidong ito ang pinakamagandang lugar upang harapin ang presensya ng Diyos. Pagkatapos, iminungkahi ni San Benedicto ng Norcia na mamuhay ang kanyang mga monghe sa pamayanan, kung saan pinagsasama nila ang panalangin at ispiritwal na pagbabasa ng manwal na paggawa (ora et labora). Napatunayang rebolusyonaryo ang makitang ang manwal na paggawa ay makahulugan sa ispiritwal. Hinangad ang pagpapakabanal at personal na paglago sa pagtutulungan ng gunita at paggawa. Ginawa tayong mas protektado at gumagalang sa kapaligiran ng ganitong paraan ng pagdanas sa paggawa; binusog ang ating ugnayan sa mundo ng may malusog na kahinahunan.

127. Kumbinsido tayong ang "tao ang pinagmulan, ang tuon at ang layunin ng lahat ng pang-ekonomya't panlipunang pamumuhay". Gayunman, kapag napinsala na ang ating kakayahan bilang tao na makapagnilay at makapagpitagan, madali na upang maging maligalig sa pag-unawa ng kahulugan ng paggawa. [101] Kailangan nating tandaan na ang mga tao'y may "kakayahang mapabuti ang karamihan nila, upang mapalawak ang kanilang moral na paglago at mapaunlad ang kanilang ispiritwal na katangian". [102] Ang paggawa ang siyang dapat tagpuan nitong mayamang paglago ng sarili, kung saan maraming aspeto ng buhay ang magagampanan: pagkamalikhain, pagpapalano para sa hinaharap, pagpapaunlad ng ating talento, namumuhay sa ating kabuluhan, nakikipagkapwa, nagbibigay ng papuri sa Diyos. Kasunod nito, sa reyalidad ng kasalukuyang daigdigang lipunan, mahalagang "patuloy nating inuuna ang layunin ng pagkakamit ng matatag na trabaho para sa lahat", [103] gaano man kalimitado ang interes ng negosyo at mga kahina-hinalang pangangatwirang pang-ekonomya.

128. Nilalang tayong may tungkuling maghanapbuhay. Ang tunguhin ay di dapat unti-unting palitan ng teknolohikal na pagsulong ang pagtatrabaho ng tao, pagkat nakapipinsala ito sa sangkatauhan. Isang pangangailangan ang paggawa, na may kinalaman sa kahulugan ng buhay sa daigdig na ito, isang landas ng pagsulong, pag-unlad ng tao at personal na katuparan. Ang pagtulong sa mahihirap sa usaping pananalapi ay dapat palaging pansamantalang solusyon sa harap ng matinding pangangailangan. Ang mas malawak na layunin ay dapat palaging kilalanin sila sa isang buhay na may dignidad sa pamamagitan ng paggawa. Gayunman, pinapaboran ng oryentasyon ng ekonomya ang isang uri ng teknolohikal na pagsulong kung saan nababawasan ang mga gastusin sa produksyon sa pamamagitan ng pagtatanggal ng mga manggagawa at hinahalinhan sila ng mga makina. Ito'y isa na namang paraan kung saan hahantong ito sa pagtatrabaho laban sa atin mismong sarili. May negatibo namang epekto sa ekonomya ang pagkawala ng mga trabaho "sa pamamagitan ng progresibong pagguho ng panlipunang puhunan; isang talakupan ng ugnayan ng tiwala, pagkamaasahan, at ang paggalang sa mga patakaran, kung saan lahat ay lubhang kailangan para sa anumang anyo ng sabayang pag-iral bilang mamamayan". [104] Sa ibang salita, kasama palagi sa halaga ng tao ang pang-ekonomyang halaga, at ang depektong pang-ekonomya'y palaging kasama ang halaga ng tao". [105] Ang pagkatigil na mamuhunan sa mga tao, upang makakuha ng mas higit na pansamantalang pakinabang sa pananalapi, ay masamang negosyo para sa lipunan.

129. Upang patuloy na makapagbigay ng trabaho, kinakailangang itaguyod ang isang ekonomyang pumapabor sa produktibong pagkakaiba'iba at pagkamalikhain sa tungkulin. Halimbawa, may malaking samutsaring sistema ng maliliit na produksyon ng pagkain na sa malaking bahagi ng tao sa mundo ay siyang nagpapakain, ginagamit ang isang katamtamang laki ng lupa at lumilikha ng kaunting basura, maging ito'y maliit na parsela ng lupa, sa mga halamanan at hardin, pangangaso at pag-aani sa ilang o lokal na pangingisda. Ang ekonomya ng sukatan, lalo na sa sektor ng agrikultura, ay humahantong sa pagpilit sa mga maliit na may-ari upang ipagbili ang kanilang lupa o iwan ang kanilang mga kinaugaliang pananim. Ang mga pagtatangka nilang lumipat sa ibang samutsaring moda ng produksyon ay napatunayang walang ibinungang maganda dahil sa kahirapang makipag-ugnayan sa rehiyonal at pandaigdigang pamilihan, o dahil ang mga imprastruktura para sa benta at transportasyon ay nakatuon sa mas malalaking negosyo. Ang mga awtoridad pambayan ay may karapatan at tungkuling magpatibay ng malinaw at matatag na mga hakbang sa pagsuporta sa maliliit na tagalikha at kakaibang produksyon. Upang matiyak ang kalayaang pang-ekonomya kung saan lahat ay epektibong makikinabang, dapat igiit ang pagbabawal paminsan-minsan sa mga nagtataglay ng mas higit na likasyaman at kapangyarihan sa pananalapi. Upang mahabol ang kalayaang pang-ekonomya habang ang tunay na kalagayan ang humahadlang sa maraming tao upang aktwal na makamit iyon, at habang patuloy na lumiliita ang mga posibilidad na makapagtrabaho, ay gawing pabalbal ang mga usapan na nagdudulot ng pagkasira sa pulitika. Marangal na bokasyon ang pangangalakal, na nakatuon sa paglikha ng yaman at pagpapabuti ng ating mundo. Maaaring pagkunan ito ng kapaki-pakinabang na kaunlaran sa mga lugar na pinatatakbo ito, lalo na pag nakikita nitong ang paglika ng mga trabaho ay mahalagang bahagi ng serbisyo nito para sa kabutihan ng lahat.

Ang mga bagong biyolohikal na teknolohiya

130. Sa pilosopikal at teyolohikal na pananw ng tao at ng sangnilikha na aking idinulog, malinaw na ang tao, na pinagkalooban ng dunong at kaalaman, ay hindi isang panlabas na salik na hindi dapat isama. Habang pinahihintulutan ang pakikialam ng tao sa mga tanim at hayop pag tungkol sa mga pangangailangan ng buhay ng tao, itinuturo ng Katekismo ng Simbahang Katoliko na ang katanggap-tanggap lamang ang eksperimentasyon sa mga hayop "kapag nanatili ito sa loob ng makatwirang hangganan [at] nakapag-aambag sa pangangalaga o sa pagsagip sa buhay ng tao" [106] Matatag na sinasaad ng Katekismo na may hanggan ang kakayahan ng tao at "salungat sa dignidad ng tao ang maging dahilan ng di kinakailangang pagdurusa o pagkamatay ng mga hayop". [107] Ang lahat ng gayong pagkakagamit at eksperimentasyon "ay nangangailangan ng relihiyosong paggalang sa integridad ng sangnilikha". [108]

131. Dito'y natatandaan ko ang balanseng posisyon ni San Juan Paolo II, na ipinagdiinan ang kabutihan ng mga siyentipiko at teknolohikal na pagsulong bilang katibayan ng "nobilidad ng bokasyon ng tao na responsableng lumahok sa malikhaing aksyon ng Diyos", habang sinasabi ring "hindi kami manghihimasok sa isang pook ng ekosistema nang hindi binibigyang pansin ang mga kahihinatnan ng mga gayong panghihimasok sa ibang pook". [109] Inilinaw niyang pinahahalagahan ng Simbahan ang mga benepisyong ibinunga "ng pag-aaral at aplikasyon ng molekular na biyolohiya, na dinagdagan ng iba pang disiplina tulad ng henetika, at ang teknolohikal na aplikasyon nito sa agrikultura at industriya". [110] Ngunit tinukoy din niyang ito'y di dapat humantong sa "walang patumanggang manipulasyon ng henetika" [111] kung saan binabalewala ang mga negatibong epekto ng gayong panghihimasok. Ang pagkamalikhain ng tao'y hindi masusupil. Kung ang isang alagad ng sining ay hindi mapipigil sa paggamit ng kanyang pagkamalikhain, hindi rin mapipigilan yaong nagtataglay ng mga partikular na kaloob para sa pagsulong ng agham at teknolohiya sa paggamit ng kanilang talentong ibinigay ng Diyos para sa paglilingkod sa kapwa. Kailangang patuloy nating isiping muli ang mga layunin, epekto, kabuuang konteksto at etikal na mga limitasyon ng mga aktibidad na ito ng tao, kung saan isang anyo ito ng kapangyarihang kinasasangkutan ng malaking panganiib.

132. Kaya ito ang tamang balangkas ng anumang pagninilay hinggil sa panghihimasok ng tao sa mga halaman at hayop, na sa ngayon ay kasama ang manipulasyong henetika sa biyoteknolohiya para lamang samantalain ang kakayahan nitong nasa materyal na reyalidad. Ang paggalang na utang ng pananampalataya sa katwiran ay nananawagan ng masusing atensyon sa kung anong maituturo sa atin ng agham biyolohikal hinggil sa mga istrukturang biyolohikal, ang kanilang posibilidad at pagbabagubago. Anumang makatwirang pakikialam ay gagawin lamang sa kalikasan upang "paboran ang pagsulong nito sa sarili nitong hanay, hinggil sa sangnilikha, na hinahangad ng Diyos". [112]

133. Mahirap gumawa ng pangkalahatang panghuhusga hinggil sa modipikasyong henetika (GM), maging ito man ay gulay o hayop, pangmedisina o pang-agrikultura, pagkat malaki ang pagkakaiba ng mga ito sa kanilang sarili at nag-aanyaya ng ispesipikong konsiderasyon. Ang kasama nitong panganib ay di laging dahil sa mga ginamit na pamamaraan, kundi dahil sa kanilang di tama o labis na aplikasyon. Ang pagbabagu-bagong henetika, sa katunayan, ay madalas na, at patuloy na, dulot ng mismong kalikasan. O kaya'y ang mutasyon ay dulot ng pakikialam ng tao sa modernong penomeno. Ang pagpapaamo ng mga hayop, ang paghahalo ng lahi ng mga espésye at iba pang mga mas matanda at pangkalahatang tinatanggap na mga kasanayan ay maaaring mabanggit bilang mga halimbawa. Kailangan nating muling alalahanin na ang siyentipikong pagsulong ng mga Angkak na GM ay nagmula sa pagmamasid sa natural na bakteryang kusang bumabago sa halamang henomo. Gayunman, sa kalikasan, mabagal ang ganitong proseso at di maikukupara sa mabilis na hakbang na inudyok ng kontemporaryong paglagong teknolohikal, kahit na ang huli'y natatan sa nakaraang mga siglo ng siyentipikong pagsulong.

134. Bagamat walang matinding patunay na umiiral kung ang Angkak na GM ay mapanganib sa tao, at sa ilang rehiyon, ang paggamit nito'y nagdala ng paglago ng ekonomya na nakatulong sa paglutas ng mga suliranin, may nanatiling ilang mahalagang suliraning hindi dapat maliitin. Sa maraming lugar, kasunod ng pagpapakilala sa mga tanim na ito, ang mga produktibong lupain ay nasa kamay ng iilang may-ari dahil "sa progresibong pagkawala ng maliliit na tagalikha, na, bilang resulta ng pagkawala ng pinagsasamantalang lupain, ay napilitang lumayo mula sa direktang produksyon". [113] Ang pinakamahina sa mga ito'y naging pansamantalang manggagawa, at maraming mga manggagawang bukid ang lumipat sa mga mahihirap na lugar sa kalunsuran. Ang epekto ng paglawan ng mga pananim na ito'y ang pagkasira ng masalimuot na talakupan ng ekosistema, pinaliit ang pagkakaiba-iba ng produksyon at naapektuhan ang mga pangrehiyong ekonomya, sa kasalukuyan at sa hinaharap. Sa iba't ibang bansa, matatagpuan natin ang paglawak ng oligopolyo para sa produksyon ng angkak at iba pang produktong kinakailangan para sa kanilang pagsasaka. Ang pag-aalagang ito'y magpapalubha kung saan dapat isaalang-alang ang produksyon ng mga di-mabungang binhi; ang epekto'y upang mapilitan ang mga magsasaka na bilhin ang mga ito mula sa malalaking tagalikha.

135. Kaya nangangailangan ng pagtutok sa mga usaping ito at pag-aalala sa implikasyong etikal nito. Dapat maganap ang isang malawak, may pananagutang siyentipiko at panlipunang debate, yaong kayang isaalang-alang ang lahat ng makukuhang impormasyon at ang pagtawag sa mga bagay sa kani-kanilang katawagan. Nangyayari rin paminsan-minsan na hindi naihahapag; ginagawa ang pagpili sa batayan ng partikular na interes, maging ito'y pampulitika, pang-ekonomya o pang-ideyolohika. Nagpapahirap ito upang makarating sa balanse at mahinahong paghuhusga sa iba't ibang usapin, yaong isinasaalang-alang ang lahat ng nauukol na salik. Kinakailangan ang mga talakayan kung saan lahat ng mga direkta at di-direktang apektado (magsasaka, konsyumador, awtoridad pambayan, siyentipiko, tagapagparami ng binhi, mga taong naninirahan malapit sa mga pinauusukang bukirin, at iba pa) ay dapat ipaalam ang kanilang mga suliranin at ipinag-aalala, at dapat madaling makakuha ng sapat at maaasahang impormasyon upang makapagpasya para sa kabutihan ng lahat, sa kasalukuyan at sa hinaharap. Isa itong masalimuot na usaping pangkapaligiran; nananawagan ito ng isang komprehensibong pagtugon na nangangailangan, kahit paano, ng mas malawak na pagsisikap ng pondohan ang iba't ibang hanay ng independyente, interdisiplinaryong pananaliksik na kayang magbigay ng bagong liwanag sa suliranin.

136. Sa kabilang banda, nakapag-aalala, na kapag ang ilang kilusang pang-ekolohiya'y nagtatanggol sa integridad ng kapaligiran, na wastong humihiling ng ilang tiyak na limitasyon ang ipataw sa siyentipikong pananaliksik, minsan ay nabibigo silang gamitin ang kaparehong mga prinsipyo sa buhay ng tao. Posibleng mabigyang-katwiran ang labagin ang lahat ng hangganan kapag naisagawa ang eksperimentasyon sa mga nabubuhay na semilya ng tao. Nakaligtaan natin ang di maipagkakait na kahalagahan ng isang tao na malampasan ang antas ng kanyang pagsulong. Sa gayon ding paraan, kapag binalewala ng teknolohiya ang mga mahuhusay na prinsipyo ng etika, humahantong ito sa pagturing sa anumang gawain na naaayon sa batas. Tulad ng nakita natin sa kabanatang ito, ang teknolohiyang napakahigpit sa etika ay hindi madaling malimitahan ang sarili nitong kapangyarihan.

IKAAPAT NA KABANATA

ANG MAKABULUHANG EKOLOHIYA

137. Dahil lahat ng bagay ay malapit na magkakaugnay, at ang kasalukuyang problema'y nananawagan ng isang pananaw na kayang isaalang-alang ang bawat aspeto ng daigdigang krisis, iminumungkahi kong isaalang-alang natin ang ilang salik ng makabuluhang ekolohiya, yaong malinaw na gumagalang sa pantao at panlipunang kahalagahan nito.

I. PANGKAPALIGIRAN, PANG-EKONOMYA AT PANLIPUNANG EKOLOHIYA

138. Pinag-aaralan ng ekolohiya ang ugnayan sa pagitan ng mga buhay na organismo at ng kapaligiran kung saan sila sumisibol. Kinakailangang samahan ito ng pagninilay at debate hinggil sa mga kinakailangang kondisyon para sa buhay at kaligtasan ng buhay sa lipunan, at ang kinakailangang katapatan upang usisain ang ilang modelo ng kaunlaran, produksyon at pagkonsumo. Hindi nabibibigyang diin ng husto kung paanong magkakaugnay ang lahat ng bagay . Ang panahon at espasyon ay hindi malaya sa bawat isa, maging ang atomo at subatomikong tipik ay hindi maituturing na nakabukod. Tulad ng iba't ibang septo ng planeta - pisikal, kemikal at biyolohikal - ay magkakaugnay, pati na rin yaong buhay na espésye ay bahagi ng isang talakupan kung saan hindi na natin lubusang masisiyasat at mauunawaan. Isang magandang bahagi ng ating henetikang koda ay mayroon din ang maraming nilalang. Kasunod nito na ang mga piraso ng kaalaman at pagkakabukod ng pira-pirasong impormasyon ay maaaring maging anyo ng kamangmangan, maliban na lang kung nakapaloob sila sa isang mas malawak na pananaw ng reyalidad.

139. Kapag nagsalita tayo ng "kapaligiran", ang talagang ibig nating sabihin ay ang ugnayang umiiral sa pagitan ng kalikasan at ng lipunang ating ginagalawan. Hindi maituturing na isang bagay na hiwalay sa atin ang kalikasan o isang lugar lang kung saan tayo nabubuhay. Tayo'y bahagi ng kalikasan, kasama dito at palaging nakikipag-ugnayan dito. Ang matanto ang mga dahilan kung bakit marumi ang isang

pook ay nangangailangan ng pag-aaral hinggil sa kaparaanan ng lipunan, ng ekonomya nito, ng padron ng gawi nito, at ng pamamaraang magagagap nito ang reyalidad. Dahil sa laki ng pagbabago, hindi na posibleng makahanap pa ng isang ispesipiko't maliwanag na tugon sa bawat piraso ng problema. Mahalagang hagilapin ang komprehensibong solusyon na isinasaalang-alang ang pagtutulongan sa loob ng likas na nilang sistema at sa panlipunang sistema. Nahaharap tayo hindi sa dalawang magkahiwalay na krisis, ang isang pangkapaligiran at ang isa nama'y panlipunan, kundi isang masalimuot na krisis na parehong panlipunan at pangkapaligiran. Ang mga istrategiya para sa isang solusyon ay nangangailangan ng makabuluhang pagtugon upang labanan ang kahirapan, mapanumbalik ang dignidad sa mga pinabayaan, at kasabay nito'y maprotektahan ang kalikasan.

140. Dahil sa dami at samutsaring salik na isinasaalang-alang kapag tinutukoy ang epekto sa kapaligiran ng isang kongkretong gawain, mahalagang bigyan ng angkop na papel ang mga mananaliksik, upang pagaanin ang kanilang pakikipag-ugnayan, at tiyakin ang mas malawak na kalayaang pang-akademiko. Ang patuloy na pananaliksik ay dapat magbigay din sa atin ng mas mabuting pagkaunawa kung paanong ang iba't ibang nilikha ay nagkakaugnayan sa bawat isa upang mabuo ang mas malaking yunit na tinatawag natin ngayong "ekosistema". Isinasaalang-alang natin ang mga sistemang ito hindi lamang upang matukoy kung paanong mahusay itong magagamit, kundi dahil na rin sila'y may tunay na halagang hiwalay sa kanilang kapakinabangan. Ang bawat organismo, bilang nilalang ng Diyos, ay mabuti at kaaya-aya sa kanyang sarili; ito'y totoo rin sa maayos na pangkata ng organismong umiiral sa isang tukoy na espasyo at gumagana bilang isang sistema. Bagamat kadalasang hindi natin namamalayan ito, umaasa tayo sa mas malalaking sistema para sa ating sariling pag-iral. Kailangan lang nating muling maalala kung paanong nakikipag-ugnayan ang mga ekosistema sa pagkakalat ng carbon dioxide, pagpapadalisay ng tubig, pagpigil ng mga sakit at epidemnya, pagbabalangkang ng lupa, pagkasira ng basura, at sa iba pang pamamaraan kung saan nakaligtaan natin o talagang hindi natin alam. Kapag namulat na sila hinggil dito, mapagtatanto ng maraming tao na nabubuhay at kumikilos tayo batay sa isang reyalidad na dati nang ipinagkaloob sa atin, na nauna sa ating pag-iral at sa ating kakayahan. Kaya, kapag nagsalita tayo ng "sustenableng paggamit," dapat isaalang-alang ang nagbabagong-buhay na kakayahan ng bawat ekosistema sa iba't ibang larangan at aspeto nito.

141. Sa bahagi naman ng pang-ekonomyang paglago, makalilikha ito ng mga inaasahang reaksyon at isang tiyak na pamantayan nang may layuning padaliin ang pamamaraan at mabawasan ang gastos. Ipinahihiwatig nito ang pangangailangan para sa isang "pang-ekonomyang ekolohiya" na kayang makaakit ng mas malawak na pagtanaw sa reyalidad. Ang pagprotekta sa kapaligiran, sa katunayan "ay isang mahalagang bahagi ng proseso ng pagsulong at hindi maaaring ituring na hiwalay roon". [114] Agarang kinakailangan natin ng pagkamakataong kayang sama-samang tipunin ang iba't ibang larangan ng kaalaman, kabilang ang ekonomya, upang magsilbi sa isang mahalaga at nabubuong pananaw. Sa ngayon, ang pagsusuri sa mga suliraning pangkapaligiran ay hindi maihihiwalay sa pagsusuri sa pamilya ng tao, may kaugnayan sa gawain at kontekstong panglungsod, ni sa kung paano makikipag-ugnayan ang mga tao sa kani-kanilang sarili, na humahantong naman sa kung paano sila nakikipag-ugnayan sa kanilang kapwa at sa kapaligiran. Mayroong pagkakaugnay-ugnay sa pagitan ng mga ekosistema at sa pagitan ng iba't ibang katayuan ng panlipunang interaksyon, na nagpapakita pa uli na "ang buo ay mas malaki kaysa bahagi". [115]

142. Kung ang lahat ay magkakaugnay, ang kalusugan ng mga institusyon ng lipunan ay may kahihinatnan para sa kapaligiran at sa kalidad ng buhay ng tao. Ang bawat paglabag sa pagkakaisa at sa panlipunang pakikipagkaibigan ay nakapipinsala sa kapaligiran". [116] Sa ganitong pagtingin, nararapat na institusyonal ang panlipunang ekolohiya, at unti-unting umaabot sa buong lipunan, mula sa pangunahing pangkat panlipunan, ang pamilya, sa mas malawak na pamayanang lokal, pambansa at pandaigdigang. Sa bawat panlipunang sapin, at sa pagitan nila, umunlad ang mga institusyon upang ipatakarang ang ugnayang pantao. Anumang nagpapahina sa mga institusyong iyon ay may negatibong kahihinatnan, tulad ng kawalan ng katarungan, karahasan at kawalan ng kalayaan. Ilang mga bansa ay may mababang antas ng pagiging epektibo sa usaping institusyonal, na nagbubunga ng mas malalaking suliranin para sa kanilang mga tao habang nakikinabang naman yaong mga kumikita sa sitwasyong ito. Maging sa pangangasiwa ng estado, ang iba't ibang antas ng lipunang sibil, o ang ugnayan sa pagitan

ng mismong mga indibidwal, ang kawalan ng paggalang sa batas ay nagiging mas pangkaraniwan. Maaari ngang maganda ang pagkakabalangkas ng mga batas ngunit nananatiling mga patay na letra. Maaari ba nating asahan na sa mga ganyang kaso, ang mga batas at patakaran hinggil sa kapaligiran ay maging totoo epektibo? Halimbawa, batid nating ang mga bansang may malinaw na batas hinggil sa pangangalaga sa kagubatan ay patuloy na nananahimik habang nakikita nilang paulit-ulit na nilalabag ang mga batas. Dagdag pa, anuman ang nangyari sa isa sa mga pook ay may direkta o indirektang impluwensya sa iba pang pook. Kaya, halimbawa, ang paggamit ng droga sa mga lipunang masaga ay lumilikha ng patuloy at lumalagong pangangailangan sa mga produktong inangat mula sa mga mahihirap na rehiyon, kung saan masama ang ugali, nawasak ang mga buhay, at patuloy na nasisira ang kapaligiran.

II. EKOLOHIYANG PANGKULTURA

143. Kasama ang patrimonya ng kalikasan, mayroon ding patrimonyang makasaysayan, artistiko at pangkultura kung saan nasa ilalim ito ng pagbabanta. Bahagi ang patrimonyang ito ng magkasamang identidad ng bawat pook at isang pundasyon kung saan bubuun ang isang lungsod na matitirahan. Di ito isang bagay na pagdurog at pagbubuo ng bagong mga lungsod, animo'y mas magalang sa kapaligiran ngunit di palaging mas kahali-halinang pagtirahan. Sa halip, may pangangailangang isama ang kasaysayan, kultura at arkitektura ng bawat pook, na siyang magpapanatili ng orihinal pagkakakilanlang dito. Kaakibat din ng ekolohiya ang pagprotekta sa mga yamang pangkultura ng sangkatauhan sa pinakamalawak na kahulugan. Mas pa, nananawagan ito ng mas higit na pansin sa mga lokal na kultura kapag pinag-aaralan ang mga suliraning pangkapaligiran, na pinapaburan ang pag-uusap sa pagitan ng wikang pang-aham at teknikal at wika ng mga tao. Ang kultura'y higit pa sa mga minana natin mula sa nakalipas; higit sa lahat, ito rin ay isang buhay, dinamiko at pakikilahik sa kasalukuyang reyalidad, na hindi maibubukod habang muli nating iniisip ang ugnayan sa pagutan ng mga tao at ng kapaligiran.

144. Ang konsyumeristang pananaw sa mga tao, na pinasisigla ng mekanismo ng kasalukuyang daigdigang ekonomya, ay may baytang-baytang na epekto sa kultura, na pinaliliit ang malalaking sari-saring uri na pamana sa buong sangkatauhan. Ang pagtatangkang lutasin ang lahat ng suliranin sa pamamagitan ng pare-parehong mga patakaran o teknikal na pakikialam na maaaring humantong sa pagkaligta sa kasalimuotan ng mga suliraning lokal na nangangailangan ng aktibong pakikilahok ng lahat ng kasapi ng pamayanan. Ang mga naugit na bagong proseso'y di laging angkop sa mga balangkas na inangat mula sa labas; dapat nakabatay ito sa mismong lokal na kultura nila. Ang buhay at daigdig bilang dinamikong reyalidad, gayon din dapat umaakma at dinamiko ang ating pangangalaga sa daigdig. Mapanganib kung mga solusyong teknikal lamang pagkat tinutugunan lang nito'y sintomas at hindi ang mismong seryosong problema. May pangangailangang igalang ang mga karapatan ng tao at kultura, at upang ikalugod na ang pag-unlad ng isang panlipunang grupo'y sinasapantahang isang makasaysayang proseso na naganap sa loob ng kultural na konteksto at nangangailangan ang palagi at aktibong paglahok ng mga tao sa lokal mula sa loob ng angkop nilang kultura. O kaya'y ang paniwalang ang kalidad ng buhay ay iginigiit mula sa labas, para maunawan ang kalidad ng buhay sa loob ng mundo ng mga simbolo at mga kaugaliang angkop sa bawat pangkat ng tao.

145. Maraming masidhing anyo ng pagsasamantala at pagkawasak ng kapaligiran ang hindi lang sumasaid sa mga likasyaman na nagbibigay ng kabuhayan sa mga lokal na pamayanan, kundi binabawi na rin ang mga panlipunang kaayusan kung saan, sa loob ng mahabang panahon, ay umugit ng pangkulturang pagkakakilanlan at ang kanilang pananaw sa kahulugan ng buhay at ng pamayanan. Ang paglaho ng isang kultura ay kasinglubha, kundi man mas malubha, ng pagkawala ng isang espesye ng halaman o hayop. Ang paggigiit ng pangigingibabaw ng estilo ng pamumuhay ay nakaugnay sa isang anyo ng produksyon na kasingpanganib din tulad ng pagbabagu-bago ng ekosistema.

146. Sa ganitong kahulugan, napakahalaga nito upang ipakita ang di pangkaraniwang pag-aalaga sa mga pamayanan ng lumad at sa kanilang katutubong kaugalian. Di lamang sila isang minorya kasama ang iba, kundi dapat sila'y pangunahing kapareha sa diyalogo, lalo na kung ang ipinapanukala'y malalaking proyektong nakakaapektosa kanilang lupain. Para sa kanila, ang lupa ay hindi isang kalakal

kundi isang kaloob ng Diyos at mula sa kanilang mga ninunong namahinga na roon, isang sagradong pook kung saan kailangan nilang makipag-ugnayan upang mapanaitili ang kanilang identidad at kahalagahan. Kapag nanatili sila sa kanilang lupain, sila mismo ang pinakamahusay na nangangalaga nito. Gayunpaman, sa iba't ibang panig ng mundo, ginigipit sila upang lisanin na nila ang kanilang mga lupain para gamitin sa mga proyektong pang-agrikultura at pagmimina na isinasagawa nang hindi iniisip kung mawawasak ang kalikasan at kultura.

III. ANG EKOLOHIYA NG PANG-ARAW-ARAW NA BUHAY

147. Kasama sa totoong kaunlaran ang mga pagsisikap na maisagawa ang makabuluhang pagpapahusay sa kalidad ng buhay ng tao, at kinakailagang isaalang-alang nito ang mga tagpuan kung saan namumuhay ang tao. Naiimpluwensyahan ng mga tagpuang ito ang pamamaraan kung paano tayo mag-isip, makadama at kumilos. Sa ating mga silid, tahanan, pagawaan at kapitbahayan, ginagamit natin ang ating kapaligiran bilang paraan ng pagpapahayag ng ating identidad. Ginagawa natin ang lahat ng pagsisikap upang makaangkop sa ating kapaligiran, ngunit kapag iyon ay walang kaayusan, magulo, o puno ng ingay at kapangitan, ang gayong lubhang nakakapukaw ang nagpapahirap sa atin upang magsama-sama at maging masaya.

148. Ipinapakita ng mga tao at grupong tumutugon sa limitasyon ng kapaligiran ang kahanga-hangang pagkamalikhain at pagiging mapagbigay sa pamamagitan ng pagbabawas ng masamang epekto sa kanilang paligid at pagkatutong umakma ang kanilang buhay sa gitna ng kaguluhan at kawalan ng katiyakan. Halimbawa, sa ilang pook, kung saan ang harapan ng mga gusali'y napabayaang na, ipinakita ng mga tao ang mahusay na pangangalaga sa loob ng kanilang mga tahanan, o kaya'y nasiyahan na kabaitan at pagiging palakaibigan ng iba. Ang isang malusog na buhay panlipunan ay maaaring magpakinang sa isang animo'y masamang kapaligiran. Paminsan-minsan ang kapuri-puring ekolohiya ng tao ang ginagawa ng mga dukha sa kabila ng maraming paghihirap. Ang pakiramdam ng pagkayamot sanhi ng dami ng tao sa mga pook tirahan ay nakontra kapag nabuo ang isang malapit ang mainit na ugnayan, kapag nabuo ang mga pamayanan, kapag ang limitasyon ng kapaligiran ay napunuan sa loob ng bawat tao na nadaramang tangan sa loob ng talakupan ng pagkakaisa at pagiging kasama. Sa ganitong paraan, saanman nagmistulang impyerno sa lupa ang daidig ay magiging pook na may dignidad ang buhay.

149. Ang matinding karukhaang dinaranas sa mga pook na kulang sa pagkakaisa, malawak na mga espasyo o may kakayahang magsama-sama, ay maaaring humantong sa malulupit na pangyayari at sa pagsasamantala ng mga pusakal na organisasyon. Sa mabubuway na kapitbahayan sa mga malalaking lungsod, ang araw-araw na danas ng pagsisikap at panlipunang di-pagkakakilanlan ay nakalilikha ng pagkadama ng pagkadurog na pinagmumulan naman ng mga masasamang kaugalian at karahasan. Gayunpaman, nais kong igiit na laging napapatunayang mas makapangyarihan ang pag-ibig. Maraming taong nas ganitong kalagayan ang kayang magbuo ng pagkakaisa at pagsasamahan kung saan pinapalitan ang pagsisikap ng karanasan ng isang pamayanan kung saan ang dingding ng kasakiman ay nadurog na habang ang mga balakid ng pagkamakasariili'y napagtagumpayan. Ang karanasang ito ng kaligtasang mula sa pagkakapatiran ay madalas na nakabubuo ng mga malikhaing ideya para sa pagpapahusay ng isang gusali o ng isang kapitbahayan. [117]

150. Pag tiningnan ang ugnayan sa pagitan ng buhay na espasyo at pag-uugali ng tao, yaong mga nagdisenyo ng mga gusali, kapitbahayan, mga pampublikong espasyo at kalunsuran, ay dapat maakit sa iba't ibang disiplinang makakatulong sa ating maunawaan ang proseso ng pag-iisip ng tao, simbolikong wika at paraan ng pagkilos. Hindi sapat na hagilapin lang ang kariktan ng disenyo. Mas mahalaga pa rin ang serbisyong maihahandong natin sa isa pang uri ng kariktan: ang kalidad ng buhay ng tao, ang kanilang pag-angkop sa kapaligiran, pakikipagharap at parehong pagtutulungan. Dito rin, nakikita nating napakahalaga na isinasaalang-alang ng pagpapalano sa kalunsuran ang mga pananaw ng mga maninirahan sa mga pook na ito.

151. May pangangailangan ding protektahan yaong mga karaniwang pook, mga nakikitang mohón at tanawin sa kalunsuran na nagpapataas ng ating kahulugan ng pakikiisa, ng pinag-ugatan, ang "pakiramdam na nasa tahanan" sa loob ng lungsod kung saan kabilang tayo at pinagsama-sama tayo. Mahalaga na sa iba't ibang bahagi ng lungsod na maayos na nakapaloob at yaong naninirahan doon ay may pakiramdam ng pagiging buo, imbis na naroon lang sa isang kapitbahayan at di nakikita ang mas malaking lungsod bilang malaking espasyon dapat nilang ibahagi sa iba. Ang mga panghihimasok ng nakakaapekto sa tanawin sa kalunsuran at kanayunan ay dapat isaalang-alang kung paano nagsama-sama ang iba't ibang salik upang maging buo na dama ng mga nakatira rito bilang isang maliwanag at makabuluhang banghay para sa kanilang buhay. Ang iba'y hindi na magiging estranghero, kundi bahagi na ng pagiging "tayo" kung saan nais itong likhain ng bawat isa sa atin. Sa ganito ring kadahilanan, sa parehong tagpuang kalunsuran at kanayunan, makatutulong kung isasantabi ang mga pook na dapat pangalagaan at protektahan mula sa palagiang pagbaabgong dala ng panghihimasok ng tao.

152. Napakalubhang suliranin ang kakapusan sa pabahay sa maraming bahagi ng mundo, sa parehong kanayunan at sa malalaking lungsod, pagkat maliit na bahagi lamang ng kinakailangan ang karaniwang nasasakop ng badyet ng estado. May kinalaman ang pagkakaroon ng tahanan sa pakiramdam ng personal na dignidad at paglago ng mga pamilya. Mahalagang usapin ito para sa ekolohiya ng tao. Sa ibang pook, kung saan naglitawan ang mga pansamantalang bayan ng barung-barong, nangangahulugan itong dapat paunlarin ang mga kapitbahayang iyon imbes na gibain o ipagtabuyan sila. Kapag nakatira ang mga maralita sa mga maruruming pook o sa mga mapanganib na gusahing tirahan, "sa mga kaso kung saan dapat silang ilipat, upang di na mabuntunan ng pulos pagdurusa, dapat maibigay agad ang mga kinakailangang sapat na impormasyon, na may pagpipilian sa mga iniaalok na disentang pabahay, at dapat na bahagi ng proseso ang mga taong direktang kasangkot". [118] Kasabay nito, dapat makita sa pinagsamang buod ng kapitbahayan ang pagkamalikhain bilang katanggap-tanggap na lungsod: "Gaano kaganda ang mga lungsod na yaong napagtagumpayan ang mga nakalulumpong pagdududa, napapagsama-sama yaong mga naiiba at gawin ang mismong pagsasama-samang ito bilang bagong salik ng kaunlaran! Gaano kaakit-akit ang mga lungsod na yaong, kahit na yaong kanilang disenyo ng arkitektura, ay puno ng mga espasyong dumudugtong, umuugnay at pabor sa pagkilala sa iba!" [119]

153. May kinalaman ang sistema ng transportasyon sa kalidad ng buhay sa kalunsuran, na kadalasang pinagmumulan ng matinding pagdurusa sa mga gumagamit ng mga iyon. Maraming kotse, na ginagamit ng isa o higit pang tao, ang umiikot sa mga kalunsuran, na nagiging sanhi ng pagsisikip ng trapiko, pagtataas ng antas ng polusyon, at pagkokonsumo ng malalaking kantidad ng mga hindi-nababagong enerhiya. Kaya kinakailangan pang magbuo ng mga bagong lansangan at mga himpilan ng sasakyan na nakasisira sa tanawin sa lungsod. Maraming espesyalista ang sumasang-ayon sa dapat bigyang prayoridad ang pampublikong transportasyon. Ngunit ang ilang mga kinakailangang hakbang ay hindi agad mapatunayang katanggap-tanggap sa lipunan hangga't hindi naisasagawa ang malaking pagsulong sa mismong mga sistema nito, kung saan sa maraming lungsod ay natutulak ang mga taong maglagay nito nsa ilalim ng masamang kalagayan dahil sa pagsisikip, di maalwan, madalang na serbisyo at kakulangan ng kaligtasan.

154. Ang paggalang sa ating dignidad bilang tao ay madalas na nagpapagaralgal sa magulong reyalidad na kailangang tiisin ng tao sa pamumuhay sa kalunsuran. Ngunit di ito dapat maging dahilan upang makaligtaan ang pag-iwan at pagpapabayang nararanasan din ng mga nasa kanayunan na di madaling makapagtamo ng mga kinakailangang serbisyo at kung saan ang mga manggagawa ay napunta sa kalagayang inaalipin, walang karapatan o kahit pag-asa ng isang mas marangal na pamumuhay.

155. Ipinahihiwatig din ng ekolohiyang pantao ang isa pang malalim na katotohanan: Ang ugnayan sa pagitan ng buhay ng tao at batas hinggil sa moralidad na nakaukit na sa ating kalikasan at kinakailangan para sa paglikha ng mas marangal na kapaligiran. Nagsalita hinggil sa isang "ekolohiya ng tao" si Santo Papa Benedicto XVI, batay sa katotohanang "ang tao rin ay may likas na katangiang dapat niyang igoalang at hindi niya maaaring manipulahin pag kanyang nais". [120] Sapat nang mabatid na ang mismong katawan natin ang nagbubuo sa isang direktang ugnayan sa kapaligiran at sa iba pang buhay

na nilalang. Ang pagtanggap sa ating mga katawan bilang kaloob ng Diyos ay mahalaga para sa malugod na pagsalubong at ang pagtanggap sa buong mundo bilang kaloob mula sa Ama at sa tahanan nating lahat, habang iniisip na may lubos na kapangyarihan tayo sa ating mga katawan, madalas mandaraya, ay naiisip nating may ganap tayong kapangyarihan sa sangnilikha. Ang mapagtantong tinatanggap natin ang ating katawan, ang pangangalaga nito at paggalang sa lubusang kahulugan nito, ay mahalagang salik sa anumang totoong ekolohiya ng tao. Kinakailangan ang pagpapahalaga sa kani-kanyang katawan sa pagkababae at pagkalalaki nito kung kikilalanin ko ang aking sarili sa pakikipagharap sa kapwa taong naiiba. Sa ganitong paraan, malugod nating matatanggap ang natatanging kaloob ng isa pang tao, na gawa ng Diyos na Manlilikha, at makatagpo ng kapwa kasaganaan. Hindi malusog na pag-uugali ang maghanap ng "alisin ang anumang kaibahan sa sekswal dahil hindi na nito alam kung paano ito haharapin". [121]

IV. ANG PRINSIPYO NG PANGKALAHAT ANG KABUTIHAN

156. Ang ekolohiyang pantao'y hindi maibubukod ang ideya ng pangkalahatang kabutihan, ang pangunahin at mapagkaisang prinsipyo ng panlipunang etika. Ang pangkalahatang kabutihan ang "kabuuan ng mga kalagayang iyon ng panlipunang pamumuhay kung saan pinahihintulutan ang mga panlipunang grupo at kanilang mga indibidwal na kasapi na lubusang kamtin ang sariling katuparan ng masusi at may kahandaan. [122]

157. Batay sa prinsipyo ng pangkalahatang kabutihan ang paggalang sa isang tao, na pinagkalooban ng mga pangunahin at di maipagkakait na karapatan para sa kanyang kinakailangan niyang pagsulong. May kinalaman din ito sa pangkalahatang kagalingan ng lipunan, at sa pagsulong ng iba't ibang grupong tagapamagitan, habang tangan ang pagkaunawa sa karangalan. Ang namumukod-tangi sa mga grupong ito ay ang pamilya, bilang batayang selula ng lipunan. At sa huli, ang pangkalahatang kabutihan ay nananawagan ng panlipunang kapayapaan, katatagan at seguridad na inilatag ng isang kaayusang hindi makakamit ng wala ang partikular na malasakit para sa naibabahaging katarungan; na kapag ito'y nalabag, nagaganap lagi ang karahasan. Ang lipunan sa kabuuan, at ang estado sa partikular, ay obligadong ipagtanggol at itaguyod ang pangkalatahang kabutihan.

158. Sa kasalukuyang kalagayan ng daigdigang lipunan, kung saan napakaraming inhustisya at napakarami ring taong pinagkakaitan ng batayang karapatang pantao at itinuturing na hindi kinakailangan, kaya ang prinsipyo ng pangkalahatang kabutihan, sa katwiran at sa hindi maiiwasan, ay agad nagiging panawagan ng pagkakaisa at nakahaing opsyon para sa pinakadukha sa ating mga kapatid. Ang opsyong ito'y nangangailangan ng pagkilala sa kahihinatnan ng pandaigdigang pagdadalhan ng mga kabutihan sa mundi, ngunit, tulad ng aking tinukoy sa Apostolikong eksortasyong Evangelii Gaudium, [123], nananawagan ito, higit sa lahat, ng pagpapahalaga sa malawak na dignidad ng dukha sa batid nating napakalalim na paniniwala bilang mananampalataya. Kailangan lang nating magmasid sa paligid natin upang makitang, sa kasalukuyan, ang opsyong ito sa katunayan ay isang etikal na kahalagahan na marapat para sa epektibong pagkakamit ng pangkalahatang kabutihan.

V. KATARUNGAN SA PAGITAN NG MGA SALINLAHI

159. Ang paniwala sa pangkalahatang kabutihan ay magpapatuloy pa hanggang sa mga susunod na salinlahi. Masakit makita sa daigdigang krisis pang-ekonomya ang mapaminsalang epekto ng pagwawalangbahala sa ating pangkalahatang tadhana, na hindi maibubukod yaong paparating pa lang matapos natin. Hindi na natin mapapag-usapan ang sustenableng pag-unlad nang hiwalay sa pagkakaisang tumatagos sa maraming salinlahi. Kapag nagsimula na nating isipin ang uri ng munding iiwan natin sa mga susunod na salinlahi, tintitingnan nating kaiba ang mga bagay-bagay; napapagtanto nating ang mundo'y isang kaloob na malaya nating natanggap at dapat ipamahagi sa iba. Mula nang ang mundo'y naipagkaloob sa atin, hindi na natin matitingnan ang reyalidad sa purong pamamaraang utilityano, kung saan ang pagiging mahusay at epektibo'y lubos na nakatuon sa ating mga indibidwal na benepisyo. Hindi obligadong magkaroon ng pagkakaisang tumatagos sa maraming salinlahi, ngunit sa halip ay ang batayang usapin ng katarungan, dahil ang daigdig na minana natin ay para rin sa mga

susunod pa sa atin. Tinatawagan tayo ng mga obispong Portuges na kilalanin ang obligasyong ito ng katarungan: "Bahagi ang kapaligiran ng isang lohika ng kahandaang tumanggap. May hiniram ito sa bawat salinlahi, na dapat ipasa sa susunod dito." [124] Tinatakan ng mas malawak na pananaw na ito ang isang kabuuang ekolohiya.

160. Anong klaseng daigdig ang nais nating iwan sa mga susunod sa atin, sa mga batang lumalaki na ngayon? Ang usaping ito'y hindi lamang inaalala ang kapaligiran ng nakabukod; hindi matutugunan ang usapin ng pautay-utay. Kapag tinanong natin ang ating sarili kung anong klaseng daigdig ang ating iiwan, iniisip natin unang-una ang pangkalahatang tunguhin nito, ang kahulugan nito at ang halaga nito. Maliban kung babakahin natin ang mga mas malalalim na usaping ito, hindi ako naniniwalang ang ating pagmamalasakit sa ekolohiya'y magbubunga ng mga makabuluhang resulta. Ngunit kapag matapang nating hinarap ang mga usaping ito, matatag tayong hahantong sa pagtatanong ng iba pang mga tukoy na katanungan: Ano ang layunin ng buhay natin sa daigdig na ito? Bakit tayo narito? Ano ang layunin ng ating mga ginagawa at lahat ng ating mga pagsisikap? Anong pangangailang mayroon ang daigdig sa atin? Kaya hindi na sapat na sabihin lang nating inaalala natin ang mga susunod na salinlahi. Dapat nating makita na nakasalang dito ang ating sariling dangal. Nasasaatin, unang-una na, kung iiwan natin ang isang planetang hindi na matitirahan ng mga susunod na salinlahi. Ang usaping ito'y yaong talagang madamdaming nakakaapekto sa atin, spagkat may kinalaman ito sa talagang kahulugan ng ating pansamantalang paninirahan sa daigdig.

161. Ang mga hula ng pagkagunaw ng mundo'y hindi na haharapin ng may panunuya o pagkikibit-balikat. Maaring maiwan natin sa mga susunod na salinlahi ang mga basura, kapanglawan at karumihan. Ang bilis ng pagkonsumo, pag-aaksaya at pagbabago sa kapaligiran ang nag-unat sa kakayahan ng planeta na ang ating kasalukuyang estilo ng pamumuhay, na hindi sustainable, ay maaaring magpadali lamang sa mga sakuna, tulad ng kahit na ngayon ay pana-panahong nagaganap sa iba't ibang panig ng mundo. Ang mga epekto ng mga kawalan ng balanse sa kasalukuyan ay mababawasan lamang ng ating mga tiyak na pagkilos, dito at ngayon. Dapat nating pagnilayan ang ating pananagutan sa mga taong pagtitisan ang mga kahihinatnang nakatatakot.

162. Ang bigat ng seryosong pagtahak sa hamong ito ay may kinalaman sa etikal at pangkulturang pagdausdos na sinamahan ng pagkasira ng kapaligiran. Ang mga tao sa ating postmodernong mundi ay nanganganib sa laganap na pagkamakasariili, at kayraming suliranin ng lipunan ang nakaugnay sa kasalukuyang kulturang nakatutok sa sarili ng sandaling kasiyahan. Nakikita natin ito sa krisis ng pamilya at pamilyang ugnayan at ang mga kahirapang makilala ang iba. Maaring madaling kumiling sa mapusok at mapag-aksayang pagkonsumo ang mga magulang, na makakaapekto sa kanilang mga anak at nakikita na rin ang kahirapang makakuha ng sariling bahay at makapagbuo ng sariling pamilya. Dagdag pa, ang kawalan natin ng kakayahang seryosong mag-isip para sa mga susunod na salinlahi ay nakaugnay sa kawalan natin ng kakayahang palawakin ang sakop ng ating kasalukuyang interes at isalang-alang yaong mga nananatiling hindi kasama sa kaunlaran. Huwag nating isipin lang ang mga maralita sa hinaharap, kundi ang kasalukuyang mahihirap, na ang buhay sa mundong ito'y maikli at hindi na makapaghihintay. Kaya, "dagdag sa patas na kahulugan ng pagkakaisang tumatagos sa maraming henerasyon, may kagyat ding pangangailangang moral para sa muling pagbabagong kahulugan ng pagkakaisa ng mga nasa iisang henerasyon". [125]

KABANATA LIMA

MGA LINYA NG PAGTUGON AT PAGKILOS

163. Sa ngayon, tinangka kong suriin ang mga naganap sa ating kasalukuyang kalagayan, tinututukan ang mga bitak sa planetang pinananahanan din natin pati na ang malalalim na sanhing gawa ng tao sa pagkasira ng kapaligiran. Bagamat ang pagininilay natin sa reyalidad na ito sa kanyang sarili ay nagpakita na ng pangangailangan baguhin ang direksyon at iba pang larangan ng pagkilos, ngayon ay susubukan nating balangkasin ang mga mayor na landasin ng pakikipagtalakayan na makatutulong sa ating upang matakasan ang pag-ikid ng pagpapatiwakal na kasalukuyang bumabalot sa atin.

I. PAKIKIPAGTALAKAYAN HINGGIL SA KAPALIGIRAN SA PANDAIGDIGANG PAMAYANAN

164. Sa pagsisimula ng kalagitnaan ng nakaraang siglo at mapagtagumpayan ang maraming suliranin, may dumaraming paniniwalang ang ating planeta'y isang tinubuang lupa at ang sangkatauhan ay isang taong naninirahan sa isang pangkalahatang tahanan. Ang isang nagtutulungang mundo'y hindi lang ginagawa tayong higit na maalam sa mga negatibong epekto ng ilang estilo ng pamumuhay at modelo ng produksyon at pagkonsumong nakaaapekto sa ating lahat; mas mahalaga, inuudyukan tayo nitong tiyaking naipapanukala ang mga kalutasan mula sa perspektibang global, at hindi lamang payak naipagtanggol ang interes ng ilang bansa. Inoobliga tayo ng pagtutulungan na pag-isipan ang isang daigdig na may isang planong pangkalahatan. Gayunman ang gayong pagkamalikhain na nagdala ng malaking teknolohikal na pagsulong na sa ngayon ay napapatunayang hindi kayang makahanap ng mga epektibong pamamaraan sa pagtugon sa malala nang problemang pangkapaligiran at panlipunan sa buong mundo. Mahalaga ang isang pandaigdigang napagkaisahan sa pagharap sa mas malalalim na problema, na hindi malulutas sa pamamagitan ng sariling aksyong sa bahagi ng mga indibidwal na bansa. Ang napagkaisahang tulad nito ay maaaring tumungo, halimbawa, sa pagpapalano ng isang tuluy-tuloy at samutsaring agrikultura, pagsulong ng nababago at di gaanong maruming anyo ng enerhiya, naghihikayat ng mas mahusay na paggamit ng enerhiya, pagtataguyod ng mas magandang pangangasiwa ng yamang dagat at kagubatan, at pagtitiyak ng madaling pagkuha ng maiinom na tubig sa buong mundo.

165. Alam nating ang teknolohiyang nakabatay sa paggamit ng napakaruruming fossil fuel - lalo na ang coal, pati na rin langis at, sa mas mababang antas, ay gas - na kinakailangang progresibong mapalitan ng walang pagkaantala. Hanggang maisagawa ang mas malaking progreso sa pagbubuo ng mas madaling makuhang bukal ng nababagong enerhiya, marapat lamang piliin ang mas mababa sa dalawang kasamaan o mahanap ang mga maiiksing solusyon. Ngunit hindi pa nakararating sa angkop na mga kasunduan ang pandaigdigang pamayanan hinggil sa pananagutan upang mabayaran ang halaga ng pagbabagong-kalagayan ng enerhiyang ito. Sa mga nakaraang dekada, iniangat ng mga usaping pangkapaligiran ang maraming pampublikong debate at nagtamo ng samutsaring mapagpasya at mapagbugay na sibikong tugon. Mabagal magsikilos ang pulitika at negosyo sa pamamaraang kailangang-kailangan sa kinakaharap na mga hamon ng ating mundo. Bagamat magandang naaalala ang yugto pagkatapos ng rebolusyong industriyal bilang isa sa pinakaalibugha (o walang kapanagutan) sa kasaysayan, gayunman may dahilan para asahang maaalala ang sangkatauhan sa pagbubukang-liwayway ng ikadalawampu't isang siglo sa bukas-palad nitong pagsasabalikat ng maselang pananagutan nito.

166. Sa buong mundo, may nagawang mahahalagang pagsulong ang kilusang ekolohikal, salamat sa mga pagsisikap ng iba't ibang organisasyon ng lipunang sibil. Imposibleng banggitin sila dito lahat, o repasuhin ang kasaysayan ng kanilang mga inambag. Ngunit salamat sa kanilang mga pagpupunyagi, ang mga usaping pangkapaligiran ay lumalawak na nailalagay sa mga pampublikong adyenda at humihimok nang mas malayong pagtanaw. Sa kabila nito, ang nakaraang Daigdigang Pagpupulong hinggil sa kapaligiran ay hindi nagbunga tulad ng inaasahan dahil, sa kakulangan ng pampulitikang igkas, di nila narating ang totoong makahulugan at epektibong mga pandaigdigang kasunduan hinggil sa kapaligiran.

167. Mahalagang banggitin ang Daigdigang Pagpupulong noong 1992 sa Rio de Janeiro. Ipinahayag nitong "ang mga tao ang sentro ng alalalahanin para sa likaskayang pag-unlad". [126] Sa pagbanggit sa Pahayag sa Stockholm noong 1972, idinambana nito ang pandaigdigang kooperasyon upang pangalagaan ang ekosistema ng buong daigdig, ang obligasyon ng mga taong sanhi ng polusyon upang panagutan ang mga pinsala nito, at ang tungkuling tasahin ang epekto sa kapaligiran ng mga hátag na proyekto at gawain. Itinatakda nito ang layunin ng paglimita sa konsentrasyon ng greenhouse gas sa atmospera, sa pagsisikap na mabaligtad ang takbo ng daigdigang pag-iinit. Nagbabalankas na rin ito ng isang adyenda na may plano ng pagkilos at isang malawakang pagpupulong hinggil sa saribúhay, at nagsaad ng mga prinsipyo hinggil sa mga gubat. Bagamat ang malawakang pagpupulong ay totoong

hakbang pasulong, at tila tinatadhana sa panahong iyon, masagwa ang pagpapatupad ng mga kasunduang iyon, dahil sa kakulangan ng angkop na mekanismo sakaling makaligtaan, pana-panahong pagsusuri at mga parusa sa kaso ng mga hindi-tumalima. Ang mga prinsipyong ipinahayag nito ay naghihintay pa rin ng isang mahusay at nakakaangkop na pamamaraan ng praktikal na pagsasakatuparan.

168. Ang mga positibong karanasan hinggil dito, mababanggit natin, halimbawa, ang Kombensyong Basel hinggil sa mga mapanganib na basura, sa sistema nito ng pag-uulat, mga pamantayan at pagkontrol. Nariyan din ang pinagtibay na Kombensyon hinggil sa pandaigdigang kalakalan ng mga nanganganib na espésye ng mga ilahas na fauna at flora, kung saan kasama rin ang pagbisita sa mismong mga pook upang mapatunayan ang epektibong pagtalima. Maraming salamat sa Kumbensyon ng Vienna para sa proteksyon ng ozone layer at ang pagpapatupad nito sa pamamagitan ng Montreal Protocol at mga amyenda nito, ang problema sa pagnipis ng suson nito ay mistulang pumasok na sa yugto ng resolusyon.

169. Habang dapat pagtuunan ng pansin ang proteksyon ng saribúhay at mga usaping kugnay ng desertipikasyon, nagiging hindi gaanong mahalaga ang progreso. Hinggil naman sa pagbabago ng kilima, nakalulungkot na kakaunti lamang yaong paglago. Ang pagbabawas ng mga greenhouse gas ay nangangailangan ng katapatan, katapangan at pananagutan, higit sa lahat sa bahagi ng mga bansang mas makapangyarihan at siyang lalong nagdudumi sa kapaligiran. Ang Kumperensya ng United Nations hinggil sa Likaskayang Pag-unlad, "Rio+20" (Rio de Janeiro 2012), ay nagpaabot ng dokumentong naglalaman ng malawakan ngunit di epektibong resulta. Hindi makapagsagawa ng makabuluhang progreso ang mga pandaigdigang negosasyon dahil sa mga paninindigang tinanganan ng mga bansang inuna ang kanilang pambansang interes kaysa pandaigdigang kagalingan ng lahat. Yaong mga magdurusa sa mga kahihinatnan ng kung ano ang itinatangka nating itago ay hindi malilimtan ang kabiguan ng ito ng budhi at pananagutan. Kahit na nang inihahanda pa lang ang Ensiklikong ito, tumitindi na ang debate. Tayong mga mananampalataya'y hindi mabibigong hilingin sa Diyos ang isang positibong kalalabasan ng kasalukuyang mga talakayan, upang ang mga susunod na salinlahi'y hindi pagdusahan ang mga epekto ng ating di mabuting payo ng pagkaantala.

170. Ang ilang mga istrategiya upang mapababa ang mga emisyon ng maruruming gas ay nag-aanyaya ng pagsasapandaigdigang ng mga guguling pangkapaligiran, na ipinagsasapalaran ang pagpapataw sa mga bansang may kakaunting likasyaman ng mabibigat na pangako upang mabawasan ang mga dapog o emisyon kung ikukumpara sa mga nasa mas industriyalisadong bansa. Ang pagpapataw ng mga gayong hakbangin ay nagpaparusa sa mga bansang mas nangangailangan ng pag-unlad. Isa pang dagdag na kawalang katarungan ang naisagawa sa pagkukunwaring pinoprotektahan ang kapaligiran. Dito rin, sa dulo'y ang mga dukha ang siyang nagdurusa. Dagdag pa, dahil mas mararamdaman sa matagal na panahon ang mga epekto ng pagbabago sa klima, kahit na isagawa na ngayon ang mahihigpit na hakbangin, ang mga bansang may kakaunting likasyaman ay nangangailangan ng tulong upang makaangkop sa mga epektong nangyayari na, at siyang nakaaapekto sa kanilang mga ekonomya. Sa ganitong konteksto, kinakailangan ng isang magkakapareho at magkakaibang pananagutan. Tulad ng ipinahayag ng mga obispo ng Bolivia, "ang mga bansang nakinabang mula sa mataas na antas ng industriyalisasyon, sa kapinsalaan ng malawak na emisyon ng mga greenhouse gas' ay may mas malaking pananagutan upang makapagbigay ng kalutasan sa mga suliraning kanilang idinulot". [127]

171. Ang istrategiya ng pagbili at pagbebenta ng mga "carbon credit" ay maaaring humantong sa isang bagong anyo ng haka-hakang pagtingin o ispekulasyon na hindi makakatulong sa pagbabawas ng dapog o emisyon ng maruming gas sa buong mundo. Ang sistemang ito animo'y nagbibigay ng mabilis at madaling solusyon sa pagkukunwaring may tiyak na pangakong gagawin sa kapaligiran, ngunit di kayang pahintulutan ang mga marahas na pagbabago na kinakailangan ng kasalukuyang kalagayan. Kundi, baka ito'y simpleng pakana na nagpapahintulot ng pagpapanatili ng labis-labis na pagkonsumo ng ilang mga bansa at saray.

172. Para sa mga mahihirap na bansa, ang prayoridad ay dapat mapawi ang napakatinding kahirapan at pagtataguyod ng panlipunang pag-unlad ng kanilang mamamayan. Kasabay noon, dapat nilang kilalanin ang nakakahiyang antas ng pagkonsumo ng ilang may pribilehiyong sektor sa kanilang populasyon at sa paglaban sa katiwalian nang mas epektibo. Gayundin naman, sila'y patungo sa pagbuo ng di gaanong nagpaparuming anyo ng produksyon ng enerhiya, ngunit upang magawa ito kinakailangan nila ang tulong ng mga bansang nakaranas na ng malaking pag-unlad sa kapinsalaan ng patuloy na polusyon ng planeta. Ang pagkuha ng bentahe ng masaganang enerhiyang solar ay nangangailangan ng pagbubuo ng mga mekanismo at subsidyong magpapahintulot sa mga papaunlad na bansa na magkaroon ng naililipat na teknolohiya, tulong teknikal at mapagkukunang pinansyal, ngunit sa pamamaraang iginagalang ang kanilang kongkretong kalagayan, pagkat "ang pagkakatugma ng [imprastruktura] sa konteksto kung saan dinisenyo ang mga ito na hindi palaging angkop na natatasa". [128] Ang halaga nito'y magiging mababa, kung ikukumpara sa panganib na dulot ng pagbabago sa klima. Sa anumang pangyayari, ang mga ito'y pangunahing pagpapasiyang etikal, na nag-uugat sa pagkakaisa sa pagitan ng lahat ng tao.

173. Agarang kinakailangan ang mga maaaring gawing pandaigdigang kasunduan, dahil hindi laging kayang epektibong makialam ang mga lokal na awtoridad. Ang ugnayan sa pagitan ng mga estado ay dapat gumagalang sa kalayaan ng bawat isa, subalit dapat maglatag din ng kapwa sinang-ayunang pamamaraan ng pag-iwas sa mga kalamidad sa rehiyon na sa huli'y makakaapekto sa lahat. Ang mga pandaigdigang pinatakarang kaugalian ay kinakailangan upang maipataw ang mga pananagutan at mapigilan ang mga hindi katanggap-tanggap na mga kilos, halimbawa, kapag nagtapon na ng mga kontaminadong basura ang mgamakapangyarihang kumpanya o mga ndustriyang nagpaparumi sa mga pook na malayo sa dalampasigan sa ibang mga bansa.

174. Banggitin din natin ang sistema ng pamamahala sa mga karagatan. Umiiral ang iba't ibang mga pandaigdigang at pangrehiyonal na kumbensyon, ngunit ang pagkapira-piraso at ang kakulangan ng istriktong mekanismo ng regulasyon, kontrol at kaparusahan na humahantong sa pagbalewala sa ganitong mga pagsisikap. Kinakatawan ng lumalagong problema ng mga basura sa katubigan at sa proteksyo ng lantad na karagatan ang mga partikular na hamon. Ang kinakailangan, sa epekto, ay isang kasundugan ng mga sistema ng pamamahala para sa buong nasasaklaw ng "daigdigang panlahat".

175. Ang katulad ng pag-iisip na nakaharang sa paggawa ng kinakailangang mga pasiya upang baligtarin ang kalakaran ng pag-iinit ng mundo ay nakaharang din sa pagkakamit ng layuning mapawi ang kahirapan. Ang isang mas responsableng pangkalahatang pagtugon ang kinakailangan sa kinakaharap na mga problema: ang pagbabawas ng polusyon at ang pagpapaunlad ng mas mahihirap na bansa at rehiyon. Nasasaksihan ng ikadalawampu't isang siglo, habang pinananatili ang sistema ng pangangasiwang namana nito sa nakaraan, ang panghihina ng kapangyarihan ng mga nasyon-estado, pangunahin dahil sa mga sektor pang-ekonomya at pampinansya, na dahil transnasyunal, ay maaaring mangibabaw sa pampulitika. Sa mga ganitong kalagayan, mahalagang magsagawa ng mas malakas at mas mahusay na mga organisadong institusyong pang-internasyunal, kung saan ang mga responsable ay patas na itinalaga sa pamamagitan ng mga kasundigan sa pagitan ng mga pambansang pamahalaan, at binigyan ng kapangyarihang magpataw ng parusa. Tulad ng pinagtibay ni Benedict XVI sa pagpapatuloy ng mga katuruan ng Simbahan: "Upang pangasiwaan ang pandaigdigang ekonomya; upang pasiglahin ang mga ekonomyang tinamaan ng krisis; upang maiwasan ang anumang pagkasira ng kasalukuyang krisis at ang ibubungang mas matinding kawalan ng balanse; ang magdala ng makabuluhan at napapanahong pag-aalis ng mga armas, seguridad sa pagkain at kapayapaan; upang tiyakin ang proteksyon ng kapaligiran at upang ayusin ang mga paglikas: sa lahat ng ito, may agarang pangangailangan ng isang totoong pandaigdigang pampulitikang awtoridad, tulad ng ipinahiwatig ilang taon na ang nakararaan ng nauna sa aking Banal na Juan XXIII". [129] Nagkaroon din ng bagong importansya ang diplomasya sa pagbubuo ng mga pandaigdigang istrategiya na maaaring mahulaan ang mga malulubhang suliraning nakaapekto sa ating lahat.

II. PAG-UUSAP PARA SA MGA BAGONG POLISIYANG PAMBANSA AT LOKAL

176. Hindi lamang may mga panalo at natalo sa pagitan ng mga bansa, kundi sa mismong mga mahihirap na bansa. Kaya kinakailangang matukoy ang iba't ibang pananagutan. Hindi na simpleng matutugunan lamang ang mga usaping kaugnayan sa kapaligiran at pang-ekonomyang pag-unlad sa pananaw ng pagkakaiba-iba ng pagitan ng mga bansa; nananawagan din sila ng mas malawak na atensyon sa mga patakaran sa antas pambansa at lokal.

177. Kung isasaalang-alang ang totoong potensyal upang maling magamit ang kakayahan ng tao, hindi na mapagsasawalang bahala ng mga indibidwal na estado ang kanilang pananagutan sa pagpapalano, koordinasyon, pangangasiwa at pagpapatupad sa loob ng kani-kanilang mga hangganan. Paano mapalano at papoprotektahan ng isang lipunan ang kinabukasan nito sa gitna ng patuloy na pagbubuo ng mga inobasyong pangteknolohiya? Isang mapanghahawakang pinagmumulan ng pangangasiwa at koordinasyon ay ang batas, na siyang naglatag ng mga patakaran para sa katanggap-tanggap na gawi na hinggil sa kabutihang panlahat. Ang mga limitasyong dapat ipataw ng isang malusog, matanda na at malayang lipunan ay yaong may kaugnayan sa pag-intindi sa hinaharap at seguridad, kagawiang pinatakarang, napapanahong pagpapatupad, ang pagwawaksi sa katiwalian, epektibong mga tugon sa mga di kanais-nais na di inaasahang epekto ng mga proseso ng produksyon, at angkop na pakikialam kung saan may sangkot nang mga potensyal o di tiyak na panganib. May isang lumalagong batas na humaharap sa pagbabawas ng polusyon sa pamamagitan ng gawaing pangkalakalan. Ngunit hindi umiiral ang mga balangkas pampulitika at institusyonal upang maiwasan lamang ang mga masamang nakagawian, ngunit upang itaguyod na rin ang mga pinakamahuhusay na kagawian, upang pasiglahin ang pagkamalikhain sa paghahanap ng mga bagong solusyon at upang tumulong sa insiyatiba ng mga indibidwal o pangkat.

178. Nahihimik na magsagawa ng pangmabilisang paglago ang pulitikang nag-iisip ng agarang resulta, na sinusuportahan ng mga sektor ng tagakonsumo sa populasyon. Bilang tugon sa interes na panghalalan, nag-aatubili ang mga pamahalaan na mabalisa ang publiko ng mga hakbanging makaaapekto sa antas ng pagkonsumo o magkaroon ng panganib para sa dayuhang pamumunuhan. Inaantala ng mahinang pagtingin sa kapangyarihang pampulitika ang pagsama ng masinop na dyendang pangkapaligiran sa loob ng pangkalahatang adyenda ng mga pamahalaan. Kaya nakakaligtaan nating "mas masaklaw ang panahon kaysa espasyo", [130] na tayo'y mas laging epektibo kapag bumubuo tayo ng prosesong kaysa tanganan ang mga panunungkulan sa kapangyarihan. Nahahayag ang totoong kasanayang pambayan kapag, sa mga panahon ng kahirapan, itinataguyod natin ang mga dakilang prinsipyo at mag-iisip ng pangmatagalang pangkalahatang kagalingan. Hindi ito nakikitang madali ng mga kapangyarihang pampulitika sa gawain ng pagbubuo ng bansa.

179. Sa ilang pook, isinusulong ang mga kooperatiba upang samantalahin ang mga nababagong pinagkukunan ng enerhiya upang tiyakin ang lokal na sariling kasapatan at maging ang pagbebenta ng labis na enerhiya. Ang simpleng halimbawang ito'y nagpapakitang, habang pinatutunayan ng umiiral na kaayusan ang kawalan nito ng kapangyarihang tindigan ang pananagutan nito, may magagawang tunay na kakaiba ang mga lokal na indibidwal at mga pangkat. Naihasik nila ang mas malawak na kahulugan ng pananagutan, matinding kahulugan ng bayanihan, kahandaang maprotektahan ang kapwa, diwa ng pagkamalikhain at malalim na pag-ibig sa tinubuang lupa. Iniisip din nila kung anong kanilang maipapamana sa kanilang mga anak at mga apo. Ang mga mabubuting kaugaliang ito'y malalim na nakaugat sa mga katutubo. Dahil ang pagpapatupad ng batas ay paminsan-minsang hindi angkop dahil sa katiwalian, dapat igiit ang pagpwersa ng publiko upang maisagawa ang mapagpasyang aksyong pampulitika. Ang lipunan, sa pamamagitan ng mga samahang di-pampamahalaan (NGOs) at mga pangkat tagapamagitan, ay dapat maggiit sa mga gobyerno na isulong ang mas mahigpit na regulasyon, pamamaraan at mga kontrol. Hangga't hindi nakokontrol ng mamamayan ang kapangyarihang pampulitika - pambansa, pangrehiyon at pambayan - di magiging posible ang pagkontrol ng pinsala sa kapaligiran. Mas epektibo rin ang mga lokal na batas, kung may mga kasunduang umiiral sa pagitan ng mga kalapit na pamayanang sumusuporta sa parehong mga patakarang pangkapaligiran.

180. Walang mga magkakatulad na resipe, dahil ang bawat bansa o rehiyon ay may sariling mga problema at mga limitasyon. Totoo rin na ang realismong pampulitika ay maaaring manawagan ng transisyunal na mga hakbangin at mga teknolohiya, basta't kasama nito ang unti-unting pagbabalangkas at pagtanggap ng mga umiiral na obligasyon. Kasabay nito, sa pambansa at lokal na antas, kayrami pang dapat gawin, tulad ng pagtataguyod ng mga pamamaraan ng pagtitipid ng enerhiya. Kasama rito ang pagpabor sa anyo ng produksyong pang-industriya na may maksimum na kahusayan ng enerhiya at ang maliitan nang paggamit ng mga hilaw na materyales, inaalís sa pamilihan ang mga produktong hindi gaanong mahusay sa enerhiya o mas nakakapagparumi, pagpapabuti ng sistema ng transportasyon, at paghihikayat ng pagtatayo at pagkukumpuni ng mga gusali na may layuning bawasan ang pagkonsumo ng mga ito ng enerhiya at ang antas ng polusyon. Ang mga pampulitikang gawain sa lokal na antas ay maaari ding akayin tungo sa pagbabago ng pagkonsumo, pagbubuo ng ekonomya ng pagtatapon ng basura at pagreresiklo, pagprotekta ng mga tiyak na espésye at pagpapalano ng isang samutsaring agrikultura at ang pagpapalit-palit ng mga pananim. Ang agrikultura sa mas mahihirap na rehiyon ay maaaring mapabuti sa pamamagitan ng pamumuhunan sa imparstrukturang pangnayon, isang mas mahusay na samahan ng mga lokal o pambansang pamilihan, mga sistema ng patubig, at ang pagbubuo ng mga pamamaraan ng sustenableng agrikultura. Maaaring humikayat ng mga bagong anyo ng kooperasyon at samahang pampamayanan upang maipagtanggol ang interes ng maliliit na manlilikha at mapangalagaan ang mga lokal na ekosistema mula sa pagkawasak. Tunay nga, kayrami pang magagawa!

181. Dito, mahalaga ang pagtutuluy-tuloy, pagkat ang mga polisiyang kaugnay ng nagbabagong klima at proteksyon sa kapaligiran ay hindi mababago sa bawat pagpapalit ng pamahalaan. Kinakailangan ng sapat na panahon ang mga resulta at kinakailangan ng agarang panggugol na maaaring hindi makabuo ng kongkretong epekto sa loob ng termino ng isang pamahalaan. Iyan ang dahilan, na kapag wala ang tulak ng publiko at ng mga sibikong institusyon, laging nag-aatubiling makialam ang mga awtoridad-pulitikal, paano pa kaya kung may agarang pangangailangang dapat magawa. Upang angkinin nila ang mga pananagutan at guguling kinakailangan, tiyak na makikipagbangan ang mga pulitika ng kaisipan ng madaliang ganansya at resultang nangingibabaw sa kasalukuyang ekonomya at pulitika. Ngunit kung sila'y matatapang, patutunayan nila ang kanilang dignidad na ibinigay ng Diyos at iiwanan ang isang testimonya hinggil sa pananagutang walang pag-iimbot. Sadyang kinakailangan ang isang malusog na pulitika, may kakayahang repormahin at makipagtulungan sa mga institusyon, itinataguyod ang mga pinakamagandang ginawa at napagtatagumpayan ang labis-labis na presyon at pagiging tuod ng burokrasya. Maidaragdag, na kahit ang mga pinakamahuhusay na mekanidmo'y maaaring masira kapag walang makabuluhang layunin at kagawian, o isang tunay at malalim na humanismo upang magsilbing batayan ng isang marangal at mapagbigay na lipunan.

III. TALAKAYAN AT TRANSPARENSIYA SA PAGBUBUO NG MGA PASIYA

182. Isang pagtatasa ng epektong pangkapaligiran ng pakikipagsapalaran sa negosyo at proyekto na nangangailangan ng transparensya ng mga prosesong pulitikal na sangkot ang malayang palitan ng kuro-kuro. Sa kabilang bansa, ang mga anyo ng katiwalian na itinatago ang totoong epektong pangkapaligiran ng isang hátag na proyekto, bilang kapalit ng pabor, ay karaniwang lumilikha ng mga paimbabaw na kasunduan na nabibigong mag-ulat ng angkop at nagpapahintulot ng malawakang debate.

183. Ang pagtatasa ng epektong pangkapaligiran ay hindi dapat dumatal matapos magbalangkas ng isang mungkahing o ang panukala para sa isang partikular na polisiya, plano o programa. Dapat na maging bahagi ito ng proseso sa simula pa lang, at maisagawa sa pamamaraang interdisiplinaryo, transparensiya at malaya sa lahat ng pang-ekonomiko at pampulitikang presyon. Dapat nakaugnay ito sa pag-aaral sa mga kalagayan sa paggawa at posibleng epekto sa kalusugang pampisikal at pangmental ng mamamayan, sa lokal na ekonomiya at sa kaligtasan ng publiko. Kaya ang mga pang-ekonomyang pagbawi'y makatotohanang matataya, na isinasaalang-alang ang mga potensyal na senaryo at ang mga napapanahong pangangailangan para sa higit pang pamumuhunan upang maiwasto ang mga posibleng di-inaasahang epekto. Dapat marating ang konsensus sa pagitan ng iba't ibang magkakabakas, na

makapagbibigay ng samo't saring pagtugon, solusyon at alternatiba. Dapat may ispesyal na pwesto sa talahanayan ang lokal na populasyon; inaalala nila ang kanilang sariling kinabukasan at ng kanilang mga anak, at maaaring isaalang-alang ang mga layuning lumalampas sa agarang pang-ekonomyang interes. Dapat huimnto na tayong isipin sa mga tuntunin ng "pakikialam" upang sagipin ang kapaligiran bilang pabor sa mga polisiyang binuo at pinagdebatihan ng lahat ng mga interesadong panig. Ang pakikilahok ng huli ay nagsasangkot din sa pagiging lubusang nabigyang kaalaman tungkol sa ganitong mga proyekto at ang iba't ibang mga panganib at posibilidad nito; kabilang dito di lang ang mga paunang desisyon kundi pati na rin ang iba't-ibang sumunod na mga aktibidad at patuloy na pagsubaybay. Kinakailangan ang katapatan at katotohanan sa mga talakayang pang-agham at pampulitika; di ito dapat malimitahan sa isyu kung pinahihintulutan ba ng batas ang isang partikular na proyekto o hindi.

184. Sa harap ng mga posibleng panganib sa kapaligiran na maaaring makaapekto sa pangkalahatang kabutihan sa kasalukuyan at sa hinaharap, ang mga desisyon ay dapat ginawa "batay sa paghahambing ng mga panganib at benepisyong naki-kinita para sa iba't ibang mga posibleng alternatibo". [131] Lalo na kung iyan ang kaso kapag ang isang proyekto ay maaaring humantong sa mas matinding paggamit sa mga likasyaman, mas mataas na antas ng emisyon o pagtatapon, pagdami ng basura, o may makabulugang pagbabago sa tanawin, sa mga tahanan ng mga protektadong espésye o pampublikong mga espasyo. Ang ilang proyekto, kung di sapat na napag-aralan, ay maaaring malalim na makaapekto sa kalidad ng buhay ng isang lugar dahil sa naiibang mga salik tulad ng di inaasahang polusyon sa ingay, ang paglubog ng nakikitang kaligiran, ang pagkawala ng kabutihan ng kultura, o ang mga epekto ng paggamit ng enerhiyang nukleyar. Nagiging maalwan sa kultura ng konsyumerismo, na inuuna ang madaling ganansya at pribadong interes, na tatakan na lamang ang mga awtorisasyon o upang magtago ng impormasyon.

185. Sa anumang talakayan hinggil sa isang mungkahing pakikipagsapalaran, ilang mga usapin ang dapat itanong upang mapagnilayan kung ito'y nakapag-aambag ba o hindi sa tunay na kinakailangang pag-unlad. Ano ang magagawa nito? Bakit? Saan? Kailan? Paano? Para kanino? Ano ang mga panganib? Magkano ang mga gugulin? Sino ang mga magbabayad ng guguling iyon at paano? Sa ganitong pagninilay, dapat na magkaroon ng mas mataas na prayoridad ang ilang usapin. Halimbawa, batid nating di sapat ang tubig na kailangang-kailangang likasyaman at isang pangunahing karapatan na nagbibigay katwiran sa paggampan ng iba pang karapatang pantao. Ang hindi mapag-aalinlanganang katotohanang ito'y sasapaw sa iba pang pagtatasa sa epektong pangkapaligiran sa isang rehiyon.

186. Sinasabi sa Deklarasyon sa Rio ng 1991 na "kung saan may mga banta ng seryoso o pagkasirang wala nang lunas, hindi dapat gamiting dahilan ang kawalan ng lubusang katiyakang pang-agham bilang dahilan upang ipagpaliban ang mga hakbanging kapaki-pakinabang" [132] na pumipigil sa pagkasira ng kapaligiran. Nagagawa ng prinsipyo ng pag-iingat na ito na maprotektahan ang mga pinakamadaling matamaang mga tao at limitado ang kakayahang depensahan ang kanilang interes at tipunan ang mga hindi mapag-aalinlanganang katibayan. Kung iminumungkahi ng obhetibong impormasyon na magreresulta ito sa isang malubha at di-na-mapapanumbalik na pagkasirang wala nang lunas, ang proyekto'y dapat nang itigil o kaya'y baguhin, kahit wala pang di-mapag-aalinlanganang patunay. Dito'y epektibo nang nabaligtad ang pasanin ng katibayan, dahil sa mga ganitong kaso, dapat dalhin ang mga obhetibo at konklusibong demonstrasyon upang ipakitang ang mga mungkahing aktibidad ay hindi magdudulot ng malubhang pinsala sa kapaligiran o sa mga naninirahan doon.

187. Hindi ito nangangahulugan ng pagsalungat sa anumang inobasyon sa teknolohiya na magdadala ng pagbuti ng kalidad ng buhay. Ngunit nangangahulugan ito ang tubò ay hindi ang natatanging pamantayan na dapat isaalang-alang, at na, kapag nakita na ang makabuluhang mga bagong impormasyon, dapat isagawa ang isang muling pagtatasa, na kasangkot ang lahat ng interesadong panig. Ang resulta'y maaaring isang desisyon na huwag magpatuloy sa isang hátag na proyekto, upang baguhin ito o upang isaalang-alang ang mga alternatibong panukala.

188. May ilang mga isyung pangkapaligiran na hindi madaling makapagtamo ng malawak na pinagkasunduan. Dito'y masasabi kong muli na hindi ipagpapalagay ng Simbahan na malutas ang mga

usaping pang-agham o upang palitan ang pulitika. Ngunit nagmamalasakit akong maghikayat ng isang matapat at lantarang debate upang hindi sirain ng mga partikular na interes o ideolohiya ang pangkalahatang kagalingan.

IV. PAMPULITIKA AT PANG-EKONOMYANG PAG-UUSAP NA ISASAKATUPARAN NG TAO

189. Hindi dapat mapasailalim ng ekonomya ang pulitika, o kaya'y ang ekonomya'y mapasailalim sa dikta ng isang itinulak-na-paghusay na modelo ng teknokasya. Sa kasalukuyan, pag tiningnan ang pangkalahatang kagalingan, may agarang pangangailangang ang pulitika at ekonomya'y pumasok sa isang tahasang pag-uusap para sa paglilingkod sa buhay, lalo na sa buhay ng tao. Ang pagsagip sa mga bangko sa anumang pamamaraan, na ginagawang ang publiko ang magsakripisyo, tumatalima sa isang pangako ng kumpanya na repoasuhin at repormahin ang buong sistema, ay nagpapatunay lamang ng ganap na kapangyarihan ng sistemang pinansyal, isang kapangyarihang walang kinabukasan at magdudulot lamang ng bagong krisis matapos ang isang mabagal, magastos at tanging malinaw na pagbuti. Ang krisis pinansyal ng 2007-08 ay nagbigay ng pagkakataong bumuo ng isang bagong ekonomya, na mas masigasig sa mga etikal na prinsipyo, at mga bagong pamamaraan ng pangangasiwa ng mga hindi praktikal na gawaing pinansyal at tunay nayaman. Subalit di kasama ang tugon sa krisis ang pag-isipang muli ang mga nalipasan-sa-panahong mga pamantayan na patuloy pang namamayagpag sa mundo. Hindi laging makatwiran ang produksyon, at karaniwang nakatali ito sa mga pagbabagu-bagong pang-ekonomya na nagtatalaga sa mga produkto ng halagang hindi palaging tumutugma sa tunay nilang halaga. Madalas itong humahantong sa labis-labis na produksyon ng ilang mga kalakal, na walang kinakailangan epekto sa kapaligiran at ng may negatibong resulta sa pangrehiyunal na ekonomya.[133] Ang pinansyal na pagbulukok ay maaari ding maging isang produktibong pagbulusok. Ang problema ng totoong ekonomya ay hindi pa malakas na hinaharap, gayong ito ang tunay na ekonomyang nagsasagawa ng sari-saring uri at posible ang pagpapabuti sa produksyon, tumutulong sa mga kumpanya upang maayos na gumana, at nagbibigay-daan sa mga maliit at katamtamang negosyo na mapabuti at makalikha ng trabaho.

190. Dito rin, dapat laging isaisip na "ang proteksyon sa kapaligiran ay hindi matitiyak lamang sa batayan ng pinansyal na kalkulasyon ng gugulin at benepisyo. Ang kapaligiran ay isa lamang sa mga bagay na hindi sapat na maipagsasanggalang o maitataguyod ng pwersa ng merkado". [134] Sa muli, dapat nating itakwil ang mahiwagang ideya ng merkado, na nagmumungkahing malulutas lang ang mga problema sa pamamagitan ng pagtataas ng kinikita ng mga kumpanya o indibidwal. Makatotohanan bang umasa na yaong mga nahuhumaling sa pagpapalaki ng kinikita ay titigil na pagnilayan ang pagkasira ng kapaligiran na iiwan nila para sa mga susunod na salinlahi? Kung saan tanging mahalaga ang kinikita, maaaring walang pagninilay hinggil sa mga ritmo ng kalilasan, ang mga pinagdaanan nitong pagkabulok at pagpapanibagong-buhay, o ang pagiging kumplikado ng ekosistema na maaaring malubhang mapabagsak ng pakikialam ng tao. Dagdag pa, sa malaon ay itinuturing ang saribuhay na isang lagakan ng pang-ekonomiyang likasyamang magagamit para mapagsamantalahan, nang walang seryosong pagninilay sa mga totong halaga ng mga bagay-bagay, ang kanilang kabuluhan sa mamamayan at kultura, o sa alalahanin at pangangailangan ng mga mahihirap.

191. Kapag natatalakay ang mga usaping ito, may ilang ang kapwa nila'y inaakusahan ng di-makatuwirang pagtatangkang hadlangan ang progreso at pag-unlad ng tao. Ngunit dapat tayong lumago sa pag-iisip na ang pagbagal sa bilis ng produksyon at pagkonsumo minsan ay tumutungo sa ibang anyo ng progreso at pagsulong. Maraming pagsisikap na itaguyod ang tuluy-tuloy na paggamit ng likas yaman ang hindi aksaya ng salapi, kundi pamumuhunan na kayang magbigay ng iba pang pang-ekonomikong benepisyo sa kainamang panahon. Kung ating titingnan sa mas malaking larawan, makikita natin ang mas sari-sari at makabagong mga paraan ng produksyon na may mababang epekto sa kapaligiran ay maaaring mapatunayang sadyang kapaki-pakinabang. Ito'y pagiging bukas sa iba't ibang posibilidad na hindi nasasangkot ang makapigil-hiningang pagkamalikhain ng tao at ang mga mithiin nito ng progreso, ngunit sa halip ay itinutuon ang enerhiyang ito sa mga bagong daluyan.

192. Halimbawa, isang landas ng produktibong pagsulong, na mas malikhain at mas maganda ang tuon, ang makapagwawasto sa kasalukuyang pagkakaiba sa pagitan ng labis na teknolohikal na pamumuhunan sa pagkonsumo at hindi sapat na pamumuhunan sa paglutas ng mga kagyat na suliranig kinakaharap ng sangkatauhan. Maaari itong makabuo ng matalino't kapaki-pakinabang na pamamaraan ng muling paggamit, pag-aayos at pagreresiklo, at maaari rin nitong mapabuti pa ang kahusayan ng enerhiya ng kalunsuran. Ang pagkaproduktibo ng samutsaring uri ay nagbibigay ng ganap na posibilidad sa pagkamalikhain ng tao upang makalikha at makagawa ng mga pagbabago, habang kasabay noon ang pagprotekta sa kapaligiran at paglikha ng maraming pinangmumulan ng trabaho. Ang pagkamalikaing tulad nito ay magiging karapat-dapat na pagpapahayag ng pinakamarangal nating katangian ng tao, sapagkat nagsisikap tayong nag-iisip,ng matapang at may pananagutan sa pagtaguyod ng isang tuluy-tuloy at patas na pag-unlad sa loob ng konteksto ng isang mas malawak na konsepto ng kalidad ng pamumuhay. Sa kabilang banda, upang makatagpo na ng mga bagong pamamaraan ng pandarambong sa kalikasan, para lamang sa mga bagong mamimili ng kalakal at mabilis na kita, na, sa mga tuntunin ng tao, ay hindi gaanong karapat-dapat at malikhain, at mas paimbabaw.

193. Sa alinmang pangyayari, kung may ilang kasong isinasangkot ng tuluy-tuloy na pag-unlad ang mga bagong anyo ng paglagi, kung gayon sa ibang kaso, ang naririyang walang kabusugan at iresponsableng paglagong nalikha ng maraming dekada, dapat din nating pag-isipan na ikahon ang paglago sa pamamagitan ng pagtatakda ng ilang rasonableng limitasyon at maging ang paghanap sa ating mga hinakbang bago mahuli ang lahat. Alam natin kung gaanong hindi sustainable ang mga pag-uugali ng mga taong palaging kumukunsumo at sumisira, habang ang iba'y hindi pa rin nabubuhay sa paraang karapat-dapat sa kanilang makataong dangal. Ito ang dahilan kung bakit dumating na ang panahong dapat tanggapin ang pagbaba ng paglago sa ilang bahagi ng mundo, upang makapagbigay ng pangangailangan sa iba pang lugar upang makaranas din ng malusog na paglago. Sinabi ni Benedicto XVI na "ang mga lipunang may abanteng teknolohiya ay dapat na handang makahimok ng mas mahinahong paraan ng pamumuhay, habang binabawasan ang paggamit ng enerhiya at napapabuti ang kahusayan nito". [135]

194. Para sa mga susulpot na bagong modelo ng progreso, may pangangailangang baguhin "ang mga modelo ng daigdigang pag-unlad"; [136] nangangailangan ito ng isang responsableng pagninilay hinggil sa "kahulugan ng ekonomya at mga layunin nito nang may pagtinging owasto ang madepektong paggawa at hindi tamang paggamit". [137] Hindi sapat na mabalanse, sa kainamang panahon, ang proteksyon ng kalikasan na may ganansya sa pananalapi, o ang pagpapanatili ng kapaligiran ng may pag-unlad. Ang mga hakbanging nasa kalahatian na'y nagpapaantala lamang sa hindi mapipigil na sakuna. Sa payak na salita, bagay itong nagbibigay muli ng kahulugan sa ating pagkaunawa sa kaunlaran. Hindi maituturing na kaunlaran ang pangteknolohiya at pang-ekonomyang pagsulong na sa paggising nito'y walang iniwang isang magandang daigdig at isang makabuluhan at mataas na kalidad ng buhay. Sa katunayan, madalas na ang kalidad ng buhay ng mga tao ay totoong lumiliit - dahil sa pagkasira ng kapaligiran, ang mababang kalidad ng pagkain o ang pagkaubos ng likasyaman - sa gitna ng paglago ng ekonomya. Sa kontekstong ito, ang pagtalakay sa sustenableng paglago ay nagiging isang pamamaraan ng pagkagambala ng pansin at pag-aalok ng paliwanag. Nakukuha nito ang wika at halaga ng ekolohiya sa mga kategorya ng pananalapi at teknokrasya, at ang pananagutang panlipunan at pangkapaligiran ng pangangalakalan na nababawasan ang serye ng pangangalakalan at mga hakbangin ng pagdagdag ng imahe.

195. Ang prinsipyo ng pagmamaksimisa ng tubo, na kadalasang nakahiwalay sa iba pang mga konsiderasyon, ay sumasalamin sa hinid pagkakaunawaan sa pinakakonsepto ng ekonomya. Habang lumalaki ang produksyon, munting malasakit ang naibibigay kung ito man ay gugulin sa mga likasyaman sa panghinaharap o sa kalusugan ng kapaligiran; hangga't nagpapalaki ng produksyon ang pagpawi ng isang kagubatan, walang kumakalkula ng mga nangyayaring pagkalugi sa pagkatuyot ng mga lupain, ang pinsalang idinudulot sa saribuhay o lumalalang polusyon. Sa isang salita, tumutubo ang mga kalakalan sa pagkalkula at pagbayad lamang ng kasamang gugulin. Ngunit yaon lang pag "ang pang-ekonomiya at panlipunang mga gugulin ng paggamit ng mga ibinahaging likasyamang pangkapaligiran ay kinikilala ng

may transparensya at ganap na nilikha ng mga taong may napapala dito, hindi ng ibang tao o mga susunod na salinlahi", [138] na maituturing na etikal ang mga aksyong iyon. Isang pantulong na pamamaraan ng pangangatwiran, na nagbibigay ng isang dalisay na istatikong pagtatasa ng reyalidad na magsisilbi sa kasalukuyang mga pangangailangan, ay nangyayari na maging ang likasyaman ay inilaan ng merkado o ng sentral na pagpapalano ng estado.

196. Anong nangyari sa pulitika? Dapat nating isaisip ang prinsipyo ng subsidiyaridad, na nagbibigay ng kalayaang mabuo ang kapabilidad na naroroon sa bawat antas ng lipunan, habang hinihiling din ang mas mataas na kahulugan ng pananagutan para sa kagalingan ng lahat mula sa mga maytangan ng matitinding kapangyarihan. Ngayon, ito ang kaso na ilang sektor ng ekonomya ay kumikilos ng mas makapangyarihan kaysa mismong estado. Ngunit ang ekonomyang walang pulitika ay hindi maaaring bigyang katwiran, dahil nagiging imposibleng paburan ang iba pang pamamaraan ng pagtangan ng iba't ibang aspekto ng kasalukuyang krisis. Ang kaisipang walang puwang para sa sinserong malasakit para sa kapaligiran ang siya ring kaisipan ng kakulangan ng malasakit para isama ang pinaka-bulnerableng myembro ng lipunan. Para sa "kasalukuyang modelo, sa diin nito sa tagumpay at tiwala sa sarili, ay hindi nakikitang pumapabor sa pamumuhunan sa mga pagsisikap na matulungan ang mga mababagal, mahihina o di gaanong mahusay upang makahanap ng mga oportunidad sa buhay." [139]

197. Ang kinakailangan ay isang pulitikang malayo ang tanaw ay may kakayahang sa isang bago, mahalaga at interdisiplinaryong pagtugon sa pagtangan sa iba't ibang aspekto ng krisis. Kadalasan, ang mismong pulitika ang responsable sa pagkasira ng pangalan kung saan ito nangyari, sa nangyayaring katiwalian at sa kabiguang isabatas ang mahusay na patakarang pangmadla. Kung sa isang hátag na rehiyon ay hindi ginagawa ng estado ang mga pananagutan nito, ang ilang pangkat mangangalakal ay maaaring dumating na nagkukunwang tagatangkilik, maytangan ng totoong kapangyarihan, at itinuturing ang sarili nilang hindi saklaw ng ilang mga patakaran, sa puntong hinahayaan ang iba't ibang anyo ng organisadong krimen, pangangalakal ng tao, ang negosyo sa droga at karahasan, lahat ng ito'y mas nagiging mahirap masugpo. Kung ipinakikita ng mismong pulitika ang kawalan nito ng kakayahang durugin ang gayong tampalasang lohika, at nananatiling naiipit sa mga hindi makatwirang talakayan, patuloy nating iniwasan ang mga pangunahing suliraning kinakaharap ng sangkatauhan. Ang istrategiya ng totoong pagbabago ay nananawagan ng muling pag-iisip sa mga proseso sa kabuuan nito, pagkat hindi sapat na maisama ang ilang mababaw na pagtinging ekolohikal habang bigong tanungin ang lohika kung saan nakasalalay ang kasalukuyang kultura. Dapat na kayanin ng isang malusog na pulitika na tanggapin ang ganitong hamon.

198. Maaaring sisihin ng pulitika at ng ekonomiya ang bawat isa pagdating sa kahirapan at pagkasira ng kapaligiran. Inaasahang tanggapin nila ang sariling mga pagkakamali at mahanap ang mga paraan ng pakikipagtulungan na nakatuon sa kagalingan ng lahat. Habang ang ilan ay nag-aalala lang sa pinansyal na gananya, at ang iba'y ang pagtangan o pagpapalawak ng kanilang kapangyarihan, ang naiwan sa atin ay mga alitan at mga palsong kasunduan kung saan ang huling bagay na inaalala ng magkabilang partido ay ang pangangalaga sa kapaligiran at pagprotekta sa mga taong pinaka-bulnerable. Dito rin ay makikita natin kung gaano katotoo na "ang pagkakaisa ay mas malaki pa kaysa tunggalian". [140]

V. ANG RELIHIYON SA PAKIKIPAGTALAKAYAN SA AGHAM

199. Hindi makakatigan na ang agham empirikal ang magbibigay ng lubusang paliwanag sa buhay, sa pagtutulongan ng lahat ng nilalang at ng kabuuang reyalidad. Ito'y upang sirain ang mga limitasyong ipinataw ng sarili nitong pamamaraan. Kung mangangatwiran lang tayo sa loob ng hangganan ng huli, maliit na puwang ang maiwan sa astetikong pakiramdam, panulaan, o maging sa kakayahan ng pag-unawa na magagap ang lubusang kahulugan at layunin ng mga bagay. [141] Idaragdag ko pang "pinatutunayang makahulugan ang mga relihiyosong klasiko sa bawat panahon; mayroon silang kapangyarihang magtiis upang magbukas ng bagong kaligiran... Makatuwiran ba at nakapagpaliwanag ang ilang mga akda dahil lamang nagmula ito sa konteksto ng relihiyosong paniniwala?" [142] Ganap na nakapasimpleng isipin na ipinakikita ng mga etikal na prinsipyo ang sarili nito ng purong abstrakto, na hiwalay sa anumang konteksto. O maging sa katotohanang maaari itong

abangan sa wikang pangrelihiyon na namamarali mula sa halaga nito sa pampublikong debate. Ang mga etikal na prinsipyong kayang magagap ng katwiran ay maaaring laging muling lumitaw sa ibang maskara at makapagpahayag sa iba't ibang wika, kabilang ang wikang pangrelihiyon.

200. Anumang teknikal na solusyon na umano'y iniaalok ng agham ay magiging mahina sa paglutas sa mga malalang suliranin ng ating daigdig kapag nawala na ang aguhon (compass) ng sangkatauhan, kung di na natin nakikita ang malaking motibasyon upang mamuhay tayo ng may pagkakaisa, ang magsakripisyo at pakitunguhang mabuti ang kapwa. Dapat madama ng mismong mga mananampalataya ang patuloy na hamong mabuhay sa paraang ayon sa kanilang pananampalataya at hindi ito sasalungatin ng kanilang mga aksyon. Dapat silang mahikayat na maging bukas sa biyaya ng Diyos at patuloy na humatak mula sa kanilang pinakamalalim na paniniwala hinggil sa pag-ibig, katarungan at kapayapaan. Kung ang maling pagkaunawa sa ating sariling prinsipyo ay minsang nagtutulak sa ating bigyang katwiran ang paglapastangan sa kalikasan, ang paggamit ng paniniil laban sa mga nilikha, ang makisali sa digmaan, kawalang katarungan at mga gawang karahasan, dapat nating kilalanin bilang mga mananampalataya na sa paggawa ng mga iyon at hindi na tayo nagiging tapat sa mga yaman ng karunungan kung saan tayo tinawag upang magprotekta at mangalaga. Ang mga limitasyong pangkultura sa iba't ibang panahon ay kadalasang nakakaapekto sa pang-unawa sa mga etikal at ispiritwal na yamang ito, subalit sa patuloy na pagbalik sa kanilang pinagmulan, dapat na may mahusay na kagamitan ang relihiyon upang makatugon sa mga pangangailangan ng kasalukuyan.

201. Ang mayorya ng mga taong naninirahan sa ating planeta ay nagpapahayag na sila'y mga mananampalataya. Dapat itong mag-udyok sa mga relihiyon upang mag-usap-usap para sa kapakanan ng pagprotekta sa kalikasan, pagtatanggol sa mga dukha, at pagbubuo ng mga talakupan ng paggalang at kapatiran. Ang mga diyalogo sa pagitan ng iba't ibang mga agham ay kinakailangan din naman, bagamat ang bawat isa'y maaaring mapiit sa kanilang sariling wika, habang ang pagdadalubhasa ay humahanting sa isang tukoy na pagkabukod at ang pagkaabsoluto ng kani-kanilang sariling larangan ng kaalaman. Ito ang nakahahadlang sa atin upang epektibong karapin ang mga suliraning pangkapaligiran. Kinakailangan din ang isang pag-uusap na bukas at naggagalangan sa pagitan ng iba't ibang kilusang ekolohikal, kung saan ang mga tunggaliang ideolohikal ay madalas na nakakaharap. Ang dagsin (gravity) ng krisis ekolohikal ay nag-uudyok na pansinin natin ang kagalingang panlahat, na pinapasok ang isang landas ng pakikipag-usap na nangangailangan ng pasensya, disiplina sa sarili at pagiging mapagbigay, na laging isinasaisip na "ang reyalidad ay mas malaki pa kaysa ideya". [143]

KABANATA ANIM

EKOLOHIKAL NA EDUKASYON AT ISPIRITWALIDAD

202. Maraming bagay na dapat magbago ng larangan, ngunit higit sa lahat tayong mga tao ang dapat na magbago. Kulang tayo ng kaalawan sa ating pangkalahatang pinagmulan, ng kapwa natin pag-aari, at ng isang kinabukasang dapat ibahagi sa lahat. Ang batayang kamalayang ito ang kayang makapagbuo ng bagong mga paniniwala, kaugalian at anyo ng buhay. Isang mahusay na kultura, ispiritwal at pang-edukasyunal na hamon ang nakatindig sa ating harapan, at inuudyukan tayong magtakda ng mahabang landas ng muling pagbabago.

I. TUNGO SA ISANG BAGONG PARAAN NG PAMUMUHAY

203. Dahil ang merkado'y maaaring itaguyod ang isang matinding konsyumerismo sa pagsisikap na maibenta ang mga produkto nito, madaling mabitag ang mga tao ng unid ng pagbili at paggastos ng hindi naman kailangan. Ang mapilit na konsyumerismo ay isang halimbawa kung paano nakakaapekto sa mga indibidwal ang modelong tekno-ekonomiko. Nakini-kinita na ito noon ni Romano Guardini: "Ang mga gadyet at teknikong ipinilit sa kanya ng mga padron ng produksyon ng makita at ng abstraktong pagpapalano ng masa ay natanggap ito ng tao ng gayon; sila mismo ang mga anyo ng buhay. Maging ito man ay nasa mataas o mababang antas ng masa at kumbinsido ang tao na ang kanyang pagang-ayon ay parehong makatuwiran at makatarungan". [144] Dinadala ng modelong ito ang mga tao upang

paniwalaang sila'y malaya hangga't mayroon silang kalayaang nadarama. Ngunit ang totoong malaya ay ang iilang maytangan ng kapangyarihang pang-ekonomya at pampinansya. Sa gitna ng ganitong pagkalito, hindi pa nakakamit ng sangkatauhang postmoderno ang isang bagong kamalayan ng sarili na kayang magbigay ng gabay at direksyon, at ang kakulangan nito ng pagkakakilanlan ang pinagmumulan ng pagkabalisa. Napakarami nating paraan at kakaunti ang marupok na pinatutunguhan.

204. Ibinubunga ng kasalukuyang daigdigang kalagayan ang pagkadama ng kawalang-tatag at kawalang katiyakan, na siya namang nagiging "akatan (seedbed) ng kolektibong pagkamakasari". [145] Pag ang tao'y nakasentro sa sarili at nakapaikot lang sa sarili, tumitindi ang kanilang pagkagahaman. Kung gaano ang kawalan sa puso ng isang tao, mas matindi ang kanyang pangangailangang bumili, mag-ari at magkonsumo ng maraming bahay. Tila baga imposible nang makamit ang limitasyong ipinataw ng reyalidad. Sa ganitong pananaw, nawawala na rin ang tunay na kahulugan ng pangkalahatang kagalingan. Habang ang ganitong mga gawi ay lalong lumalaganap, iginagalang lamang ang panlipunang kagawian pag hindi ito sumasalungat sa personal na pangangailangan. Kaya ang pag-aalala natin ay hindi limitado lang sa banta ng matinding nangyayari sa klima, ngunit dapat ding umabot sa kahihinatnang kalamidad ng panlipunang kaguluhan. Hahantong lamang sa karahasan at parehong pagkawasal ang pagkahumaling sa konsyumeristang paraan ng pamumuhay, higit sa lahat pag ang ilang tao ay may kakayahang panatilihin ito.

205. Gayunman ang lahat ay hindi nawala. Ang sangkatauhan, bagamat kayang mabuhay sa pinakamasamâ, ang sarili nila'y kaya ring umangat, pinipiling muli kung ano ang mabuti, at lumikha ng bagong simula, sa kabila ng kanilang mental at panlipunang pagpapakondisyon. Nagawa nating tumingin ng tapat sa ating mga sarili, upang kilalanin ang ating malalim na sama ng loob, at upang pumasok sa bagong landas ng tunay na kalayaan. Maaaring sistemang ganap na susugpouin Walang sistema sa ating pagiging bukas sa kung ano ang mabuti, totoo at maganda, o ang ating bigay-ng-Diyos na kakayanan upang tumugon sa kanyang biyaya na kumikilos ng malalim sa ating puso. Nananawagan ako sa lahat ng tao sa buong mundo na huwag kaligtaan ang ating dignidad na atin naman. Walang sinumang may karapatang tanggalin ito sa atin.

206. Ang pagbabago ng paraan ng pamumuhay ang maaaring makapagbigay ng malusog na pwersang dapat tiisin ng mga nagtatangan ng kapangyarihang pampulitika, pang-ekonomya at panlipunan. Ito ang mga nakamit ng kilusang konsyumer nang boykotin nila ang ilang mga produkto. Napatunayang matagumpay sila sa pagbago ng pamamaraan ng pagpapatakbo ng negosyo, na nagtutulak sa mga ito na isaalang-alang ang mga bakas pangkapaligiran at ang padron nito ng produksyon. Kapag naapektuhan ng panlipunang pwersa ang kanilang kinikita, maliwanag na naghahanap ng naiibang paraan ang negosyo upang makapaglikha ng produkto. Ipinapakita nito sa atin ang malaking pangangailangan para sa kahulugan ng panlipunang pananagutan sa bahagi ng mga mamimili. "Ang pagbili ay laging isang moral - at hindi lamang simpleng pang-ekonomya - na pagkilos". [146]. Sa kasalukuyan, sa isang salita, "ang usapin ng pagkasira ng kalikasan ay humahamon sa atin upang suriin ang ating paraan ng pamumuhay". [147]

207. Sinasabi sa atin ng Tsarter ng Daigdig na iwan ang yugto ng sariling pagkawasak at lumikha ng bagong simula, ngunit hindi pa rin tayo nakakapagbuo ng pandaigdigang kamalayang kinakailangan upang matamo ito. Dito'y uulitin ko yaong matapang na hamon: "Hindi pa nangyayari sa kasaysayan, kumakaway sa atin ang pangkalahatang tadhana upang hagilapin ang bagong simula... Gawing natin ang ating panahon ay maalala sa pagpukaw ng bagong pamimitagan sa buhay, isang matatag na pasiya upang makamit ang pagkatuluy-tuloy, ang pagpapasigla ng pakikibaka para sa katarungan at kapayapaan, at ang masayang pagdiriwang ng buhay". [148]

208. Palagi tayong may kakayanang magtungo sa labas ng ating sarili upang tumungo sa ating kapwa. Hangga't di natin ito gagawin, ang kapwa nilalang ay hindi makikilala sa kanilang tunay na kahalagahan; hindi tayo nababahala sa pangangalaga ng mga baga para sa kapakanan ng kapwa; bigo tayong magtakda ng limitasyon sa ating sarili upang maiwasan ang paghihirap ng iba o ang pagkasira ng ating kapaligiran. Ang walang pag-iimbot na malasakit sa kapwa, at ang pagtanggap sa bawat anyo ng pagiging

makasarili at sariling-higop, ay mahalaga kung talagang nais nating pangalagaan ang ating mga kapatid at ang likas na kapaligiran. Iniaakma tayo ng mga kaugaliang ito patungo sa kinakailangang moral sa pagtatasa ng epekto ng ating bawat pagkilos at sariling pagpapasiya sa mundong nakapaligid sa atin. Kung ating masusupil ang indibidwalismo, tunay ngang kaya nating makapagbuo ng iba't ibang paraan ng pamumuhay at magdala ng makabuluhang pagbabago sa lipunan.

II. PANGANGARAL PARA SA KASUNDUAN SA PAGITAN NG SANGKAT AUHAN AT KAPALIGIRAN

209. Ang kamalayan sa kalubhaan ng kasalukuyang krisis sa kultura't ekolohiya ay dapat maisalin tungo sa bagong kaugalian. Maraming tao ang nakaaalam na ang ating kasalukuyang progreso at ang pagkakamal lamang ng mga bagay at kasiyahan ay hindi sapat upang bigyang kahulugan at kagalakan ang puso ng tao, subalit pakiramdam nila'y hindi nila kayang talikdan kung anong itinakda ng merkado sa kanilang harapan. Sa mga bansang yaong lumilikha ng pinakamalaking pagbabago sa gawi ng mga konsumador, may bagong ekolohikal na sensitibidad at diwang mapagbigay ang mga kabataan, at ang ilan sa kanila ay kahanga-hangang nagsusumikap upang maprotektahan ang kapaligiran. Kasabay nito, sila ay lumaki sa isang kapaligirang may matinding konsyumerismo at kasaganahan na nagpapahirap sa kanilang bumuo ng iba pang kaugalian. Nahaharaop tayo sa isang edukasyong mapanghamon.

210. Pinalawak ng edukasyong pangkapaligiran ang mga layunin nito. Sapagkat sa simula ito'y pangunahing nakasentro sa impormasyong pang-agham, pagpapaangat ng kamalayan at ang pag-iwas sa panganib na pangkapaligiran, maaari nitong maisama ang pagpuna sa mga "mito" ng pagkamoderno na nakabatay sa kaisipang utilitaryan (indibidwalismo, walang limitas yong pag-unlad, kumpetisyon, konsyumerismo, ang merkadong hindi pinatakarán). Hinahangad din nitong maibalik sa iba't ibang antas ng ekolohikal na ekwilibriyo, nagtatatag ng pagkakaisa sa ating mga sarili, sa kapwa, sa kalikasan at sa iba pang nabubuhay na nilalang, at sa Diyos. Dapat pangasiwaan ng pangkapaligirang edukasyon ang paggawa ng hakbang tungo sa pagpapasigla na nagbibigay sa etikang pang-ekolohiya ng malalim nitong kahulugan. Kailangan nito ng mga edukador na kayang makapagbuo ng etika ng ekolohiya, at pagtulong sa kapwa, sa pamamagitan ng epektibong pagtuturo, sa paglago ng pagkakaisa, pananagutan at mapag-alalang pangangalaga.

211. Gayunman ang edukasyong ito, na naglalayong lumikha ng "pang-ekolohiyang pagkamamamayan", paminsan-minsan ay limitado sa pagbibigay ng impormasyon, at nakakaligtaang makapaghasik ng magandang kaugalian. Ang pag-iral ng mga batas at patakaran ay hindi sapat sa katagalan upang supilin ang masamang pag-uugali, kahit na naroroon ang epektibong paraan ng pagpapatupad. Kung magdadala ang mga batas na ito makabuluhan at pangmatagalang epekto, dapat na mayorya ng mga kasapi ng lipunan ay maudyok silang sapat na matanggap ito, at magkaroon ng personal na pagbabago upang makatugon. Tanging sa paglinang ng mahusay na pagkamatuwid na makakaya ng mga tao na mag-alay ng walang pag-iimbot na panatang ekolohikal. Ang taong may kakayahang makagugol at makapagkonsumo ng higit ngunit laging gumagamit ng mas kaunting init at nagsusuot ng mas mainit na damit, ay nagpapakita ng uri ng mga paniniwala at kaugaliang nakatutulong sa pagprotekta ng kapaligiran. May pagkamarangal ang tungkulin sa pangangalaga ng sangnilikha sa pamamagitan ng malilit na pagkilos araw-araw, at kahanga-hanga kung paanong nagdala ng totoong pagbabago sa paraan ng pamumuhay. Ang edukasyon sa pananagutang pangkapaligiran ay nakapag-akit ng mga pamamaraan ng pagkilos na direkta at makabuluhang nakaaapekto sa mundong nakapaligid sa atin, tulad ng pag-iwas ng paggamit ng mga plastik at papel, pagbabawas ng pagkonsumo ng tubig, paghihiwalay ng mga basura, pagluluto lamang ng mga kayang kainin, pagpapakita ng malasakit sa ibang mabubuhay, paggamit ng pampublikong transportasyon o pagsasama-sama sa isang sasakyan imbes na dalawa o higit pa, pagtanim ng mga puno, pagpatay ng hindi kinakailangang mga ilaw, o iba pang mga kinagawian. Lahat ng ito'y sumasalamin sa isang mapagbigay at karapat-dapat na pagkamalikhain na inilalabas ang pagkamahusay ng mga tao. Ang muling paggamit sa halip na itapon agad ang isang bagay, pag isinagawa sa wastong dahilan, ay isang pagkilos ng pagmamahal na nagpapahayag ng ating sariling dangal.

212. Huwag nating isiping ang mga pagsisikap na ito'y hindi makapagbabago ng mundo. Nakinabang ang lipunan, na kadalasang hindi natin alam, pagkat pinukaw nila ang kabutihang, bagamat di nakikita, ay hindi maaaring hindi kumalat. Bukod dito, ang mga ganitong pagkilos ay nakapagpapabalik ng ating pagpapahalaga sa sarili; ginagawa nilang maging masigla ang ating pamumuhay at madamang kapaki-pakinabang ang buhay sa mundo.

213. Maaaring maganap sa iba't ibang lugar ang pang-ekolohiyang edukasyon: sa paaralan, sa pamilya, sa pamahayagan o midya, sa katekismo at saanpaman. Nagtatanim ng binhi ang magandang edukasyon nang tayo'y bata pa, at patuloy itong namumunga sa buo nating buhay. Bagaman dito'y nais kong bigyang-diin ang malaking kahalagahan ng pamilya, na siyang "lugar kung saan ang buhay - ang handog ng Diyos - ay maaaring tanggapin ng maayos at protektado laban sa maraming pag-atake kung saan nalalantad ito, at maaaring mabuo alinsunod sa kung anong bumubuo sa tunay na paglago ng tao. Sa harap ng tinatawag na kultura ng kamatayan, ang pamilya ang puso ng kultura ng buhay". [149] Sa pamilya natin unang natutunan kung paano magpakita ng pagmamahal at paggalang sa buhay; tinuruan tayo sa wastong paggamit ng mga bagay, kaayusan at kalinisan, paggalang sa lokal na ekosistema at pangangalaga sa lahat ng nilikha. Sa pamilya natin natanggap ang makabuluhang edukasyon, na nagbibigay-daan sa atin upang maging maayos sa personal na matyuridad. Sa pamilya, natutunan nating magtanong nang hindi nanghihingi, ang magsabi ng "salamat" bilang pagpapahayag ng totoong pagkilala ng utang na loob sa anumang ibinigay sa atin, ang kontrolin ang ating kapusukan at pagkamakasariili, at humingi ng kapatawaran kung tayo'y nakapaminsala. Ang mga simpleng pagkilos ng taospusong paggalang ay nakatutulong na makalikha ng kultura ng ibinahaging buhay at paggalang sa nakapaligid sa atin.

214. Ang mga institusyong pampolitika at ang iba't iba pang panlipunang pangkat ay pinagkatiwalaan din sa pagtulong sa pag-angat ng kamalayan ng tao. Gayon din ang Simbahan. Ang lahat ng pamayanang Kristyano ay may mahalagang papel na ginagampanan sa edukasyong pang-ekolohiya. Umaasa akong ang ating mga seminaryo at mga bahay ng pormasyon ang nagbibigay ng edukasyon sa maypananagutang kapayakan sa buhay, sa pagninilay ng pasasalamat sa mundo ng Diyos, at sa pagmamalasakit sa pangangailangan ng dukha at pangangalaga ng kapaligiran. Dahil napakalaki ng nakataya, kailangan natin ng malalakas na institusyong magpapataw ng parusa sa mga pinsalang idinulot sa kapaligiran. Ngunit kailangan din natin ng mga personal na katangian ng pagpipigil sa sarili at kahandaang matuto sa bawat isa.

215. Sa puntong ito, "ang ugnayan sa pagitan ng tunay na mabuting edukasyon at ang pagpapanatili ng malusog na kapaligiran ay hindi dapat makaligtaan". [150] Ang matutong makita at kalugdan ang kariktan, natutunan nating itakwil ang pansariling pakinabang na pragmatismo. Kung ang isa'y hindi natutong tumigil at hangaan ang anumang marikit, hindi tayo dapat magitla kung ituring niya ang anumang bagay bilang bagay na ginagamit at inaabuso ng walang pag-aalangan. Kung nais nating magdala ng malalim na pagbabago, dapat anting mapagtanto na ang ilang kaisipan ay tunay na nakaiimpluwensiya ng ating pag-uugali. Ang ating mga pagsisikap sa edukasyon ay hindi sapat at walang epekto maliban kkung magsisikap tayong itagiyod ang isang bagong paraan ng pag-iisip hinggil sa sangkatauhan, buhay, lipunan at ang ating ugnayan sa kalikasan. Kung hindi, ang modelo ng konsyumerismo ay patuloy na susulong, sa tulong ng midya at ng lubusang epektibong pagkilos ng merkado.

III. PAGBABALIK-LOOB SA EKOLOHIYA

216. Ang mayamang pamana ng Kristyanong ispiritwalidad, ang bunga ng dalawampung dantaon ng personal at komyunal na karanasan, ay may mahalagang ambag sa gawin ang muling pagpapanibago ng sangkatauhan. Dito'y nais kong magbigay ng ilang mungkahi sa mga Kristyano para sa pang-ekolohiyang ispiritwalidad na nakatuntong sa ating kaisipan sa ating pananampalataya, yamang ang mga turo ng Ebanghelyo ay may direktang bunga sa ating isipan, pandama at pamumuhay. Higit pa sa mga gayong ideya o konsepto, interesado ako kung paanong ang gayong ispiritwalidad ay makahihikayat sa atin na mas marubdob na magmalasakit para sa proteksyon ng ating mundo. Ang

ganitong matayog na panata ay hindi maaaring panatilihin lang ng doktrina, nang walang ispiritalidad na kayang magpasigla sa atin, nang walang "panloob na simbuyong nanghihikayat, nag-uudyok, nagpapalusog at nagbibigay ng kahulugan sa ating mga indibidwal at komyunal na pagkilos". [151] May pagkilalang ang mga Kristyano'y hindi laging napaglalaanan at nakapagbubuo ng ispirital na kayamanang ipinagkaloob ng Diyos sa Simbahan, kung saan ang buhay ng ispiritu ay hindi nakahiwalay sa katawan o sa kalikasan o sa makamundong yeyalidad, kundi nanirahan sa at kasama nila, sa pakikipagkaisa sa lahat ng nakapaligid sa atin.

217. "Lumalaki ang panlabas na katotohanan sa daigdig, dahil ang panloob na katotohanan ay naging mas malawak." [152] Sa ganitong dahilan, isa ring patawag ang krisis pang-ekolohiya tungo sa malalimang panloob na pagbabago. masasabing ang ilang namanata't madasaling Kristyano, ng may paumanhin ng reyalismo at pragmatismo, ay maaaring libakin ang mga pagpapahayag ng malasakit para sa kapaligiran. Ang iba'y pasibo; pinili nilang huwag baguhin ang kanilang mga gawi at kaya naging hindi naaayon. Kaya tanging kinakailangan nila ay isang "pagbabagong pang-ekolohiya", kung saan ang epekto ng kanilang pakikipag-ugnayan kay HesuKristo ay naging malinaw sa kanilang pakikipag-ugnayan sa mundong nakapaligid sa kanila. Ang mabuhay sa ating bokasyon bilang tagapagtanggol ng kagagwan ng Diyos ay mahalaga sa isang buhay ng katuwiran; hindi isang opsyon o sekundaryong aspekto lang ng ating karanasang Kristyano.

218. Ang isagi sa isipan ang imahe ni San Francisco ng Assisi, napagtanto natin na ang malusog na ugnayan sa sangnilikha ay isang sukat ng pangkalahatang personal na pagbabago, na nangangailangan ng pagkilala sa ating mga kamalian, pagkakasala, pagkukulang at pagkabigo, at humahantong sa taos-pusong pagsisisi at pagnanasang magbago. Ang mga obispong Australyano ay nagsabi ng kahalagahan ng gayong pagbabago upang makamit ang pakikipagkasundo sa sangnilikha: "Upang kamtin ang gayong pakikipagkasundo, dapat nating pakasuriin ang ating pamumuhay at kilalanin ang mga pamamaraang nakapipinsala sa mga nilikha ng Diyos dahil sa ating mga aksyon at kabiguang kumilos. Dapat nating maranasan ang pagbabagong-loob, o pagbabago ng puso." [153]

219. Gayunman, ang pagpapahusay sa sarili sa bahagi ng mga indibidwal ay hindi mismong lunas sa lubhang masalimuot na kalagayang kinakaharap ng ating mundo sa kasalukuyan. Mawawala ang kakayahan at kalayaan ng mga nakabukod na tao upang makatakas sa kaisipang utilityan, at hahantong sa pagiging biktima ng isang hindi mabuting konsyumerismo na nawalan ng kamalayang panglipunan at pang-ekolohiya. Dapat matugunan ang mga panlipunang suliranin ng talakupan sa pamayaan at hindi lamang kabuuan ng mga mabubuting ginawa ng indibidwal. Ang gawaing ito "ay makagagawa ng matinding pangangailangan ng tao na hindi niya makakamit ito sa pamamagitan ng indibidwal na inisyatiba o kahit sa sama-samang pagsisikap ng mga taong lumaki sa pamamaraang indibidwalistiko. Ang gawain ng pangigingabaw sa mundo ay nananawagan ng unyon ng mga kasanayan at pagkakasia sa tagumpay na maaari lamang lumago mula sa lubos na naiibang gawi" [154] Ang pagbabagong pang-ekolohiya na dapat magdala ng pangmatagalang pagbabago ay isa ring pagbabagong pampamayanan.

220. Ang pagbabagong ito'y nananawagan ng ilang bilang ng kaugalian kung saan sama-samang nagsusulong ng diwa ng pangangalaga, na puno ng pagmamahal. Una, nangangailangan ito ng pagkilala ng utang na loob at walang kabayaran, isang pagkilala na ang mundo'y isang mapagmahal na handog ng Diyos, at tahimik tayong tinawag upang tularan ang kanyang kabutihang-loob sa sariling pagpapakasakit at mabuting gawa: "Huwag mong ipaalam sa iyong kaliwang kamay kung ano ang ginagawa ng iyong kanang kamay... at ang iyong Amang nakakakita ng lihim ang maggagantimpala sa iyo (Mateo 6:3-4). Nangangailangan din ito ng magiliw na kamalayan na tayo'y hindi nakahiwalay mula sa lahat ng sangnilikha, kundi kasama sa kahanga-hangang pangkalahatang pakikipagkaisa. Bilang mga mananampalataya, hindi natin tinitingnan ang mundo mula sa labas kundi mula sa loob, na nalalaman ang pagkabigkis natin sa iba pang nilalang na iniugnay ng Ama. Sa pagpapaunlad ng ating indibidwal na kakayahang bugay ng Diyos, pasisiglahin tayo ng pagbabagong pang-ekolohiya tungo sa mas malawak na pagkamalikhain at kasigasigan sa paglutas sa daigdigang suliranin at sa pag-aalay ng ating sarili sa Diyos "bilang nabubuhay na pagpapakasakit, banal at katanggap-tanggap" (Rom 12:1). Hindi natin

maunawaan ang ating superyoridad bilang katwiran para sa pansariling kaluwalhatian o kawalang pananagutang pamamahala, ngunit sa halip bilang may ibang kakayahan, na sa huli'y nangangailangan ng seryosong pananagutan na nakaugat sa ating pananampalataya.

221. Ang iba't ibang paniniwala, na nabuo sa pagsisimula ng Ensiklikong ito, ay maaaring makatulong sa atin upang mapagyman ang kahulugan ng pagpapanibagong ito. Kabilang dito ang kamalayang sinasalamin ng bawat nilalang ang anumang sa Diyos at may mensaheng ipinararating sa atin, at ang katiyakang tangan ni Kristo sa kanyang sarili ang materyal na mundong ito at ngayon, muling binuhay, ay may presensya sa bawat nilalang, na pinaliligiran ng kanyang pag-ibig at pinapasok ito ng kanyang liwanag. Gayundin naman, nariyan ang pagkilalang nilikha ng Diyos ang daigdig, isinulat ito sa isang kaayusan at isang dinamismong ang sangkatauhan ay walang karapatang tanggihan. Nabasa natin sa Ebanghelyo na sinabi ni Hesus sa mga ibon sa himpapawid na "walang isa man sa kanila ang nakakaligtaan sa harap ng Diyos" (Lukas 12:6). Kaya paano natin maaaring maabuso o mapinsala sila? Hiniling ko sa lahat ng Kristyano na kilalanin at masiglang isabuhay ang dimensyong ito ng kanilang pagpapanibago. Nawa ang kapangyarihan at liwanag ng biyayang ating natatanggap ay maging patunay din ng ating pakikipag-ugnayan sa iba pang nilikha at sa mundong nakapaligid sa atin. Sa ganitong paraan, makatutulong tayo sa pangangalaga ng dakilang pakikipagkapatiran sa iba pang nilalang na nagniningning na kinakatawan ni San Francisco ng Assisi.

IV. KAGALAKAN AT KAPAYAPAN

222. Iminumungkahi ng Kristyanong ispiritwalidad ang isang alternatibong pagkaunawa sa kalidad ng pamumuhay, at nanghihikayat ng isang pambihira at mapagnilay na paraan ng pamumuhay, yaong may kakayahang magkaroon ng taos na kaligayahan nang malaya sa pagkahumaling sa pagkonsumo. Dapat tayong kumuha ng sinaunang aralin, na matatagpuan sa iba't ibang relihiyosong tradisyon at maging sa Bibliya. Ito ang paniniwalang "ang kakaunti ang siyang nakararami". Ang walang tigil na pagbaha ng mga bagong kalakal ay maaaring makataranta sa puso at makapigil sa atin upang itampok ang bawat bagay at bawat sandali. Upang mapayapang itanghal ang bawat reyalidad, gaano man ito kaliit, ay nagbubukas sa atin ng pang-unawang ng mas malawak at pansariling katuparan. Iminumungkahi ng Kristyanong ispiritwalidad ang isang paglagong may tanda ng kahinahunan at ng kakayahang maging masaya sa maliit. Ang pagbabalik na iyon sa pagiging payak ang nagpapahintulot sa atin upang tumigil at ikalugod ang mumunting bagay, ang pagtanaw ng utang na loob sa mga inilaang pagkakataon ng buhay sa atin, upang maging ispiritwal na hiwalay sa anumang tinataglay natin, at huwag malugmok sa kalungkutan dahil sa anumang kulang sa atin. Nagpapahiwatig itong pag-iwas sa dinamika ng pamamahala at sa pagtitipon lamang ng kagalakan.

223. Nakapagpapalaya ang gayong pagtitimpi, kapag isinabuhay ng malaya at alam. Hindi iyon mas maliit na pamumuhay o ang isa'y nabubuhay nang di gaanong marubdob. Sa kabaligtaran, isa itong pamamaraan ng pamumuhay ng ganap. Sa katotohanan, yaong mas nagagalak at mas namumuhay ng mabuti sa bawat sandali ay yaong mga taong isinuko na ang paghahanap dito at doon, na palaging nakatanghod sa kung ano ang wala sila. Naranasan nila kung ano ang kahulugan ng pagpapahalaga sa bawat tao at sa bawat bagay, na pinag-aaralan ang lubos na pagkilala sa mga pinakasimpleng bagay at paano nila ikalulugod ang mga iyon. Kaya naibubuhos nila ang mga pangangailangang hindi kasiya-siya, nababawasan ang kanilang pagkahumaling at pagkapagal. Kahit nabubuhay sa kaunti, nabubuhay sila ng tuluy-tuloy, lalo na kung nililintang nila ang ibang kaluguran at mahagilap ang kasiyahan sa pangkapatirang paghaharap, sa pagsisilbi, sa paglilintang ng kanilang talino, sa musika at sining, sa pakikipag-ugnayan sa kalikasan, sa panalangin. Ang kaligayahan ay nangangahulugang pag-alam na limitahan ang ilang pangangailangang nakapagpapababa sa atin, at pagiging bukas sa marami pang iba't ibang pagkakataong ibinibigay ng buhay.

224. Hindi itinatangi sa nakaraang dantaon ang pagtitimpi at pagpapakumbaba. At gayunpaman, kapag may pangkalahatang panlulupaypay sa pagsasakatuparan ng ilang kagalingan sa sarili't panlipunang pamumuhay, nagiging sanhi ito ng kawalan ng balanse, kasama na yaong pangkapaligiran. Kaya ito ang dahilan kung bakit hindi na sapat ang magsalita lamang hinggil sa integridad ng ekosistema. Dapat

matapang tayong magsalita hinggil sa integridad ng buhay ng tao, ng pangangailangang itaguyod at pagkaisahin ang lahat ng mga dakilang kabutihan. Kapag nawala na ang ating kabaabang-loob, at alipinin ng mga posibilidad ng walang hanggang karunungan sa lahat ng bagay, hahantong tayo sa pamiminsala sa lipunan at sa kapaligiran. Hindi madaling itaguyod ang ganitong tipo ng malusog na pagpapakumbaba o masayang pagtitimpi kapag itinuring natin ang ating sarili na may awtonomiya, kapag hindi natin isinama ang Diyos sa ating buhay o pinalitan natin siya ng ating sariling pagkaako, at iisiping ating pansariling damdamin ang makapagsasabi kung ano ang tama at ano ang mali.

225. Sa kabilang banda, walang sinuman ang makapaglilingang ng isang matino at kasiya-siyang buhay nang walang kapayapaan sa kanyang sarili. Ang sapat na pagkaunawa sa ispiritwalidad ay naglalaman ng pagpuno ng kungano ang kahulugan ng kapayapaan, na higit pa kaysa kawalan ng digmaan. Ang panloob na kapayapaan ay malapit na nakaugnay sa pangangalaga ng ekolohiya at ng pangkalahatang kagalingan dahil, sa totoong pamumuhay, makikita ito sa isang balanseng sama-samang pamumuhay nang may kakayahang mamangha na nagdadala sa atin sa isang mas malalim na pag-unawa sa buhay. Ang kalikasan ay puno ng mga salita ng pag-ibig, ngunit paano natin sila pakikinggan sa gitna ng patuloy na ingay, walang hinto at nakagugulo ng puso't isipan, o ang pagsamba sa itsura? Maraming tao ngayon ang nakadarama ng malalim na kawalan ng balansa na nagtutulak sa kanila sa mga gawaing nakatataranta at nakadarama silang sila'y abala, na laging nagmamadali kung saan humahantong sila sa panliligalig sa lahat ng bagay sa kanilang paligid. Nakaapekto rin ito kung paano nila itrato ang kapaligiran. Kabilang sa isang mahalagang ekolohiya ang paglalaan ng sapat na panahon upang makabawi sa mapayapang pakikipagkasundo sa sangnilikha, na sumasalamin sa ating pamumuhay at pamantayan, at pinagninilayan ang Lumikhang naninirahan kasama natin at sa paligid natin, kung saan ang kanyang presensya "ay hindi dapat inimbento, kundi natagpuan, nabunyag". [155]

226. Nagsasalita tayo hinggil sa kinagawian ng puso, yaong tumutugon sa buhay ng may payapang kasigasilan, na kayang maging ganap na naroroon sa isang tao nang hindi iniisip kung anong susunod, na tinatanggap ang bawat saglit bilang kaloob ng Diyos upang mabuhay ng lubusan. Itinuro ni Hesus ang kagawiang ito nang inanyayahan niya tayong pagnilayan ang mga liryo sa bukid at ang mga ibon sa himpapawid, o kaya'y pag nakakita ng isang mayamang binata at nababatid ang kanyang pagkabalisa, "siya'y tiningnan niya ng may pagmamahal" (Mk 10:21). Ganap siyang naroroon sa bawat tao at sa bawat bagay, at sa paraang ito'y ipinakita niya ang landas upang mapagtagumpayan ang pagkabalising nakasasama sa kalusugan upang tayo'y maging mababaw, mapusok at mapilit na mamimili.

227. Isang pagpapahayag ng kagawiang ito ay kung tumigil tayo at nagpasalamat sa Diyos bago at matapos kumain. Hinihiling ko sa lahat ng mananampalataya na balikan ang kaugaliang itong maganda at makabuluhan. Ang sandaling yaon ng pagpapala, gaano man kaikli, ay nagpapagunita sa atin ng ating pagtiwala sa Diyos para sa buhay; pinatitibay nito ang ating damdamin ng pasasalamat sa mga kaloob sa sangnilikha; kinikilala nito na yaong dahil sa kanilang paggawa ay nagbigay sa atin ng mga bagay na ito; at muling nagpatibay sa ating pakikiisa sa mga higit na nangangailangan.

V. PAG-IBIG NA PAMBAYAN AT PAMPULITIKA

228. Ang pangangalaga sa kalikasan ay bahagi ng paraan ng pamumuhay kung saan kasama ang kakayahang mamuhay ng sama-sama at may pakikipagkaisa. Ipinaalala sa atin ni Hesus na tayo'y may Diyos na ating pangkalahatang Ama at ito ang dahilan kung bakit tayo'y magkakapatid. Ang pangkapatirang pagmamahal ay maaari lamang maging walang batayan; hindi ito magiging isang paraan ng pagbabayad sa mga nagawa nila at gagawin pa para sa atin. Kaya maaari nating mahal in ang ating mga kaaway. Ang ganito ring pagkawalang batayan ang nagpapasigla sa atin upang magmahal at tanggapin ang hangin, ang araw at mga alapaap, kahit na hindi natin mapangasiwaan ang mga ito. Sa puntong ito, nagsasalita tayo ng isang "pangkalahatang pagkakapatiran".

229. Kailangan nating bawiin ang paniniwalang kailangan natin ang bawat isa, na nagbabahaginan tayo ng pananagutan sa ating kapwa at sa mundo, at mahalaga dito ang pagiging mabuti at disente. Labis-labis na ang imoralidad at ang panlilibak sa etika, kabutihan, pananampalataya at katapatan. Panahon

nang kilalang walang idinulot na mabuti ang kasiya-siyang kababawan. Kapag nasisira na ang pundasyon ng buhay-panlipunan, humahantong na ito sa tunggalian ng mga nagkakasalungatang interes, bagong anyo ng karahasan at kalupitan, at mga balakid sa paglago ng isang tinay na kultura ng pangangalaga ng kapaligiran.

230. Inaanyayahan tayo ni Santa Teresita ng Lisieux na isagawa ang munting paraan ng pagmamahal, na walang nakakaligtaang mabuting salita, isang ngito o anumang munting pagkilos upang ihasik ang kapayapaan at pagkakaibigan. Binubuo ng mumunting gawa araw-araw ang mahalagang ekolohiya na sumisira sa lohika ng karahasan, pagsasamantala at pagkamakasariili. Sa dulo, isang mundo ng malubhang pagkonsumo kasabay ng mundong umaabuso sa buhay sa lahat ng anyo.

231. Ang pag-ibig, na umaapaw sa mumunting mga gawa ng sama-samang pangangalaga, ay pambayan at pampulitika rin, at pinararamdam ito sa bawat aksyon sa paghahanap na mabuo ang isang mas magandang mundo. Ang pag-ibig para sa lipunan at panata para sa pangkalahatang kagalingan ay mga katangi-tanging pagpapahayag ng isang pagkakawangawang nakaaapekto hindi lamang sa ugnayan sa pagitan ng mga indibidwal kundi pati na rin sa "ugnayang makro, panlipuna, pang-ekonomya at pampulitika". [156] Ito ang dahilan kung bakit itinakda ng Simbahan sa mundo ang ideya ng isang "kabihasnan ng pag-ibig". [157] Ang panlipunang pag-ibig ang susi sa tunay na pag-unlad; upang mas maging makatao ang lipunan, mas karapat-dapat sa tao, dapat ipagkaloob ang pag-ibig sa buhay panlipunan - pampulitika, pang-ekonomya at pangkultura - ng may muling pagpapahalaga, na nagiging palagian at pinakamataas na pamantayan ng lahat ng gawain". [158] Sa ganitong balangkas, kasama na ang kahalagahan ng mumunting pagkilos araw-araw, pinakakilos tayo ng panlipunang pag-ibig na mag-isip ng mas malalaking istrategiya upang mapigil ang pagkasira ng kapaligiran at makahikayat ng isang "kultura ng pangangalaga" na tumatagos sa lahat ng lipunan. Kapag nadama natin na tinatawag tayo ng Diyos na makialam kasama ng ating kapwa sa mga ganitong panlipunang dinamiko, dapat natng mapagtanto na ito rin ay bahagi ng ating ispiritwalidad, na isang gawain ng pagkakawangawata at, sa gayon, ay nagpapahinog at nagpapabanal sa atin.

232. Hindi lahat ay tinawag upang direktang kumilos sa buhay pampulitika. Mayaman din ang lipunan sa hindi mabilang na dami ng samahang kumikilos upang itaguyod ang pangkalahatang kagalingan at upang ipagtaggol ang kapaligiran, ito may ay likas o nasa lungsod. Halimbawa, ang ilan ay nagpapakita ng malasakit sa mga pampublikong lugar (sa gusali, sa balong ng tubig, sa napabayaang bantayog, sa paysahe, sa parisukat) at pagsumikapang maprotektahan, maibalik, mapabuti o mapaganda ito bilang isang bagay na pag-aari ng lahat. Sa palibot ng ganitong mga aksyong pampamayanan, nabubuo ang mga relasyon o nababawat at isang bagong panlipunang balangkas ang lumilitaw. Kaya, maaaring magsimula ang pamayanan sa kawalang-bahalang idinulot ng konsyumerismo. Nililinang ng mga pagkilos na ito ang sama-samang pagkakakilanlan, na may kwentong maaaring magunita at maipasa. Sa ganitong paraan, ang mundo, at ang kalidad ng buhay ng mga pinakadukha, ay inaalagaan, nang may pagkakaisa kasabay ng kamalayang nabubuhay tayo sa isang pangkalahatang tahananang ipinagkatiwala sa atin ng Diyos. Maaaring maging masidhing ispiritwal na danas ang mga pampamayanang pagkilo na ito, kapag ipinahayag sa pag-ibig na nag-aalay ng sarili.

VI. MGAPALATANDEAN NG SAKRAMENTO AT ANG PAGDIRIWANG NG IBAPA

233. Nabubunyang ang sandaidigan sa Diyos, na lubusan itong pinupuno. Samakatwid, may mahiwagang kahulugang matatagpuan sa dahon, sa landas sa bundok, sa isang patak ng hamog, sa muha ng isang dukha. [159] Ang ideyal ay hindi lamang maipasa mula sa labas patungo sa loob upang matuklasan ang pagkilos ng Diyos sa kaluluwa, kundi ang matuklasan din ang Diyos sa lahat ng bagay. Itinuturo sa atin ni San Buenaventura na "lumalalim ang pagninilay habang nadarama natin ang pagkilos ng biyaya ng Diyos sa ating mga puso, at mas mahusay nating natututunang makaharap ang Diyos sa mga nilalang na labas sa ating sarili". [160]

234. Itinuro sa atin ni San Juan ng Krus na ang lahat ng kabutihang naroon sa mga reyalidad at karanasan sa mundong ito "ay may presensya sa Diyos nang may kadakilaan at walang katapusan, o sa

mas maayos, sa bawat kahanga-hangang reyalidad na ito ay ang Diyos". [161] Hindi ito dahil ang mga may katapusang bagay ay talagang banal, kundi dahil ang mga mahiwagang karanasan ang malapit na ugnay sa pagitan ng Diyos at ng lahat ng nilalang, at sa gayon ay madamang "ang lahat ng bagay ay Diyos". [162] Namamangha tayong nakatindig sa isang bundok, hindi maihihiwalay ninuman ang karanasang ito mula sa Diyos, at maunawaang ang panloob na takot habang nabubuhay ay dapat ipagkatiwala sa Panginoon: ""Ang mga bundok ay may taas at ang mga ito'y sagana, malawak, maganda, kaaya-aya, maliwanag at mahalimuyak. Ang mga bundok na ito ay siyang Minamahal ko sa akin. Ang malulungkot na lambak at tahimik, kaaya-aya, mahinahon, makulomlim at inaagusan ng sariwang tubig; sa sari-sari nilang halamaman at ang matawis na awit ng mga ibon, kaya nilang magkaroon ng masaganang kaaliwan at kagalakan sa sarili, at sa kanilang pag-iisa at katahimikan, pinapanariwa nila tayo at pinagpapahinga. Ang mga lambak na ito ay siyang Minamahal ko sa akin. [163]

235. Ang Sakramento ay may pribilehiyong paraan kung saan ang kalikasan ay pinanghawakan ng Diyos bilang isang paraan upang mamagitan sa kahima-himalang buhay. Sa pamamagitan ng ating pagsamba sa Diyos, inaanyayahan tayong yakapin ang mundo sa naiibang kalagayan. Ang tubig, langis, apoy at kulay ay tinatanganan sa lahat ng kanilang makahulugang kapangyarihan at isinasama sa ating pagpupuri. Ang kamay na nagbabasba ay isang instrumento ng pag-ibig ng Diyos at isang salaminan ng pagkakalapit ni HesuKristo, na dumating upang samahan tayo sa paglalakbay sa buhay. Ang tubig na ibinuhos sa katawan ng isang bata sa Pagbibinyag ay isang sagisag ng bagong buhay. Ang pakikipagharap sa Diyos ay hindi nangangahulugang pag-alis sa mundong ito o pagtalikod sa kalikasan. Ito'y sadyang malinaw sa ispiritwalidad ng Kristanong Silangan. "Ang kagandahan, kung saan sa Silangan ay isa sa pinakaiibig na pangalan na nagpapahayag ng banal na pagkaakisa at isang modelo ng nagbabagong-anyong sangkatauhan, ay lumilitaw sa lahat ng dako: sa hugis ng isang simbahan, sa mga tunog, sa mga kulay, sa mga liwanag, sa mga halimuyak". [164] Para sa mga Kristyano, lahat ng nilalang sa materyal na sandaigdigan ay nakahahanap ng kanilang tunay na kahulugan sa Salitang nagkatawang-tao, pagkat isinama ng Anak ng Diyos sa kanyang pagkatao ang bahagi ng materyal na mundo, inihahasik dito ang binhi ng tiyak na pagbabago. Hindi itinatakwil ng Kristyanismo ang bagay. Sa halip, ang pagkakatawan ay itinuturing sa lahat ng galaga nito sa malituriyang pagkilos, kung saan ang katawan ng tao ay nailalantad sa panloob na katangian nito bilang isang templo ng Espiritu Santi at nakipagkaisa sa Panginoong Hesus, na mismong siya'y kumuha ng katawan para sa kaligtasan ng mundo". [165]

236. Doon sa Eukaristiya matatagpuan ng lahat ng nilalang ang napakadakilang pagpaparantal. Ang biyaya, kung saan maaaring tiyak na ipakilala ang sarili, ay nakatagpo ng hindi madadaig na pagpapahayag pag naging tao mismo ang Diyos at inialay ang sarili bilang pagkain ng kanyang mga nilikha. Pinili ng Panginoon, sa paghantong sa misteryo ng pagkakatawang-tao, upang maabot ang ating matalik na kaibuturan sa pamamagitan ng isang piraso ng bagay. Hindi siya dumating mula sa itaas, kundi mula sa loob, dumating siya upang siya'y ating matagpuan sa ating daigdig. Sa Eukaristiya, natamo na'y lubusan; iyon ang buhay na sentro ng sanlibutan, ang umaapaw na pag-ibig at ng hindi masasaid na buhay. Kasama ng nagkatawang-taong Anak, na naroroon sa Eukaristiya, nagpapasalamat sa Diyos ang buong kosmos. Tunay ngang ang mismong Eukaristiya'y isang pagkilos ng pandaigdigang pag-ibig: "Opo, pandaigdig! Dahil kahit na ito'y ipinagdiwang sa mapagkumbabang dambana ng isang simbahan sa nayon, palaging sa ilang paraan ang Eukaristiya'y ipinagdiriwang sa damban ng mundo". [166] Sumama sa langit at lupa ang Eukaristiya; ito'y niyayapos at tumatagos sa lahat ng nilikha. Ang daigdig na lumitaw mula sa mga kamay ng Diyos ay bumabalik sa kanya ng may pinagpala't sama-samang pagpuri: sa tinapay ng Eukaristiya, "ang paglikha ay inaasahang patungo sa pagiging dakila, patungo sa banal na piging ng kasal, patungo sa pakikipagkaisa sa mismong Lumikha". [167] Sa gayon, ang Eukaristiya ay isa ring piagmumulan ng liwanag at nilalayan para sa ating pagmamalasakit sa kapaligiran, inaakay tayo upang maging katiwala ng lahat ng sangnilikha.

237. Sa araw ng Linggo, ang pakikilahok natin sa Eukaristiya ay may espesyal na kahalagahan. Ang araw ng Linggo, tulad ng Sabbath ng mga Hudyo, ay nangangahulugang isang araw upang paghilumin ang ating pakikipag-ugnayan sa Diyos, sa ating sarili, sa ating kapwa at sa mundo. Ang araw ng Linggo

ang araw ng Muling Pagkabuhay, ang "unang araw" ng bagong nilikha, na ang unang bunga ay ang nabuhay na sangkatauhan ng Panginoon, ang panata ng huling pagbabagong-anyo ng lahat ng nalikhang reyalidad. Ipinahahayag din nito "ang walang hanggang pamamahinga ng tao sa Diyos". [168] Sa ganitong paraan, inilalakip sa ispiritwalidad Kristyano ang halaga ng pamamahinga at kasiyahan. Madalas tayong kumilos na ang pagninilay na pahinga ay isang bagay na walang bunga at hindi kinakailangan, subalit may kinalaman ito sa mismong bagay na napakahalaga tungkol sa paggawa: ang kahulugan nito. Tinawag tayo na isama sa ating trabaho ang kahalagahan ng pagtanggap at pabuya, na lubos na naiiba mula sa payak na kawalang pagkilos. Sa halip, isa itong pamamaraan ng paggawa, na bumubuo ng bahagi ng ating pinakadiwa. pinoprotektahan nito ang pagkilos ng tao mula sa pagiging hungkag na aktibismo; pinipigilan din nito ang di-mapigil na kadakiman at pagkakahiwalay na ginagawa tayong palahanap ng sariling pakinabang kahit mapinsala pa ang iba. Ipinagbabawal ng batas sa lingguhang pamamahinga na magtrabaho sa ikapitong araw, "upang makapagpahinga ang iyong baka at ang iyong bisiro, at ang anak ng iyong lingkod na babae, at ang dayo, ay mapreskuhan" (Ex 23:12). Iminumulat ng pahinga ang ating mata sa mas malawak na larawan at binibigyan tayo nito ng nagpapanumbalik na sensitibidad sa karapatan ng kapwa. At kaya ang araw ng pamamahinga, na nakasentro sa Eukaristiya, ang nagbihay liwanag sa buong linggo, at nag-uudyok sa atin sa mas matinding pag-aalala sa kalikasan at sa mga dukha.

VII. ANG TRINIDAD AT ANG UGNAYAN SA PAGITAN NG MGA NILALANG

238. Ang Ama ang pangunahing pinagmumulan ng lahat-lahat, ang mapagmahal at nakikipag-ugnayan sa sariling saligan ng lahat ng umiiral. Ang anak, ang kanyang pagninilay, kung saan lahat ng bagay ay nilikha, ay ipinagkaisa ang kanyang sarili sa sangkalupaang ito nang siya'y nabuo sa sinapupunan ni Maria. Ang Espiritu, ang walang katapusang bigkis ng pagmamahal, ang matalik na naroroon sa pinakapuso ng sanlibutan, nagbibigay-sigla at nagdadala ng bagong mga daanan. Nilikha ang daigdig ng tatlong Persona na kumikilos bilang iisang banal na simulain, ngunit bawat isa sa kanila'y kumilos sa nagkakaisang gawa batay sa kanilang sariling katangian. Bunga nito, "kapag pinagnilayan natin ng may pagkamangha ang sanlibutan sa lahat ng karangalan at kariktan nito, dapat nating papurihan ang buong Trinidad". [169]

239. Para sa mga Kristyano, ang maniwala sa isang Diyos na nasa pakikipagkaisa sa trinitaryano ay nagpapahiwatig na nag-iwan ng bakas ang Trinidad sa lahat ng nilalang. Sinabi pa sa kalaunan ni San Buenaventura na ang sangkatauhan, bago magkasala, ay nakita kung paanong ang bawat nilalang ay "nagpatotoo na ang Diyos ay tatlo". Ang pagninilay sa Trinidad ay naroroon upang makilala sa kalikasan "kung saan ang aklat na iyon ay bukas sa tao at nang hindi pa nangingitim ang ating mga mata". [170] Ipinangaral ng santong Franciscano na dinadala ng bawat nilalang sa kanyang sarili ang isang ispesipikong istrakturang Trinitaryano, na sadyang totoo na maaari agad itong pagnilayan kundi lang ang titig ng tao ay hindi gaanong kumikiling, madilim at marupok. Sa ganitong paraan, ipinunto niya sa atin ang hamon ng pagtatangkang basahin ang reyalidad sa isang susing Trinitaryano.

240. Ang mga Taong banal na tuluy-tuloy ang ugnayan, at ang mundo, na nilikha ayon sa banal na modelo, ay isang talakop ng pakikipag-ugnayan. Maaaring tumungo sa Diyos ang mga nilalang, at kasunod nito'y wasto lamang sa bawat nabubuhay na magtungo sa iba pang mga bagay, upang sa lawak ng sanlibutan makatagpo tayo ng anupamang bilang ng palagian at lihim na sala-salabat na pakikipag-ugnayan. [171] Dadalhin tayo nito hindi lang upang hangaan ang sari-saring ugnayang umiiral sa mga nilalang, kundi upang matuklasan ang susi ng ating sariling kasiyahan. Ang isang tao'y mas lumalago, mas nahihinog at mas bumabanal lalo't pumapasok siya sa isang ugnayan, kinakaligtaan na ang sarili upang mamuhay kaisa ng Diyos, kasama ang kapwa at ang lahat ng nilalang. Sa ganitong paraan, ginawa nilang sarili ang dinamismong trinitaryano na itinatak sa kanila nang sila'y nilikha. Ang lahat ng bagay ay nagkakaugnayan, at inaanyayahan tayo nitong bumuo ng ispiritwalidad ng daigdigang pagkakaisang iyon na dumadaloy mula sa misteryo ng Trinidad.

VIII. REYNA NG LAHAT NG NILALANG

241. Si Maria, ang Inang nag-alaga kay Hesus, ngayon ay nangangalaga ng may pagmamahal ng isang ina at pasakit para sa sugatang mundo. Tulad ng pagdadalamhati ng sugatan niyang puso sa pagkamatay ni Hesus, at ngayon ay namimighati siya sa mga paghihirap ng mga dukhang ipinako sa krus at para sa mga nilalang ng mundong ito na sinira ng kapangyarihan ng tao. Ganap na nagbagong-anyo, nabuhay siya ngayong kasama ni Hesus, at ang lahat ng nilalang ay umaawit hinggil sa kanyang pagkamakatarungan. Siya ang Babae, "dinamitan ng araw, kasama ang buwan na nasa kanyang paanan, at sa kanyang ulo ang koronang may labindalawang bituin" (Rev 12:1). Binuhat siya patungong kalangitan, siya ang Ina at Reyna ng lahat ng nilalang. Sa maluwalhati niyang katawan, kasama ang Kristong Nabuhay Muli, narating ng bahagi ng sangnilikha ang kaganapan ng karikitan nito. Pinahahalagahan niya ang buong buhay ni Hesus sa kanyang puso (sg. Lk 2: 19,51), at ngayon ay nauunawaan ang kahulugan ng lahat ng bagay. Kaya, maaari nating hilingin sa kanya na kayanin nating tingnan ang mundong ito ng may mga mata ng karunungan.

242. Sa kanyang tabi sa Banal na Mag-anak ng Nazareth ay nakatindig ang pigura ni San Jose. Sa pamamagitan ng mga gawa ni San Jose at bukas-palad nitong pakikitungo, iningatan niya at ipinagtanggol sina Maria at Hesus, at inilayo sila sa mga karahasang dulot ng mga di-makatarungan sa pamamagitan ng pagdadala sa kanila sa Ehipto. Itinanghal ng Ebanghelyo si Jose bilang isang makatarungang tao, masipag at malakas. Subalit nagpakita rin siya ng dakilang kagiliwan, na hindi tanda ng kahinaan kundi ng mga taong tunay na malakas, ganap na gagap ang reyalidad at handang magmamahal at maglingkod ng may pagpapakumbaba. Iyon ang dahilan kung bakit ipinahayag siyang tagapangalaga pandaigdigang Simbahan. Siya rin ay nakapagtuturo sa atin kung paano mangalaga; binibigyang-sigla rin niya tayo upang kumilos ng may kabutihang-loob at may pagkagiliw sa pagprotekta sa mundong itong ipinagkatiwala sa atin ng Diyos.

IX. SA KABILA NG ARAW

243. Sa huli, mahahanap natin sa ating sarili ng harap-harapan ang walang katapusang karikitan ng Diyos (sg. 1 Cor 13:12), at makakayang basahin ng may paghanga at kasiyahan ang misteryo ng sanlibutan, na kasama nating ibabahagi sa walang hanggang kasaganahan. Kahit na naglalakbay tayo ngayon patungo sa sabbath ng kawalang-maliw, ang bagong Herusalem, patungo sa ating tahanan sa kalangitan. Sinabi ni Hesus: "Ginagawa kong bago ang lahat ng bagay" (Rev 21:5). Ang buhay na walang hanggan ay isang ibinahaging danas ng paghanga, kung saan ang bawat nilalang, na maliwanag na nagbagong-anyo, ay hahantong sa kanyang wastong lugar at may mga bagay na iaalay sa mga dukhang lalaki't babae na lubusan nang mapapalaya.

244. Samantala, nagsasama-sama tayo upang pangalagaan ang tahananang ito na ipinagkatiwala sa atin, na nababatid na ang lahat ng bagay na umiiral dito ay dadalhin para sa makalangit na piging. Sa pakikipagkaisa sa lahat ng nilalang, naglalakbay tayo sa lupaing ito sa paghahanap sa Diyos, sapagkat "kung ang daigdig ay may simula at kung ito ay nilikha, dapat nating usisain kung sino ang nagbigay ng simula nito, at sino ang Lumikha". [172] Umawit tayo habang naglalakbay. Nawa ang ating pakikibaka at ang ating malasakit sa planetang ito ay hindi alisin ang kagalakan ng ating pag-asa.

245. Ang Diyos, na tinawag tayo para sa mapagkaloob na panata at upang ibigay sa kanya ang ating lahat, ay nag-aalok sa atin ng liwanag at kalakasang kinakailangan upang makapagpatuloy sa ating landas. Sa pusod ng mundong ito, ang Panginoon ng buhay, na umiibig ng labis-labis sa atin, ay laging naririyon. Hindi niya tayo iniwan, hindi niya tayo pinabayaang mag-isa, sapagkat tahasan niyang pinag-isa ang kanyang sarili sa ating sangkalupaan, at ang kanyang pag-ibig ay laging nanghihikayat sa ating maghanap ng bagong pamamaraan pasulong. Purihin siya!

246. Sa pagtatapos ng napakahabang pagninilay na ito na kapwa masaya at nakababagabag, iminumungkahi kong mag-alay tayo ng dalawang panalangin. Ang una'y maibabahagi natin sa lahat ng naniniwala sa isang Diyos na napakamakapangyarihang Manlilikha, habang ang ikalawa, tayong mga Kristyano'y humihingi ng inspirasyon upang tanganan ang panata sa sangnilikha na itinakda para sa atin ng Ebanghelyo ni Hesus.

ISANG PANALANGIN PARA SA ATING DAIGDIG

Napakamakapangyarihang Diyos, na naroroon sa lahat ng dako
at sa pinakamaliit sa iyong mga nilikha.

Niyapos mo ng iyong pagsinta ang lahat ng umiiral.

Ibuhos mo sa amin ang kapangyarihan ng iyong pag-ibig,
upang maipagsanggalang ang buhay at kariktan.

Punuan mo kami ng kapayapaan, upang kami'y mabuhay
bilang magkakapatid, nang walang sinumang nasasaktan.

O Poon ng mga dukha,

tulungan nyo po kaming sagipin ang mga pinabayaan at kinalimutan ng daigdig na ito,
na mahalaga sa inyong paningin.

Dalhan mo po ng lunas ang aming mga buhay,

upang maipagtanggol ang daigdig at hindi mapinsala nito,

upang maihasik namin ang kariktan, hindi polusyon at pagkawasak.

Hipuin mo po ang mga puso

ng mga naghahanap lamang ng kapakinabangan

habang isinasakripisyo ang mga dukha at ang daigdig.

Turuan mo kaming makita ang kahalagahan ng bawat bagay,

na pupunuan ng pakundangan at pagninilay,

upang makilalang malalim tayong nakikipagkaisa

sa iba pang nilikha

habang kami'y naglalakbay sa iyong di matingkalang liwanag.

Salamat po dahil araw-araw ka naming nakakasama .

Pasiglahin mo po kami, dalangin namin, sa aming pakikibaka

para sa katarungan, pag-ibig at kapayapaan.

ISANG PANALANGING KRISTYANO SA PAKIKIPAGKAISA SA SANGNILIKHA

Ama, pinupuri ka namin ng lahat ng iyong nilikha.

Nanggaling sila mula sa iyong napakamapagpalang kamay;

silang lahat ay sa iyo, na puno ng iyong presensya at malambing na pagmamahal.

Purihin ka!

Anak ng Diyos, Hesus,

sa pamamagitan mo'y nalikha ang lahat ng bagay

Ikaw na nabuo sa sinapupunan ni Maria, ang aming Ina,

naging bahagi ka ng daigdig na ito,

at tumitig ka sa mundong ito ng mga mata ng tao.

Ngayon ay buhay na buhay ka sa bawat nilalang

sa iyong papailanlang na kaluwalhatian.

Purihin ka!

Banal na Espiritu, sa iyong kaliwanagan

ginagabayan mo ang mundong ito patungo sa pag-ibig ng Ama

at sinasamahan ang mga nilalang sa paghihinagpis nito sa kahirapan.

Nananahan ka sa aming mga puso

at binibigyang-sigla mo kaming gawin ang nararapat.

Purihin ka!

Poong may tatlong pagkakaisa, nakamamanghang pamayanang may walang hanggang pag-ibig

turuan mo po kaming pagnilayan ka

sa kariktan ng sanlibutan,
pagkat pinag-uusapan ka ng lahat ng bagay.
Pinukaw ang aming pagpuri't pasasalamat
para sa bawat nilalang na iyong nilikha.
Bigyan mo po kami ng biyaya upang madamang malalim
kaming kasama ng lahatng bagay.

Diyos ng pag-ibig, ipakita mo sa amin ang aming tungkulin sa mundo
bilang daluyan ng iyong pagmamahal
para sa lahat ng mga nilalang sa daigdig na ito,
upang ni isa man ay hindi makaligtaan sa iyong paningin.
Tanglawan nyo po yaong nagtataglay ng kapangyarihan at salapi
upang maiwasan nila ang kasalanan ng pagwawalang-bahala,
upang kanilang ibigin ang pangkalahatang kagalingan, paunlarin ang mahihina,
at pag-ingatan ang mundong tinitirahan natin.
Nananaghoy ang mga dukha at ang daigdig.
O, Panginoon, sakupin mo kami ng iyong kapangyarihan at liwanag,
tulungan mo po kaming ipagsanggalang ang lahat ng buhay,
upang makapaghanda sa isang mas magandang hinaharap,
para sa pagdating ng iyong Kaharian
ng katarungan, kapayapaan, pag-ibig at kariktan.
Purihin ka!
Amen.

Ibinigay sa Roma sa Saint Peter nitong ika-24 ng Mayo, ang Dakilang Kapistahan ng Pentecostes, sa taong 2015, ang ikatlo ng aking Pontifikasyo.

Francisco

Talababa

- [1] Awit ng mga Nilalang, mula sa Si Francisco ng Assisi: Mga Unang Dokumento, Tomo 1, New York-London-Manila, 1999, 113-114.
- [2] Apostolic Letter Octogesima Adveniens (14 Mayo 1971), 21: AAS 63 (1971), 416-417.
- [3] Pahayag sa FAO sa ika-25 Anibersaryo ng institusyon nito (16 Nobyembre 1970), 4: AAS 62 (1970), 833.
- [4] Liham Ensiklikong Redemptor Hominis (4 Marso 1979), 15: AAS 71 (1979), 287.
- [5] Sg. Katekesis (17 Enero 2001), 4: Insegnamenti 41/1 (2001), 179.
- [6] Liham Ensiklikong Centesimus Annus (1 Mayo 1991), 38: AAS 83 (1991), 841.
- [7] Ibid., 58: AAS 83 (1991), p. 863.
- [8] JUAN PAOLO II, Liham Ensiklikong Sollicitudo Rei Socialis (30 Disyembre 1987), 34: AAS 80 (1988), 559.
- [9] Sg. ID., Liham Ensiklikong Centesimus Annus (1 Mayo 1991), 37: AAS 83 (1991), 840.
- [10] Pahayag sa Diplomatic Corps na Kinikilala ng Banal na Sede (8 Enero 2007): AAS 99 (2007), 73.

- [11] Liham Ensiklikong Caritas sa Veritate (29 Hunyo 2009), 51: AAS 101 (2009), 687.
- [12] Pahayag sa Bundestag, Berlin (22 Setyembre 2011): AAS 103 (2011), 664.
- [13] Pahayag sa Kaparian ng Diyosesis ng Bolzano-Bressanone (6 Agosto 2008): AAS 100 (2008), 634.
- [14] Mensahe para sa Araw ng Panalangin para sa Pangangalaga ng Sangnilikha (1 Setyembre 2012).
- [15] Pahayag sa Santa Barbara, California (8 Nobyembre 1997); Sg. JOHN CHRYSAVGIS, Sa Lupa tulad ng sa Langit: Pang-ekolohiyang Bisyon at Inisyatiba ng Ekumenikong Patriyarkang si Bartolome, Bronx, New York, 2012.
- [16] Ibid.
- [17] Pangangaral sa Monastery of Utstein, Norway (23 Hunyo 2003).
- [18] "Pandaigdigang Pananagutan at Ekolohikal na Pagpapanatili", Pagsasarang Pananalita, Halki Summit I, Istanbul (20 Hunyo 2012).
- [19] Si Tomas ng Celano, Ang Buhay ni San Francisco, I, 29, 81: sa Si San Francisco ng Assisi: Mga Unang Dokumento, Tomo 1, New York-London-Manila, 1999, 251.
- [20] Ang Pangunahing Alamat ni San Francisco, VIII, 6, sa Si San Francisco ng Assisi: Mga Unang Dokumento, Tomo 2, New York-London-Manila, 2000, 590.
- [21] Sg. THOMAS OF CELANO, The Remembrance of the Desire of a Soul, II, 124, 165, sa Si San Francisco ng Assisi: Mga Unang Dokumento, Tomo 2, New York-London-Manila, 2000, 354.
- [22] SOUTHERN AFRICAN CATHOLIC BISHOPS' CONFERENCE, Pastoral na Pahayag hinggil sa Krisis Pangkapaligiran (5 Setyembre 1999).
- [23] Sg. Pagbati sa mga Kawani ng FAO (20 Nobyembre 2014): AAS 106 (2014), 985.
- [24] Ikalimang Pangkalahatang Kumperensya ng mga Obispong Latino Amerikano at Caribeano, Dokumentong Aparecida (29 Hunyo 2007), 86.
- [25] CATHOLIC BISHOPS' CONFERENCE OF THE PHILIPPINES, Pastoral na Pahayag Anong Nangyayari sa ating Magandang Lupain? (29 Enero 1988).
- [26] BOLIVIAN BISHOPS' CONFERENCE, Pastoral na Pahayag sa Kapaligiran at sa Pag-unlad ng Tao sa Bolivia El universo, don de Dios para la vida (23 Marso 2012), 17.
- [27] Sg. GERMAN BISHOPS' CONFERENCE, Commission for Social Issues, Der Klimawandel: Brennpunkt globaler, intergenerationeller und ökologischer Gerechtigkeit (Setyembre 2006), 28-30.
- [28] PONTIFICAL COUNCIL FOR JUSTICE AND PEACE, Kompedyum sa Panlipunang Doktrina ng Simbahan, 483.
- [29] Katekesis (5 Hunyo 2013): Insegnamenti 1/1 (2013), 280.
- [30] BISHOPS OF THE PATAGONIA-COMAHUE REGION (ARGENTINA), Christmas Message (Disyembre 2009), 2.

- [31] UNITED STATES CONFERENCE OF CATHOLIC BISHOPS, *Global Climate Change: A Plea for Dialogue, Prudence and the Common Good* (15 Hunyo 2001).
- [32] Ikalimang Pangkalahatang Kumperensya ng mga Obispong Latino Amerikano at Caribeano, *Dokumentong Aparecida* (29 Hunyo 2007), 471.
- [33] Apostolikong sermon na *Evangelii Gaudium* (24 Nobyembre 2013), 56: AAS 105 (2013), 1043.
- [34] JUAN PAOLO II, Mensahe para sa Pandaigdigang Araw ng Kapayapaan 1990, 12: AAS 82 (1990), 154.
- [35] ID., *Katekesis* (17 Enero 2001), 3: *Insegnamenti* 24/1 (2001), 178.
- [36] JUAN PAOLO II, Mensahe para sa Pandaigdigang Araw ng Kapayapaan 1990, 15: AAS 82 (1990), 156.
- [37] *Katekismo ng Simbahang Katoliko*, 357.
- [38] Orasyon sa Osnabrück (Germany) sa mga maykapansanan, 16 Nobyembre 1980: *Insegnamenti* 3/2 (1980), 1232.
- [39] Benedicto XVI, Homiliya para sa Taimtim na Pagpapasinaya sa Ministryong Petrine (24 Abril 2005): AAS 97 (2005), 711.
- [40] Sg. Buenaventura, *Ang Pangunahing Alamat ni San Francisco*, VIII, 1, sa *Si San Francisco ng Assisi: Mga Unang Dokumentong, Tomo 2*, New York-London-Manila, 2000, 586.
- [41] *Katekismo ng Simbahang Katoliko*, 2416.
- [42] GERMAN BISHOPS' CONFERENCE, *Zukunft der Schöpfung – Zukunft der Menschheit. Einklärung der Deutschen Bischofskonferenz zu Fragen der Umwelt und der Energieversorgung*, (1980), II, 2.
- [43] *Katekismo ng Simbahang Katoliko*, 339.
- [44] Homiliya sa Hexaameron, I, 2, 10: PG 29, 9.
- [45] *Ang Divina Komedyang, Paradiso*, Canto XXXIII, 145.
- [46] Benedicto XVI, *Katekesis* (9 Nobyembre 2005), 3: *Insegnamenti* 1 (2005), 768.
- [47] ID., *Lihang Ensiklikong Caritas in Veritate* (29 Hunyo 2009), 51: AAS 101 (2009), 687.
- [48] JUAN PAOLO II, *Katekesis* (24 Abril 1991), 6: *Insegnamenti* 14 (1991), 856.
- [49] Ipinaliliwanag ng *Katekismo* na ninais ng Diyos na lumikha ng mundong "naglalakbay patungo sa tiyak na pagpaperpekto nito", at ipinahihawatig nito ang presensya ng di-pagka-perpekto at pisikal na kasamaan; *Katekismo ng Simbahang Katoliko*, 310.
- [50] Sg. SECOND VATICAN ECUMENICAL COUNCIL, *Pastoral na Konstitusyon sa Simbahan sa Modernong Mundo Gaudium et Spes*, 36.
- [51] THOMAS AQUINAS, *Summa Theologiae*, I, q. 104, art. 1 ad 4.
- [52] ID., *In octo libros Physicorum Aristotelis expositio*, Lib. II, lectio 14.

- [53] Laban sa kaligirang ito, maaari nating ihanda ang mga ambag ni Fr Teilhard de Chardin; Sg. PAUL VI, Pahayag sa a Chemical and Pharmaceutical Plant (24 Pebrero 1966): Insegnamenti 4 (1966), 992-993; JUAN PAOLO II, Liham kay Reverend George Coyne (1 Hunyo 1988): Insegnamenti 11/2 (1988), 1715; BENEDICT XVI, Homiliya para sa Pagdiriwang ng Vespers sa Aosta (24 Hulyo 2009): Insegnamenti 5/2 (2009), 60.
- [54] JUAN PAOLO II, Katekesis (30 Enero 2002),6: Insegnamenti 25/1 (2002), 140.
- [55] CANADIAN CONFERENCE OF CATHOLIC BISHOPS, SOCIAL AFFAIRS COMMISSION, Pastoral na Pahayag Iniibig Mo ang Lahat ng Umiiral... Ang Lahat ng Bagay ay sa Iyo, Diyos, Nagmamahal sa Buhay” (4 Oktubre 2003), 1.
- [56] CATHOLIC BISHOPS’ CONFERENCE OF JAPAN, Pinagpipitaganan sa Buong Buhay. Mensahe para sa Ikadalawampu’t isang Siglo (1 Enero 2000), 89.
- [57] JUAN PAOLO II, Katekesis (26 Enero 2000), 5: Insegnamenti 23/1 (2000), 123.
- [58] ID., Katekesis (2 Agosto 2000), 3: Insegnamenti 23/2 (2000), 112.
- [59] PAUL RICOEUR, Philosophie de la Volonté, t. II: Finitude et Culpabilité, Paris, 2009, 216.
- [60] Summa Theologiae, I, q. 47, art. 1.
- [61] Ibid.
- [62] Sg. ibid., art. 2, ad 1; art. 3.
- [63] Katekismo ng Simbahang Katoliko, 340.
- [64] Awit ng mga Nilalang, sa Si San Francisco ng Assisi: Mga Unang Dokumento, New York-London-Manila, 1999, 113-114.
- [65] Sg. NATIONAL CONFERENCE OF THE BISHOPS OF BRAZIL, A Igreja e a Questão Ecológica, 1992, 53-54.
- [66] Ibid., 61.
- [67] Apostolikong sermon na Evangelii Gaudium (24 Nobyembre 2013), 215: AAS 105 (2013), 1109.
- [68] Sg. BENEDICT XVI, Liham Ensiklikong Caritas sa Veritate (29 Hunyo 2009), 14: AAS 101 (2009), 650.
- [69] Katekismo ng Simbahang Katoliko, 2418.
- [70] CONFERENCE OF DOMINICAN BISHOPS, Pastoral na Pahayag Sobre la relación del hombre con la naturaleza (21 Enero 1987).
- [71] JUAN PAOLO II, Liham Ensiklikong Laborem Exercens (14 Setyembre 1981), 19: AAS 73 (1981), 626.
- [72] Liham Ensiklikong Centesimus Annus (1 Mayo 1991), 31: AAS 83 (1991), 831.
- [73] Liham Ensiklikong Sollicitudo Rei Socialis (30 Disyembre 1987), 33: AAS 80 (1988), 557.

- [74] Pahayag sa mga Lumad ang Taganayon, Cuilapán, Mexico (29 Enero 1979), 6: AAS 71 (1979), 209.
- [75] Homiliya sa Misa para sa mga Magsasaka, Recife, Brazil (7 Hulyo 1980): AAS 72 (1980): AAS 72 (1980), 926.
- [76] Sg. Mensahe para sa Pandaigdigang Araw ng Kapayapaan 1990, 8: AAS 82 (1990), 152.
- [77] PARAGUAYAN BISHOPS' CONFERENCE, Pastoral na Pahayag El campesino paraguayo y la tierra (12 Hunyo 1983), 2, 4, d.
- [78] NEW ZEALAND CATHOLIC BISHOPS CONFERENCE, Pahayag hinggil sa mga Usaping Pangkapaligiran (1 Setyembre 2006).
- [79] Liham Ensiklikong Laborem Exercens (14 Setyembre 1981), 27: AAS 73 (1981), 645.
- [80] Kaya makapagsasalita si San Justino ng "binhi ng Salita" sa mundo; Sg. II Apologia 8, 1-2; 13, 3-6: PG 6, 457-458, 467.
- [81] JUAN PAOLO II, Pahayag sa Mga Syentipiko at Kinatawan ng United Nations University, Hiroshima (25 Pebrero 1981), 3: AAS 73 (1981), 422.
- [82] BENEDICT XVI, Liham Ensiklikong Caritas sa Veritate (29 Hunyo 2009), 69: AAS 101 (2009), 702.
- [83] ROMANO GUARDINI, Das Ende der Neuzeit, 9th ed., Würzburg, 1965, 87 (Sa Ingles: The End of the Modern World [Ang Wakas ng Modernong Mundo], Wilmington, 1998, 82).
- [84] Ibid.
- [85] Ibid., 87-88 (Ang Wakas ng Modernong Mundo, 83).
- [86] PONTIFICAL COUNCIL FOR JUSTICE AND PEACE, Kompendyum hinggil sa Panlipunang Doktrina sa Simbahan, 462.
- [87] ROMANO GUARDINI, Das Ende der Neuzeit, 63-64 (Ang Wakas ng Modernong Mundo, 56).
- [88] Ibid., 64 (Ang Wakas ng Modernong Mundo, 56).
- [89] Sg. BENEDICT XVI, Liham Ensiklikong Caritas sa Veritate (29 Hunyo 2009), 35: AAS 101 (2009), 671.
- [90] Ibid., 22: p. 657.
- [91] Apostolikong sermon na Evangelii Gaudium (24 Nobyembre 2013), 231: AAS 105 (2013), 1114.
- [92] ROMANO GUARDINI, Das Ende der Neuzeit, 63 (Ang Wakas ng Modernong Mundo, 55).
- [93] JUAN PAOLO II, Liham Ensiklikong Centesimus Annus (1 Mayo 1991), 38: AAS 83 (1991), 841.
- [94] Sg. Pag-ibig sa Sangnilikha. Ang tugong Asyano sa Krisis sa Ekolohiya, Deklarasyon ng Colloquium na inisponsor ng Federation of Asian Bishops' Conferences (Tagaytay, 31 Enero-5 Pebrero 1993), 3.3.2.
- [95] JUAN PAOLO II, Liham Ensiklikong Centesimus Annus (1 Mayo 1991), 37: AAS 83 (1991), 840.

- [96] BENEDICT XVI, Mensahe para sa 2010 Pandaigdigang Araw ng Kapayapaan, 2: AAS 102 (2010), 41.
- [97] ID., Liham Ensiklikong Caritas sa Veritate (29 Hunyo 2009), 28: AAS 101 (2009), 663.
- [98] Sg. Si Vicente ng Lerins, *Commonitorium Primum*, ch. 23: PL 50, 688: “Ut annis scilicet consolidetur, dilatetur tempore, sublimetur aetate”.
- [99] No. 80: AAS 105 (2013), 1053.
- [100] SECOND VATICAN ECUMENICAL COUNCIL, Pastoral na Konstitusyon sa Simbahan Hinggil sa Modernong Mundo *Gaudium et Spes*, 63.
- [101] Sg. JUAN PAOLO II, Liham Ensiklikong Centesimus Annus (1 Mayo 1991), 37: AAS 83 (1991), 840.
- [102] PAUL VI, Liham Ensiklikong *Populorum Progressio* (26 Marso 1967), 34: AAS 59 (1967), 274.
- [103] BENEDICT XVI, Liham Ensiklikong Caritas sa Veritate (29 Hunyo 2009), 32: AAS 101 (2009), 666.
- [104] *Ibid.*
- [105] *Ibid.*
- [106] Katekismo ng Simbahang Katoliko, 2417.
- [107] *Ibid.*, 2418.
- [108] *Ibid.*, 2415.
- [109] Mensahe para sa Pandaigdigang Araw ng Kapayapaan 1990, 6: AAS 82 (1990), 150.
- [110] Pahayag sa Pontifical Academy of Sciences (3 Oktubre 1981), 3: *Insegnamenti* 4/2 (1981), 333.
- [111] Mensahe para sa Pandaigdigang Araw ng Kapayapaan 1990, 7: AAS 82 (1990), 151.
- [112] JUAN PAOLO II, Pahayag sa ika-35 Pangkalahatang Asembleya ng World Medical Association (29 Oktubre 1983), 6: AAS 76 (1984), 394.
- [113] EPISCOPAL COMMISSION FOR PASTORAL CONCERNS IN ARGENTINA, *Una tierra para todos* (Hunyo 2005), 19.
- [114] Pahayag sa Rio Hinggil sa Kapaligiran at Kaunlaran (14 Hunyo 1992), Prinsipyo 4.
- [115] Apostolikong sermon na *Evangelii Gaudium* (24 Nobyembre 2013), 237: AAS 105 (2013), 1116.
- [116] BENEDICT XVI, Liham Ensiklikong Caritas sa Veritate (29 Hunyo 2009), 51: AAS 101 (2009), 687.
- [117] Idiniin ng ilang may-akda ang mga halagahang kadalasang matatagpuan, halimbawa, sa mga villas, chabolas o favelas ng Latin America: Sg. JUAN CARLOS SCANNONE, S.J., “La irrupción del pobre y la lógica de la gratuidad”, in JUAN CARLOS SCANNONE and MARCELO PERINE (eds.), *Irrupción del pobre y quehacer filosófico. Hacia una nueva racionalidad*, Buenos Aires, 1993, 225-230.

- [118] PONTIFICAL COUNCIL FOR JUSTICE AND PEACE, *Kompendyum hinggil sa Panlipunang Doktrina sa Simbahan*, 482.
- [119] Apostolikong sermon na *Evangelii Gaudium* (24 Nobyembre 2013), 210: AAS 105 (2013), 1107.
- [120] Pahayag sa German Bundestag, Berlin (22 Setyembre 2011): AAS 103 (2011), 668.
- [121] Katekesis (15 Abril 2015): *L'Osservatore Romano*, 16 Abril 2015, p. 8.
- [122] SECOND VATICAN ECUMENICAL COUNCIL, *Pastoral na Konstitusyon sa Simbahan Hinggil sa Modernong Mundo Gaudium et Spes*, 26.
- [123] Sg. Nos. 186-201: AAS 105 (2013), 1098-1105.
- [124] PORTUGUESE BISHOPS' CONFERENCE, *Pastoral na Pahayag Responsabilidade Solidária pelo Bem Comum* (15 Setyembre 2003), 20.
- [125] BENEDICT XVI, *Mensahe para sa 2010 Pandaigdigang Araw ng Kapayapaan*, 8: AAS 102 (2010), 45.
- [126] Pahayag sa Rio Hinggil sa Kapaligiran at Kaunlaran (14 Hunyo 1992), Principle 1.
- [127] BOLIVIAN BISHOPS' CONFERENCE, *Pastoral na Pahayag hinggil sa Kapaligiran at Pag-unlad ng Tao sa Bolivia El universo, don de Dios para la vida* (Marso 2012), 86.
- [128] PONTIFICAL COUNCIL FOR JUSTICE AND PEACE, *Enerhiya, Katarungan at Kapayapaan*, IV, 1, *Lungsod ng Vatican* (2014), 53.
- [129] BENEDICT XVI, *Liham Ensiklikong Caritas sa Veritate* (29 Hunyo 2009), 67: AAS 101 (2009).
- [130] Apostolikong sermon na *Evangelii Gaudium* (24 Nobyembre 2013), 222: AAS 105 (2013), 1111.
- [131] PONTIFICAL COUNCIL FOR JUSTICE AND PEACE, *Kompendyum hinggil sa Panlipunang Doktrina sa Simbahan*, 469.
- [132] Pahayag sa Rio Hinggil sa Kapaligiran at Kaunlaran (14 Hunyo 1992), Principle 15.
- [133] Sg. MEXICAN BISHOPS' CONFERENCE, EPISCOPAL COMMISSION FOR PASTORAL AND SOCIAL CONCERNS, *Jesucristo, vida y esperanza de los indígenas e campesinos* (14 Enero 2008).
- [134] PONTIFICAL COUNCIL FOR JUSTICE AND PEACE, *Kompendyum hinggil sa Panlipunang Doktrina sa Simbahan*, 470.
- [135] *Mensahe para sa 2010 Pandaigdigang Araw ng Kapayapaan*, 9: AAS 102 (2010), 46.
- [136] *Ibid.*
- [137] *Ibid.*, 5: p. 43.
- [138] BENEDICT XVI, *Liham Ensiklikong Caritas sa Veritate* (29 Hunyo 2009), 50: AAS 101 (2009), 686.
- [139] Apostolikong sermon na *Evangelii Gaudium* (24 Nobyembre 2013), 209: AAS 105 (2013), 1107.
- [140] *Ibid.*, 228: AAS 105 (2013), 1113.

[141] Sg. Liham Ensiklikong Lumen Fidei (29 Hunyo 2013), 34: AAS 105 (2013), 577: "Maging ang liwanag ng pananampalataya, na sumama sa katotohanan ng pag-ibig, mula sa labas sa materyal na mundo, pagkat ang pag-ibig ay palaging nananahan sa katawan at espiritu; angliwanag ng pananampalataya ay isang nagkatawang-taong liwanag na tumatagos sa nagniningning na buhay ni Hesus. Tinatanglawan din nito ang materyal na mundo, pinagkakatiwalaan ang likas niyang pagkakaayos, at nababatid na tinatawag tayo nito patungo sa lumalawak na landasin ng pagkakaisa't pang-unawa. Ang pagtitig sa agham na nagbebenepisyo mula sa pananampalataya: hinihikayat ng pananampalataya ang siyentipiko na laging manatiling bukas sa katotohanan sa lahat ng hindi mauubos na kayamanan nito. Pinupukaw ng pananampalataya ang kritikal na pagkaunawa upang mapigilan ang pananaliksik na masiyahan lang sa sarili nitong mga pormula at matulungan itong mapagtanto na mas mataas ang kalikasan. Sa pamamagitan ng pagpapasigla ng paghanga bago ang malalim na misteryo ng paglikha, pinalalawak ng pananampalataya ang kaligiran ng katwiran upang magbato ng mas higit na liwanag sa daigdig na ibinubinyag ang sarili nito sa pang-agham na pagsisiyasat".

[142] Apostolikong sermon na Evangelii Gaudium (24 Nobyembre 2013), 256: AAS 105 (2013), 1123.

[143] Ibid., 231: p. 1114.

[144] ROMANO GUARDINI, Das Ende der Neuzeit, ika-9 na edisyon, Würzburg, 1965, 66-67 (English: Ang Wakas ng Modernong Mundo, Wilmington, 1998, 60).

[145] JUAN PAOLO II, Mensahe para sa Pandaigdigang Araw ng Kapayapaan 1990, 1: AAS 82 (1990), 147.

[146] BENEDICT XVI, Liham Ensiklikong Caritas sa Veritate (29 Hunyo 2009), 66: AAS 101 (2009), 699.

[147] ID., Mensahe para sa 2010 Pandaigdigang Araw ng Kapayapaan, 11: AAS 102 (2010), 48.

[148] Tsarter ng Daigdig, Sa Hague (29 Hunyo 2000).

[149] JUAN PAOLO II, Liham Ensiklikong Centesimus Annus (1 Mayo 1991), 39: AAS 83 (1991), 842.

[150] ID., Mensahe para sa Pandaigdigang Araw ng Kapayapaan 1990, 14: AAS 82 (1990), 155.

[151] Apostolikong sermon na Evangelii Gaudium (24 Nov 2013), 261: AAS 105 (2013), 1124.

[152] BENEDICT XVI, Homiliya para sa Taimtim na Pagpapasinaya sa Ministeryong Petrine (24 Abril 2005): AAS 97 (2005), 710.

[153] AUSTRALIAN CATHOLIC BISHOPS' CONFERENCE, A New Earth – The Environmental Challenge (2002).

[154] ROMANO GUARDINI, Das Ende der Neuzeit, 72 (Ang Wakas ng Modernong Mundo, 65-66).

[155] Apostolikong sermon na Evangelii Gaudium (24 Nobyembre 2013), 71: AAS 105 (2013), 1050.

[156] BENEDICT XVI, Liham Ensiklikong Caritas sa Veritate (29 Hunyo 2009) 2: AAS 101 (2009), 642.

[157] PAUL VI, Mensahe para sa 1977 Pandaigdigang Araw ng Kapayapaan: AAS 68 (1976), 709.

[158] PONTIFICAL COUNCIL FOR JUSTICE AND PEACE, Kompendyum hinggil sa Panlipunang Doktrina sa Simbahan, 582.

[159] Ipinagdiinan ng espirituwal na manunulat na si Ali al-Khawas mula sa sarili niyang karanasan ang pangangailangang huwag gaanong maglagay ng distansya sa pagitan ng mga nilalang ng mundo at ang panloob na karanasan ng Diyos. Tulad ng sinabi niya: "Ang pinsala ay hindi mapupuna ang mga taong naghahangad ng lubos na kaligayahan sa musika o tula. May banayad na misteryo sa bawat isa sa mga paggalaw at mga tunog ng mundong ito. mahuhuli ng nagsimula kung ano ang sinabi pag umihip ang hangin, umugoy ang mga puno, dumaloy ang tubig, naghigangan ang mga langaw, lumangitngit ang mga pinto, umawit ang mga ibon, o sa tunog ng mga bagting o plawta, ang buntong-hininga ng mga maykaramdaman, ang panaghoy ng mga nagdadalamhati..." (EVA DE VITRAY-MEYEROVITCH [ed.], *Anthologie du soufisme*, Paris 1978, 200).

[160] In II Sent., 23, 2, 3.

[161] *Cántico Espiritual*, XIV, 5.

[162] *Ibid.*

[163] *Ibid.*, XIV, 6-7.

[164] Juan Paolo II, *Apostolic Letter Orientale Lumen* (2 Mayo 1995), 11: AAS 87 (1995), 757.

[165] *Ibid.*

[166] ID., *Liham Ensiklikong Ecclesia de Eucharistia* (17 Abril 2003), 8: AAS 95 (2003), 438.

[167] Benedicto XVI, *Homiliya para sa Misa ng Corpus Domini* (15 Hunyo 2006): AAS 98 (2006), 513.

[168] *Katekismo ng Simbahang Katoliko*, 2175.

[169] JUAN PAOLO II, *Katekesis* (2 Agosto 2000), 4: *Insegnamenti* 23/2 (2000), 112.

[170] *Quaest. Disp. de Myst. Trinitatis*, 1, 2 concl.

[171] Sg. Tomas Aquinas, *Summa Theologiae*, I, q. 11, art. 3; q. 21, art. 1, ad 3; q. 47, art. 3.

[172] Si Basil ang Dakila, *Hom. in Hexaemeron*, I, 2, 6: PG 29, 8.

ilang punto sa salin

Holy See - Banal na Sede

Ang Santa Sede o Banal na Sede (Latin: Sancta Sedes, Ingles: Holy See) ay ang awtoridad ng Simbahang Katoliko sa Roma, kung saan ang kaniyang obispo ay ang Santo Papa. Bilang pangunahing sede ng Simbahang Katoliko, kinakatawan ng Santa Sede ang pamahalaang sentral ng Simbahan, kasama ang mga ahensiya at ibang mga organong pampamahalaan na kinakailangan para sa epektibong pamamahala ng Simbahan sa buong mundo. - Wikipedia

Canticle - Awit, sa talata 1

A canticle (from the Latin *canticulum*, a diminutive of *canticum*, "song") is a hymn, psalm or other song of praise taken from biblical texts other than the Psalms. - Wikipedia

cf. - sg. (sangguniin), sa talata 2

The abbreviation cf. derives from the Latin word *confer*, while in English it is commonly read as "compare". The abbreviation advises readers to consult other material, usually for the purpose of drawing a contrast. - Wikipedia

degradation - marawal na kalagayan, sa talata 4

English-Tagalog Dictionary, by Fr. Leo English, p. 237

kahulugan ng marawal, ayon sa UP Diksyunaryong Filipino, p. 762 at 489 - imbi, ganid, parang hayop ang ugali

asceticism - asetisismo, sa talata 9

describes a lifestyle characterized by abstinence from worldly pleasures, often for the purpose of pursuing spiritual goals. - Wikipedia

Wis 13:5 - sa talata 12

mula sa 39 na aklat sa Old Testament at 27 aklat sa New Testament, sinangguni rin ng Santo Papa ang Deuterocanonical books ng Revised Standard Version with Apocrypha (RVSA) na may 18 aklat, at pangapat dito ang Book of Wisdom, sangguniin ang <http://www.biblestudytools.com/rsva/>

phenomenon - penomeno, sa talata 23, 41

UP Diksyunaryong Filipino, p. 966 - png [Ing]: penomeno

English-Tagalog Dictionary, by Fr. Leo English, (1) something extraordinary or remarkable: Di pangkaraniwang bagay, (2) a fact, event, or circumstance that can be observed;Palatandaan

biodiversity - saribúhay, sa talata 24

Sa pahina 175 ng UP Diksyunaryong Pilipino ay ganito ang nakasulat: biodiversity (bá-yo-day-vér-si-tí) png [Ing]: pagkakaiba-iba ng mga haláman at hayop: SARIBÚHAY

species - espésye, sa talata 32

UP Diksyunaryong Filipino, p. 165: species (is-pí-syis) png Bio [Ing]: espésye

fungi - kolatkólat, sa talata 34

UP Diksyunaryong Filipino, p. 619 - kolatkólat png Bot [ST o Sinaunang Tagalog]: funggus

UP Diksyunaryong Filipino, p. 376 - funggus 1: Bio, unicellar, multicellar o multi-nucleate na organismo na nabubuhay sa mga organikong matter Cf fungi: kolatkólat, onggó

fungi - png Bio [Ing]: anyong maramihan ng funggus

algae - álga, sa talata 34

UP Diksyunaryong Filipino, p. 31 - png Bot [Lat]: anumang halaman (phylum Thallophyta) na matatagpuan sa tubigan at sa mga gilid ng bato

reptile - reptilya, sa talata 34

English-Tagalog Dictionary, by Fr. Leo English, p. 859

dam - saplad, sa talata 35

English-Tagalog Dictionary, by Fr. Leo English, p. 223 - dam (1) n. a wall built to hold back the water of a stream or any flowing water: Prinsa (Sp. presa). Saplád

crowd out - pagtulak palabas, sa talata 35

The Free Dictionary - Verb, 1. crowd out - press, force, or thrust out of a small space, www.thefreedictionary.com/

foresight - pag-intindi sa kinabukasan, sa talata 35

English-Tagalog Dictionary, by Fr. Leo English, p. 384

basin - banâ, sa talata 38

UP Diksyunaryong Filipino, p. 130, png Heo: pook na mahaba at pinamamahayan ng tubig: catch basin

kaiba ito sa bána na ang kahulugan ay asawang lalaki, pansinin ang kudlit na pakupya sa banâ (basin) at sa bána (husband) na tumutukoy sa kaibahan nila sa pagbigkas

aquifer - akwiper - sa talata 38

An aquifer is an underground layer of water-bearing permeable rock or unconsolidated materials (gravel, sand, or silt) from which groundwater can be extracted using a water well. Marahil may katumbas na salita ito sa wikang Filipino na alam ng mga mangingisda.

glacier - mása ng yelo, sa talata 38

UP Diksyunaryong Filipino, p. 403 - png Heo [Ing] - mása ng yelong mabagal na umuusad sa ilog at nagmula sa mga niyebeng naipon sa kabundukan

swamp - latian, sa talata 39

UP Diksyunaryong Filipino, p. 682 - png Heo: pook na mababa at malimit bahain, karaniwang maputik at pinamamahayan ng tubig

cyanide - siyanúro, sa talata 41

UP Diksyunaryong Filipino, p. 247

digital - dihital, sa talata 47

UP Diksyunaryong Filipino, p. 287

ominipresent - nasa lahat ng dako, sa talata 47

English-Tagalog Dictionary, by Fr. Leo English, p. 680

collateral - ginarantiyahan, sa talata 49

English-Tagalog Dictionary, by Fr. Leo English, p. 167; ito ang ginamit na salin sa collateral damage o ginarantiyahang pinsala

biosphere - biyospero, sa talata 52

Ang biyospero ay ang kabuuan ng nasasakupan ng mga organismong nabubuhay sa daigdig, kasama ang pinamumuhayan nilang hangin o himpapawid, lupa o lupain, at tubig. Subalit hindi kasama sa biospero ang mga bahagi ng mundo na hindi pinaninirahan ng mga bagay na may buhay. - Wikipedia

hermeneutic - ermenyútikó, sa talata 67

UP Diksyunaryong Filipino, p. 444

kahulugan, batay sa Merriam-Webster dictionary - the study of the methodological principles of interpretation (as of the Bible)

cedar - sedro, sa talata 86

UP Diksyunaryong Filipino, p. 228

kahulugan, batay sa Merriam-Webster dictionary - a very tall evergreen tree

eagle - banoy, sa talata 86

English-Tagalog Dictionary, by Fr. Leo English, p. 301

paunawa: ang salitang agila ay Espanyol, at ang taal na tagalog sa agila ay banoy

campesino - magbubukid, sa talata 94

Ang salitang campesino ay wikang Kastila sa magbubukid.

paradigm - paradigma, sa talata 101

UP Diksyunaryong Filipino, p. 936, paradigma png [Esp]: kinakatawang modelo o padron, karaniwan sa isang teorya o pananaw

Paunawa: Word Origin & History - mula sa Taurus.com, paradigm late 15c., from L.L. paradigma "pattern, example," especially in grammar, from Gk. paradeigma ; "pattern, model, "; kung gayon, angkop din palang gamitin ang salitang "modelo" kaysa "paradigma" upang mas maunawaan ng tao

embryo - similya, sa talata 117
English-Tagalog Dictionary, by Fr. Leo English, p. 312

schizophrenia - eskizofrenya, sa talata 118
UP Diksiyunaryong Filipino, p. 1111, png Sik [Ing]: sakit sa pag-iisip na kikakikitáhan ng pagkasirà ng ugnayan ng iniisip, damdamin, at mga kilos, madalas sinasabayan ng mga delusyon at pagtanginging makisalamuha: eskizofrenya

network - talakupan, sa talata 128
mula sa salitang Batangas na talakop o net, at talakupan sa network

genome - henomo, sa talata 133
mula sa http://www.tagalogtranslate.com/tl_en/4367/henomo
mula naman sa Wikipedia: Sa modernong biolohiyang molekular at henetika, ang genome ang kabuuan ng impormasyong pagmamana ng isang organismo. Ito ay kinokodigo sa DNA o para sa maraming mga uri ng virus, sa RNA. Ang genome ay kinabibilangan ng mga gene at hindi nagkokodigong DNA ng DNA/RNA.

cereal - angkak, sa talata 133
mula sa Wikipedia: Ang angkak o sereales ay mga butil o halaman na karaniwang itinanim, inaalagaan, at inaani para sa kanilang nakakaing mga bungang buto.

landmark - mohón, sa talata 151
UP Diksiyunaryong Filipino, p. 671

intragenerational solidarity - pagkakaisa ng mga nasa iisang henerasyon, mula sa talata 159, 162

intergenerational solidarity - pagkakaisang tumatagos sa maraming henerasyon, mula sa talata 162

interdependent - nagtutulungan, sa talata 164
English-Tagalog Dictionary, by Fr. Leo English, p. 521

trend - lakad, kalakaran, takbo, sa talata 167
English-Tagalog Dictionary, by Fr. Leo English, p. 1103

dagsin - gravity, sa talata 201
<http://fil.wikipilipinas.org/index.php/Dagsin>

GREGORIO V. BITUIN JR.
Tagasalin ng Laudato Si sa wikang Filipino
Hunyo 24, 2015 – Setyembre 16, 2015